

GLOSARYO NG MGA TERMINO SA PANITIKAN

(EBOOK EDITION)

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Enero 2012

Maynila, Republika ng Pilipinas

**Panimula sa *Ebook Edition* ng
“Glosaryo ng Mga Termino sa Panitikan”**

Strictly speaking, hindi ito *ebook* dahil kakaunti lamang ang mga *hyperlink* na laman nito (na pawang nasa bibliyograpiya). *Ebook* na rin dahil *available* sa paraang elektroniko.

Originally, ito’y isang tanging proyekto o *special project* na isa sa mga kahingian o *requirement* sa pagkakamit ng *degree* na Master sa Sining ng Pagtuturo o Master of Arts in Teaching (MAT) sa Pamantasang Normal ng Pilipinas o Philippine Normal University (PNU), ang nangungunang paaralang tagahubog ng mga magiging guro at mga guro (*teacher education institution* o *TEI*) na pormal na kinilalang National Center of Teacher Education (NCTE) ng Republika ng Pilipinas noong 2010. Ang isang tanging proyekto o *special project* ay tesis o *thesis* din ang pormat (sa Pilipinas, ang mga tanging proyekto, tesis at disertasyon ay karaniwang may limang bahagi). Matatagpuan sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas o National Library sa T.M. Kalaw, Maynila at sa PNU Library ang mga *printed copy* ng tanging proyektong ito.

Matagal ko nang binalak ang pag-*upload* ng tanging proyekto ko ngunit dahil sa maraming pinagkaabalahan sa mga nakaraang taon ay ngayong 2012 ko pa lamang ito na *upload* sa isang *file-sharing site*. Kapansin-pansin na bihira sa mga mananaliksik sa Pilipinas ang nag-*upload* ng kanilang pananaliksik sa mga *file-sharing site* dahil sa alinman sa mga sumusunod na dahilan: natatakot silang makopya o mapirata (*maplagiarize*) ang kanilang pananaliksik; hindi sila naniniwala na ang mga *file-sharing*

site ay maaari ring maging daluyan ng pananaliksik; at higit silang interesado sa pagpapalimbag ng kanilang mga pananaliksik bilang aklat o kaya'y mga artikulo sa mga dyornal kaysa sa pagpapalaganap ng mga nilalaman nito sa madla.

Noong una'y may mga ganoon din akong *misgivings* sa plano kong pag-*upload* ngunit naisip ko na walang saysay ang pananaliksik na hindi mapakikinabangan ng madla. Sa mga mauunlad na bansa gaya ng Sweden at Netherlands, *required* ang sinumang mag-aaral na nagsulat ng tesis o disertasyon na ipatala o irekord ang abstrak man lamang ng kanilang pananaliksik sa *database* ng kanilang unibersidad at sa pambansang *database* na minamantini ng pamahalaan. Katunayan, maraming mananaliksik ang nagbabahagi ng kanilang buong pananaliksik (sa *.pdf format*) sa mga nasabing *database*. Hindi kataka-taka na kinikilala ang mga bansang iyon sa larangan ng pananaliksik at edukasyon. Hindi man perpekto, tiyak akong makatutulong ang aking pananaliksik sa mga mag-aaral, guro at mananaliksik sa/ng wikang Filipino kaya nagpasya ako na gawin itong *available* nang libre sa paraang *online*. Kapag nagkapanahon ako at nakakita ng *publisher* na hindi maarte (hindi pakialamero sa nilalaman ng pananaliksik at estilo ng manunulat), plano ko rin naman itong gawing libro.

Maaaring ipamahagi at sipiin (*icite* o *iquote*) ninuman ang nilalaman ng *ebook edition* na ito basta't may karampatang pagbanggit o *citation* (*in-text* at sa bibliyograpiya/talaan ng mga sanggunian).

- David Michael M. San Juan dmmsanjuan [at] gmail [dot] com

GLOSARYO NG MGA TERMINO SA PANITIKAN

Isang Tanging Proyekto
na Iniharap sa Kaguruan ng
Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika at Literatura
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Taft Avenue, Maynila

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa mga
Gawaing Kailangan sa Pagtatamo ng Degri na
Master sa Sining ng Pagtuturo sa Filipino

ni:

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Marso 2010

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian ng degrading Master sa Sining ng Pagtuturo ng Filipino (Master of Arts in Teaching/MAT Filipino), ang tanging proyekto/seminar paper na may pamagat na **"GLOSARYO NG MGA TERMINO SA PANITIKAN"** ay inihanda at ipinasa ni **DAVID MICHAEL M. SAN JUAN**.

Petsa

LYDIA B. LIWANAG, Ph. D
Tagapayo

Pinagtibay at tinanggap bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian ng degrading Master sa Sining ng Pagtuturo ng Filipino

Petsa

PATROCINIO V. VILLAFUERTE
Puno, Kagawaran ng Filipino

Petsa

MILA J. ARIAS, Ph. D
Dekana, Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika
at Literatura

PAGHAHANDOG

*Sa lupa naming tinubuang malaon na sa lusak ng kahirapan
at dilim ng kamangmangan.*

Sa taumbayang salat sa yaman, biktima ng kahirapa't kawalang-katarungan.

*Sa mga gurong nagpapayabong sa kaalaman ng mga kabataan,
sa gitna ng dilim ay tumatanglaw sa landas ng bayan.*

*Sa mahal sa buhay, pamilya, kaibiga't mga mag-aaral,
sa hapis ng mundo'y aking katuwaan.*

*Sa mga nagsisikhay at patuloy sa paggawa
upang gawing dakila ang sinisintang bansa.*

Sa lahat ng mga makabayang naghihintay sa pagsilay ng bukung-liwayway.

*Sa Dakilang Bathalang
walang hanggan ang awa.*

Tanggapin yaring alay kong hamak, mula sa aking diwa, puso at utak.

PASASALAMAT

Hindi ko maisasagawa ang pag-aaral na ito kung di dahil sa mga taus-pusong tumulong sa akin. Ipinaaabot ko ang taus-pusong pasasalamat sa mga sumusunod:

Sa mga mag-aaral ng Colegio San Agustin, Makati (Batch 2010) partikular ang mga nasa Section 4H at 4D na nagsilbing mga reaktor sa pananaliksik. Inspirasyon ko sila at ang iba ko pang mga naging mag-aaral, sa patuloy na pananaliksik at pagtuturo.

Sa pamunuan at kaguruan ng Colegio San Agustin-Makati, lalo na ang mga kasama ko sa Kagawaran ng Filipino na sina G. Marvin Abejuela, Gng. Josephine Camartin, Bb. Rubie Dasmariñas, G. Jonathan Geronimo, Bb. Shiela Gito, Gng. Nenita Musni, G. Miguel Navela, Gng. Myrna Rabina at Gng. Eden Suplente.

Sa mga naging propesor ko noong kolehiyo sa Bulacan State University lalo na kina Dr. Teody San Andres at Dr. Renato Godoy na kapwa naging reaktor sa kasalukuyang pananaliksik. Ang kanilang mga payo ay nakatulong nang malaki sa pagpapabuti ng kasalukuyang pag-aaral.

Sa aking mga kamag-aral at kaibigan sa antas-gradwado, lalo na kay Maritess Lara na naging regular kong kasangguni sa iba't ibang bagay na may kinalaman sa pananaliksik.

Sa mga naging propesor ko sa Paaralang Gradwado sa PNU: Dr. Carmelita Arceo, Dr. Paquito Badayos, Prop. Lolita Bandril, Dr. Nilo Colinares, Prop. Isaac Donoso, Prop. Phoebe Peña at lalung-lalo na kay Prop. Pat Villafuerte na hindi nagsasawang magbigay

ng inspirasyon, tiwala at pampalakas-loob sa mga kagaya kong mag-aaral sa antas gradwado.

Sa mga gurong di ko man aktwal na naging guro sa paaralan ay nagbigay rin ng inspirasyon sa akin na tapusin ang pananaliksik na ito, lalo na kina Dr. Aurora Batnag at Dr. Zeus Salazar.

Sa aking masipag at matiyagang tagapayo na si Dr. Lydia Liwanag na lubos ang pagsuporta at pagtulong sa akin at sa iba pang mga kamag-aral kong mananaliksik, sa kabila ng aming mga kahinaan.

Ang pananaliksik na ito ay hindi maisasakatuparan kung di dahil sa matiyaga nilang paggabay at pagtuturo sa akin sa mga nakalipas na taon.

Sa lahat ng aking mga kaibigan na sa aki'y nagpapasaya at nagbibigay- inspirasyon kapag hindi ko na malaman kung ano ang uunahin sa dami ng gagawin.

Sa aking pamilya na aking sandigan sa lahat ng panahon.

Sa lahat ng tumulong/nakatulong sa pananaliksik na ito.

Sa Maaawaing Bathala na nagbigay ng karunungan, sipag, inspirasyon at determinasyon sa mananaliksik upang matapos ang pananaliksik na ito.

MARAMING SALAMAT PO!

- DMSJ

ABSTRAK

Pangalan: David Michael M. San Juan

Pamagat: Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan

Degri: Master sa Sining ng Pagtuturo (Master of Arts in Teaching/MAT)

Espesyalisasyon: Filipino

Tagapayo: Dr. Lydia Liwanag

I. Layunin

A. Pangkalahatang Layunin

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang makabuo ng isang glosaryo ng mga piling termino sa panitikan.

B. Mga Tiyak na Layunin

1. Makapangalap at makapagtala ng mga termino sa pagtuturo ng panitikan sa antas sekundarya at tersyarya
2. Makapagsalin o makabuo ng mga panumbas sa salitang lahok
3. Makapagsalin o makahalaw ng depinisyon ng mga termino sa panitikan
4. Masuri/malapatan ng balidasyon ang binuong glosaryo sa panitikan

II. Pamamaraan

Gumamit ng paraang palarawan o deskriptibong pamamaraan ang pananaliksik na ito. Ang pamamaraang ito’y mabisa sa paglalarawan ng kasalukuyang sitwasyon ng mga bagay (Walliman 2002). Karaniwan itong ginagamit sa pananaliksik ukol sa panitikan, linggwistika at agham panlipunan.

Isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang upang maisakatuparan ang kasalukuyang pag-aaral:

1. Pagkalap at pagbasa ng mga aklat sa panitikan

Ang mananaliksik ay naglikom at nagbasa ng mga aklat sa panitikan sa wikang Filipino at Ingles upang malaman ang mga karaniwang terminong ginagamit sa asignaturang ito. Binasa rin ng mga mananaliksik ang maraming *e-book* at artikulo sa iba’t ibang *website* ukol sa panitikan upang lalong mapalawak ang *corpus* na maaaring pagkunan ng mga terminolohiya para sa glosaryo. Sinangguni rin ang “Gabay sa Operasyunalisasyon ng Filipino” na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagsasakatuparan ng hakbang na ito.

2. Pagpili at pagtatala ng mga termino sa panitikan

Ginawa ito sa pamamagitan ng pagtatala ng mga terminolohiyang kinalap mula sa iba’t ibang sangguniang binanggit sa unang hakbang. Partikular na nakatulong sa hakbang na ito ang mga maiikling glosaryo at talaan ng nilalaman ng masasaklaw na sanggunian sa panitikan na nakasulat sa wikang Ingles. Sa kabuuan, pumili ng halos 200 termino ang mananaliksik mula sa iba’t ibang sanggunian.

3. Pagbibigay ng katumbas na salin o adapsyon ng orihinal na termino

Gaya ng nabanggit na sa limitasyon ng pag-aaral, hindi aktibong nagtangka ang mananaliksik na ihanap ng katumbas sa Filipino ang bawat salitang lahok. Kung walang gamitin (*common*) na panumbas/katumbas ang mga terminolohiyang Ingles (tulad ng *foreshadowing*) at Latin (gaya ng *deus ex machina*), pinanatili na lamang sa orihinal ang mga salitang lahok.

4. Pagbibigay ng kahulugan sa bawat salitang lahok

Sa halip na isalin sa paraang literal ang mga kahulugan sa Ingles, hinalaw ng mananaliksik ang mga depinisyong Ingles. Simple at eksakto ang pagpapakahulugang ibinigay sa bawat salitang lahok. Sa maraming pagkakataon, naglagay ng mga halimbawang makapaglilinaw o *illustrative example* ang mananaliksik upang higit na maunawaan ng mambabasa ang isang terminolohiya.

5. Pagsasagawa ng balidasyon

Pinagsagot ng talatanungan ang 64 na estudyante ng Colegio San Agustin-Makati, 7 guro sa Filipino ng nasabing paaralan at 2 eksperto sa panitikan na nagtuturo sa kolehiyo at kapwa tapos ng doktorado sa linggwistika at literatura upang malaman kung katanggap-tanggap sa kanila ang glosaryong inihanda. Naglaan din ng espasyo sa talatanungan para sa mga puna at/o mungkahi ng mga respondent ukol sa binuong glosaryo.

6. Pagrebisa sa glosaryo

Nirebisa ang glosaryo batay sa puna at mga mungkahi ng mga respondent at sa pamamagitan din ng paulit-ulit na pagbasa ng mananaliksik sa binuong glosaryo.

III. Kongklusyon

Sa pamamagitan ng matiyagang pananaliksik at batay sa mga nakalap na datos, nabuo ng mag-aaral ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Mayaman sa mga eksaktong salitang panumbas ang wikang Filipino sa larangan ng panitikan. Ang mga umiiral na salitang Filipino ay magagamit na panumbas sa mga terminong Ingles nang di nagbabago ang kahulugan at nang walang nawawala sa linaw at kabuuan ng salitang tinutumbasan.

2. Malaki ang pangangailangan sa isang glosaryong magtatala ng mga salitang panumbas at mga depinisyon ng mga terminong pampanitikan sa wikang Filipino sapagkat wala pang glosaryo ang nagbigay-tuon sa panitikan, maliban sa isang glosaryong Ingles sa Unibersidad ng Pilipinas na inihanda mahigit 15 taon na ang nakararaan.

3. Ang pagbuo ng glosaryong ito ay isang panimulang hakbang na makatutulong sa pangkalahatang pagsisikhay ng mga mananaliksik tungo sa intelektwalisasyon, elaborasyon at nasyonalisasyon ng wikang pambansa.

4. Kailangang tuluy-tuloy na gamitin ang mga terminong naitala sa glosaryo upang maging bahagi na ito ng leksikon ng Filipino.

5. May mga terminolohiya sa panitikan na sadyang mahirap o halos imposibleng tumbasan sa wikang pambansa at may mga terminolohiya rin sa panitikan na mahirap namang tumbasan sa Ingles.

6. Malaki ang potensyal ng internet bilang daluyan at batis ng pananaliksik, sapagkat may mga sumisibol na terminolohiyang pampanitikan gaya ng "Mary Sue,"

“alternate universe fiction” at “fanfiction” ang hindi pa nalalathala sa mga pangunahing sangguniang pampanitikan na nakasulat sa Filipino, ngunit matatagpuan sa iba’t ibang Ingles na webpurok o *website* sa internet.

7. Nananatiling tradisyunal ang mga pampanitikang *genre* na inilalathala sa mga pangunahing sangguniang pampanitikan na nakasulat sa Filipino, kaya’t wala halos sangguniang Filipino ang makakalap tungkol sa mga sumisibol na *genre* ng panitikan.

8. Sumisibol pa lamang ang leksikograpiyang Filipino at karamihan sa mga pananaliksik sa larangang ito ay nakatuon pa sa mga asignaturang humanidades, agham panlipunan at komunikasyon, bagamat gaya ng nabanggit na ay halos wala pang pagtatangka ang mga naunang mananaliksik na bumuo ng glosaryong nakatuon lamang sa panitikan.

9. Sa panghihiram ng mga terminong pampanitikan, mas madaling manghiram sa Espanyol dahil sa pagiging *phonetic* din ng wikang ito, kagaya ng Filipino.

10. May mga terminong pampanitikan sa Ingles na mahirap isalin sa Filipino at may mga terminong pampanitikan din sa Filipino na mahirap isalin sa Ingles.

IV. Rekomendasyon

Gaya ng anupamang pananaliksik, may mga limitasyon ang kasalukuyang pag-aaral na mapupunan ng iba pang pananaliksik at iba pang mga aksyon sa hinaharap. Kaugnay nito, narito ang mga rekomendasyon ng mananaliksik:

1. Mangalap pa ng mas maraming terminong pampanitikan sa Filipino upang makabuo ng higit na komprehensibong sanggunian.

2. Itagubilin sa mga mananaliksik, dalubwika, guro at mga estudyante na pangunahan ang paggamit at popularisasyon ng mga terminong pampanitikan sa mga diskurso upang maisakatuparan ang lubos na pag-asimila ng Filipino sa mga salitang ito.

3. Bigyang-diin sa bagong ortograpiya at gabay sa panghihiram ng salita na huling opsyon lamang ang panghihiram sa mga wikang banyaga.

4. Magtakda ng mga tiyak na tuntunin/gabay sa pag-asimila ng mga salitang banyaga, partikular sa pagbabaybay ng mga termino na gaya ng "Feminismo/Peminismo" at "Realismo/Reyalismo."

5. Ibasura ang batas na nag-uutos na Ingles ang gamiting wikang panturo sa lahat ng antas at gamitin ang pondong dapat sana'y gugugulin sa implementasyon nito, sa pagtustos sa mga pananaliksik tungo sa intelektwalisasyon, elaborasyon at nasyonalisasyon ng Filipino, partikular sa larangan ng leksikograpiya.

6. Magsagawa ng mga seminar-worksyp ukol sa leksikolohiya at leksikograpiya upang yumabong ang pananaliksik sa mga larangang nabanggit.

7. Ipalimbag ang mga glosaryo at diksyunaryong nabuo sa mga pamanahong papel, tesis at disertasyon ng marami-rami na ring mananaliksik, para aktwal na magamit ng mga mag-aaral.

8. Maglimbag ng masaklaw na diksyunaryong nakatuon lamang sa mga terminolohiyang pampanitikan.

9. Ilahok sa kurikulum ng panitikang Filipino ang pag-aaral sa mga sumisibol na *genre* ng panitikan gaya ng “alternate universe fiction” upang makasunod sa takbo ng literaturang pandaigdig ang mga Pilipino.

10. Magtatag ng samahang panleksikograpiya sa Filipino upang mapayabong pa ang larangang ito.

11. Magtakda ng bukod na eskaparate o espasyo sa mga aklatan para sa mga pananaliksik sa leksikograpiyang Filipino sa iba’t ibang larangan.

12. Magsagawa ng panibagong imbentaryo ng mga pananaliksik sa leksikograpiyang Filipino upang mapunan ang kakulangan sa mga larangang wala pang nabubuong glosaryo sa Filipino.

13. Mangalap ng mga termino mula sa mga wikang katutubo ng Pilipinas na maaaring itumbas sa mga terminong Ingles sa panitikan.

14. Bumuo ng isang bersyon ng Noli Me Tangere, El Filibusterismo, Florante at Laura, Mga Ibong Mandaragit, Dekada 70 at iba pang akdang klasiko sa Filipino, na may anotasyon hinggil sa mga terminong pampanitikan na may halimbawang makikita sa mga nasabing akda.

15. Maglaan ng pondo mula sa Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Wikang Filipino para sa mga pananaliksik sa leksikograpiya sa iba't ibang larangan.

ABSTRACT

Name: David Michael M. San Juan

Title: Glossary of Literary Terms

Degree: Master of Arts in Teaching/MAT

Specialization: Filipino

Adviser: Dr. Lydia Liwanag

I. Objective

A. Main Objective

The main objective of this research is to produce a glossary of selected literary terms.

B. Specific Objectives

1. To collect and form a list of terms used in teaching literature in the secondary and tertiary levels
2. To translate or create equivalent terms in Filipino for English entry words
3. To translate or adapt definitions of literary terms from English to Filipino
4. To evaluate or validate the glossary of literary terms

II. Methodology

This research utilized the descriptive method. Such method is effective in describing the current situation of things (Walliman 2002). This method is commonly used in researches on literature, linguistics and social sciences.

The researcher took the following steps to finish the current study:

1. Collecting and reading literature books

The researcher collected and read English and Filipino literature books to determine the terms commonly used in this field. The researcher also read a lot of e-books and articles from various websites on literature so as to further expand the corpus from which the terminologies for the glossary would be drawn. Moreover, the researcher consulted the "Guide to the Operationalization of Filipino," a document released by the Department of Education.

2. Choosing and listing literary terms

This step was implemented by listing the literary terms collected from the abovementioned references. The short glossaries and table of contents of comprehensive literature books written in English contributed much to the success of this step. The researcher chose close to 200 terms from various references.

3. Giving equivalent terms or adoption of the original terms

As mentioned in the limitations of the study, the researcher didn't actively search for Filipino equivalents for each entry word. Whenever there's no common equivalent for some English words (like *foreshadowing*) and Latin terms (such as *deus ex machina*), the researcher merely adopted the original entry words.

4. Giving definitions for each entry word

Instead of translating the English definitions literally, the researcher employed the process of adaptation. Simple and exact definitions were given for each entry word. In many instances, the researcher incorporated illustrative examples after the definitions, so that the readers of the glossary would be able to expand his/her understanding of each terminology.

5. Validating the research

The researcher requested 64 students of Colegio San Agustin-Makati, 7 Filipino teachers from the same school and 2 experts who teach college and are both holders of doctoral degree in literature and linguistics, to answer a questionnaire which will determine whether or not the glossary is acceptable to them. Space has been provided in the questionnaire for the observations and/or suggestions of respondents with regard to the glossary.

6. Revising the glossary

The glossary was revised based on the observations and suggestions of the respondents and through a careful rereading of the whole glossary.

III. Conclusion

Through painstaking research and based on the data gathered, the researcher formulated the following conclusions:

1. The Filipino language is rich in exact equivalents for literary terms. Current words in Filipino can be utilized as equivalents for English terms without changing the meaning of the English terms and without sacrificing clarity.

2. There's a strong need for a Filipino glossary of literary terms to be produced because there's no Filipino glossary that tried to focus on literature, except for an English glossary in the University of the Philippines which was crafted more than 15 years ago.

3. Creating this glossary is a preliminary step that will contribute to the general endeavor of researchers towards the intellectualization, elaboration and nationalization of the Philippine national language.

4. The terms listed in this glossary should be used continuously so that they would soon become part of the Filipino lexicon.

5. Some literary terms are inherently difficult or almost impossible to translate in Filipino, and there are also literary terms which are difficult to translate in English.

6. The internet has strong potentials of being a spring and channel of research, because there are new literary terms such as "Mary Sue," "alternate universe fiction" and "fanfiction" which are yet to appear in Filipino references but are present in various English websites in the internet.

7. The literary genres published in main Filipino references remain traditional. As such, there's almost no Filipino references regarding the new genres of literature.

8. Filipino lexicography is a relatively young field of study and majority of researches in this field encompass subjects in the humanities, social sciences and communication, but there's little effort on the part of earlier researchers to create a glossary of literary terms.

9. In borrowing literary terms, it is easier to borrow from the Spanish language because it is phonetic like the Filipino language.

IV. Recommendation

Like any research, this study has some limitations which can be remedied by future researches and potential actions. In this connection, here are the researcher's recommendations:

1. Collect more literary terms in Filipino so as to produce a more comprehensive reference book or glossary.

2. Request the researchers, linguists, teachers and students to take the lead in using and popularizing the literary terms in discourse so as to cause the full assimilation of these words in the Filipino lexicon.

3. Emphasize in the new orthography and the official guide on borrowing words from foreign languages, that borrowing words should be avoided as much as possible.

4. Formulate specific rules/guidelines on assimilating foreign words, specifically with regard to spelling terms such as "Feminism/Feminismo" and "Realism/Realismo."

5. Scrap the law that imposes English as the medium of instruction at all levels and rechannel the funds for the implementation of such law to the funds for researches towards the intellectualization, elaboration and nationalization of the Filipino language, specifically in the field of lexicography.

6. Conduct seminar-workshops on lexicology and lexicography so that researches in these fields will continue to flourish.

7. Publish the glossaries and dictionaries produced in term papers, theses and dissertations of many researchers, so that students may be able to actually use them.

8. Publish a comprehensive dictionary of literary terms.

9. Include the study of new literary genres such as "alternate universe fiction" in the curriculum of Philippine literature so that Filipinos would be able to catch up with contemporary world literature.

10. Establish professional organizations of lexicographers and other advocates of lexicography so as to further promote this field of study.

11. Assign a separate shelf or space in the library for Philippine lexicographical researches in various fields.

12. Prepare a new inventory of Philippine lexicographical researches so as to determine the fields where there are insufficient glossaries and eventually compel researchers to remedy such inadequacies.

13. Collect terms from other indigenous languages in the Philippines which can be used as equivalents of English literary terms.

14. Write annotated versions of *Noli Me Tangere*, *El Filibusterismo*, *Florante at Laura*, *Mga Ibong Mandaragit*, *Dekada 70* and other Filipino classics, which identify and explain literary terms whose examples can be found in the texts of these masterpieces.

15. Provide funds from the Department of Education, the Commission on Higher Education and the National Language Commission for lexicographical researches in various fields.

TALAN NG NILALAMAN

	Pahina
Title Page ng Ebook Edition (2012)	1
Panimula sa Ebook Edition	2
Title Page ng Orihinal na Edisyon (2010)	4
Dahon ng Pagpapatibay	5
Paghahandog	6
Pasasalamat	7
Abstrak	9
Abstract	17
Talaan ng Nilalaman	24
Kabanata I. Ang Suliranin at Ang Kaligiran Nito	1
1.1 Panimula	1
1.2 Batayang Konseptwal	5
1.3 Konseptwal na Balangkas	13
1.4 Paglalahad ng Layunin	14
1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral	14
1.6 Saklaw at Delimitasyon	16
1.7 Katuturan ng Katawagang Ginamit	18
Kabanata II. Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral	22
2.1 Mga Kaugnay na Literatura	22
2.2 Mga Kaugnay na Pag-aaral	47

Kabanata III. Pamamaraang Ginamit at Pinagkunan ng mga Datos	54
3.1 Disenyo ng Pananaliksik	54
3.2 Seting ng Pag-aaral	54
3.3 Mga Kalahok sa Pag-aaral	55
3.4 Mga Instrumentong Ginamit	56
3.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral	56
Kabanata IV Paglalahad at Pag-aanalisa ng Datos	59
4.1 Pagbuo ng Glosaryo	59
4.2 Resulta ng Pagtataya ng Glosaryo	64
4.3 Pagrebisa sa Glosaryo	67
4.4 Pinal na Glosaryo	68
4.5 Kinalabasan ng Pag-aaral	72
Kabanata V Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon	75
5.1 Lagom	75
5.2 Kongklusyon	77
5.3 Rekomendasyon	79
Talasanggunian	82
Mga Apendiks	97
Apendiks A. Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan	97
Apendiks B. Talaan ng mga Reaktor	186
Apendiks C. Talatanungan para sa mga Reaktor	187

Kabanata I

Ang Suliranin at Ang Kaligiran Nito

1.1 Panimula

Isa sa pinakamakapangyarihang bagay sa daigdig ang wika. Higit pa itong makapangyarihan sa putok ng bala, dagundong ng bomba o puwersa ng anupamang mapaminsalang sandata. Ang mga transaksyon at pakikipag-ugnayan ng mga tao sa kapwa tao ay kinasasangkutan ng wika.

Lahat halos ng bagay sa mundo ay di magagawa kundi sa pamamagitan ng wika. Panukalang-batas, deklarasyon ng giyera, pamimili sa palengke, utos ng guro, hatol ng korte, panalangin sa Panginoon, poot ng inapi, tuya ng kaaway, papuri ng tagahanga, tamis ng paglaya...Ilan lamang ang mga ito sa isanlibo't isang bagay na ipinapahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng wika at salita.

“At sinabi ng Diyos, Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag.” Pinaniniwalaan ng mga taong relihiyoso na nilikha ng Diyos ang daigdig sa pamamagitan ng salita, gaya ng ipinapahayag sa aklat ng Henesis sa Bibliya. Mga salitang matapang sa mga nobela ni Jose Rizal, tula ni Andres Bonifacio, satira ni Marcelo H. del Pilar at talumpati ni Graciano Lopez-Jaena ang nagpaalab sa damdaming makabayan ng mga Pilipino laban sa kolonyalistang Kastila. Wika rin ang ginagamit ng mga pulitiko sa pangangalap ng boto.

Bagamat makapangyarihan ang wika, nakasalalay rin sa tao ang kapalaran nito, sapagkat ang wika ay parang tubig. Ang hugis ng tubig ay kung ano ang hugis ng sisidlan. “Ang sisidlan ng wika ay bayan – taumbayan,” ayon kay Jose Villa Panganiban

(panimula sa aklat ni Alagad-Abad at Castañeto-Ruedas 2001). Kung gayon, isang katotohanan na ang tao ang nagdudulot ng pagbabago sa wika at salita. Sinabi naman ng mga Romanong ang wika ay Latin: *Tempora mutantur, nos mutamur in illis*. Kung isasalin, "Ang mga panahon ay nagbabago at tayo'y nagbabagong kasama nila." Sapagkat nagbabago ang tao, nagbabago ang wika. Bawat pagbabago sa wika ay maituturing na positibo, lalo pa kung ang wikang tinutukoy ay wikang bata pa, gaya ng wikang Filipino na wala pang isandaang taon mula nang opisyal na ihayag at gamitin. Istandardisasyon at intelektwalisasyon ang dalawang pagbabagong dapat kamtin ng anumang wika upang makaagapay ito sa takbo ng panahon.

Sa pamamagitan ng paglinang ng istandardisadong leksikon, nagiging buhay ang wika at napalalago ito sa paggamit sa iba't ibang disiplinang pang-edukasyon na nagiging daan sa pagtamo ng karunungan (Falcutilla at Pacaanas 2006). Kung paiikliin, ito ang tinutukoy ni Gonzalez (2001) na "kultibasyon" ng wika sa pamamagitan ng pagpapalawak ng *corpus* nito. Samakatwid, malaki ang papel ng mga glosaryo, diksyunaryo at leksikon para maisakatuparan ang istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang Filipino, mga gawaing lubhang kailangan upang mas maitaas ang antas ng isang wikang pambansa o anupamang wika. Pinatitibay ito ng pagsasabi ni Ocampo (2002) na pangunahing sukatan ng paglilinang o intelektwalisasyon ang nakalathalang materyal.

Marami nang naisulat na glosaryo o diksyunaryong Filipino sa iba't ibang larangan gaya ng agrikultura, ngunit wala pang Pilipinong mananaliksik na nagtangkang bumuo ng glosaryo sa panitikan sa kanyang tanging proyekto, tesis o disertasyon. Ayon

kay Casanova (2002), isang hakbang tungong intelektwalisasyon at modernisasyon ang paggamit ng wika sa akademiko at pampanitikang gawain. Malilinig at lalaganap ang paggamit ng Filipino sa pampanitikang gawain kung mas maraming mamamayan ang makauunawa sa mga konseptong pampanitikan sa wikang ito. Makatutulong sa ganitong pagsisikhay ang pagbuo ng mga glosaryo at/o diksyunaryo ukol sa panitikan. Kung hindi makabubuo ng glosaryo at/o diksyunaryo sa larangan ng panitikan, hindi magiging kumpleto ang intelektwalisasyon ng Filipino at hindi rin maaasahan ang paglago ng kaalaman ng mga Pilipino ukol dito.

Higit na makikita ang pangangailangan sa isang glosaryong Filipino sa panitikan kung pagtutuunang-pansin ang kurikulum sa antas sekundarya at tersyarya partikular ang mga bahaging ukol sa wikang Filipino. Sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 59, Serye ng 2008 ng Kagawaran ng Edukasyon, inisa-isa ang mga "isinaayos na mga panlahat at tiyak na kasanayang pampagkatuto" (*learning competencies*) sa 2002 Basic Education Curriculum (BEC) sa Filipino-Antas Sekundarya. Malaking porsyento sa mga nabanggit na kasanayang pampagkatuto sa Filipino ay pawang mga kasanayang pampanitikan, lalo na sa ikatlo at ikaapat na taon. Bukod sa mga pangkaraniwang kasanayang pampanitikan, sa bawat taon ay may mga karampatang teoryang pampanitikan gaya ng romantisismo, humanismo, eksistensyalismo atbp. na kinakailangang gamitin sa pagtalakay ng mga akdang pampanitikan ayon sa nasabing memorandum. Nauna pa rito'y binibigyang-diin ng "Patnubay sa Operasyunalisasyon ng Filipino sa Batayang Edukasyon sa Level Sekondari" na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon noong 2002 ang mahalagang papel ng panitikan sa pagtuturo ng Filipino.

Samantala, sa *annex* ng Memorandum Blg. 4, Serye ng 1997 (susog sa Memorandum Blg. 59, Serye ng 1996) ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education/CHED), tahasang tinukoy ang pagkakaroon ng 3 akademikong yunit sa lahat ng kurso para sa asignaturang Literatura/Panitikan 1 na may layuning malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng Panitikang Filipino sa iba't ibang rehiyon upang "mapag-iba" nila ang mga anyong pampanitikan at makasulat ng isang term paper na "sumusuri sa isang tekstong pampanitikan..." bago matapos ang semestre.

Samakatuwid, dahil malaking bahagi ng pagtuturo ng Filipino sa Pilipinas ay inilalaan sa panitikan, nararapat lamang pagsumikapang makabuo ng iba't ibang kagamitang panturo na makapagpapadali at makapagpapabilis sa pagtuturo at/o pagkatuto nito. Kung tutuusin, ang pangangailangang ito'y maaaring tugunan ng mga teksbuk sa panitikan ngunit kamakailan ay muling nabuhay ang isyu ukol sa mga teksbuk na puno ng mga kamalian at mababa ang kalidad (*substandard*) dahil sa malaganap na *media projection* sa kritisismo ng akademistang si Antonio Calipjo Go sa mga umiiral na teksbuk. Ang mga kagamitang panturo na batbat ng kamalian ay nagdudulot ng mga sagabal sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga depektibong teksbuk ay nagbubunga ng depektibong pagkatuto. Hindi simpleng *coincidence* ang pag-iral ng mga depektibong teksbuk sa Pilipinas at ang kalunus-lunos na kalagayan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Pilipinas kumpara sa mga mag-aaral sa ibang bansa (Alliance of Concerned Teachers 2008).

Sa pagsipat sa mga umiiral na teksbuk sa panitikan, marami-raming miskonsepsyon (na nagbubunsod ng misedukasyon) lalo na yaong ukol sa mga teoryang pampanitikan ang matutuklasan ng sinumang tagamasid. Kung gayon, tunay ngang malaki ang pangangailangan sa pagbuo ng glosaryo sa panitikan sa kasalukuyan. Ang pananaliksik na ito’y isang munting ambag sa pagsasabalikat ng gawaing pagpapahusay sa pagtuturo ng panitikang Filipino at sa intelektwalisasyon ng pambansang wika sa malawak na larangan ng panitikan. Makatutulong din ito nang malaki upang higit na maging malinaw ang pag-unawa ng mga guro sa mga konseptong pampanitikan na bahagi ng pagtuturo ng wikang Filipino sa lahat ng antas.

1.2 Konseptwal na Batayan

Ginagabayan ng masaklaw na pagtalakay sa leksikograpiya nina Hartmann (2001) at Jackson (2002) ang kasalukuyang pananaliksik. Sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na proseso ng pagbuo sa mga kompilasyong leksikograpikal gaya ng diksyunaryo at glosaryo na inilarawan nila, tinangkang buuin ng kasalukuyang mananaliksik ang isang glosaryo sa panitikan. Parehong naniniwala sina Hartmann at Jackson na masalimuot ang paglikha ng anumang kompilasyong leksikograpikal. Mula sa pangangalap ng mga salitang lahok hanggang sa pagrebisa at kritisismo ng awtput ay malinaw na ipinaliwanag nina Hartmann at Jackson ang mga kaisipan sa daigdig ng leksikograpiya – ang aplikasyon ng teyoretikal na larangan na tinatawag na leksikolohiya.

Partikular na hinalaw kay Hartmann ang mga kaisipan sa apat na bahagi ng “prosesong leksikograpikal” (paglikha ng mga diskunaryo at iba pang sangguniang

leksikograpikal): *fieldwork, description, presentation* at *revision*. Tumutukoy sa pangangalap at pagtatala ng mga salitang lahok sa tulong ng mga umiiral na *corpus, database* at mga impormante/konsultant ang *fieldwork*, samantalang ang *description* naman ang pagkategorya sa mga salita at pag-eedit sa teksto. Panimulang pagpapalimbag at pagwawasto (*proofreading*) naman ang tinutukoy ng terminong *presentation*, samantalang ang *revision* naman ang pagsasagawa ng mga pinal na pagbabago kasama na ang *abridgement* o pagpapasimple ng teksto upang higit na maunawaan ng gagamit nito.

Sa aktwal na paglikha ng kasalukuyang pag-aaral ay ginabayan din ang mananaliksik ng binanggit ni Hartmann na apat na pangunahing gampanin ng isang leksikograper (hinalaw niya kay Zgusta 1971): ang pangangalap ng mga salita (*material*), pamimili ng mga salitang lahok (*entries*), pagbuo ng depinisyon/deskripsyon ng mga salitang lahok at pagsasaayos ng mga salitang lahok.

Tinalakay rin ni Hartmann ang gampanin ng “apat na protagonista” sa paglikha ng isang sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo: ang mananaliksik, ang tagalikha ng sanggunian (*compiler*), ang guro at ang mag-aaral/ang gagamit (*user*). Karaniwan nang iisang pangkat o kaya’y nagtutulungang magkahiwalay na pangkat ang mga mananaliksik at ang mga tagalikha ng sanggunian. Sila ang nangangalap ng mga salitang lahok para sa mga sangguniang leksikograpikal batay sa pangangailangan ng mga gagamit nito. Inaasahan namang ang mga guro ang magtuturo sa mga mag-aaral kung paano gamitin nang wasto ang mga sangguniang leksikograpikal. Samantala, ang mga mag-aaral naman ang inaasahang gagamit sa sangguniang leksikograpikal,

pangunahin bilang pantulong sa pag-unawa nila sa iba pang mga sanggunian o kagamitang panturo.

Hinango rin kay Hartmann ang teoryang “mega-, makro-” at “maykrostruktura” na isa sa mga nangungunang pananaw ukol sa istruktura/kayarian ng mga sangguniang leksikograpikal lalo na ng mga diksyunaryo. Sa mas payak na pananalita, inilalarawan ng teoryang ito ang iba’t ibang bahagi ng isang sangguniang leksikograpikal: ang megastruktura ay tumutukoy sa kabuuan ng sangguniang leksikograpikal; ang makrostruktura naman ay walang iba kundi ang panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksyunaryo (*front matter*), mga salitang lahok (*middle matter*) at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok (*back matter*); ang maykrostruktura naman ang mga deskripsyon/depinisyon ng mga salitang lahok. Kahawig ng ganitong teorya ni Hartmann ang perspektiba ni Jackson bagamat dalawa lamang sa halip na tatlong bahagi ng kabuuang istruktura ng mga sangguniang leksikograpikal ang tinukoy ng huli.

Pinakamahalagang kaisipan na hinango kay Hartmann ang pagtanaw sa leksikograpiya bilang isang gawaing pedagohikal o may kaugnayan sa pagtuturo-pagkatuto/edukasyon. Sa ilalim ng perspektibang ito, ang leksikograpiya at ang mga sangguniang leksikograpikal ay tinatanaw bilang mga mahahalagang kagamitang panturo. Kung gayon, ang mga diksyunaryo, glosaryo at iba pang sangguniang leksikograpiko ay dapat magbigay-pansin sa mga interes at pangangailangan ng mga gagamit nito. Sa madaling sabi, ang pananaw na ito’y tumutukoy sa pagiging *user-oriented* (nagsasaalang-alang sa pangangailangan ng gagamit ng produkto) ng

leksikograpiya at anumang gawaing leksikograpikal. Maiuugnay ito sa pilosopiyang utilityan na nagpapahayag na anumang makabuluhan at magagamit ang siyang higit na dapat pagtuunang-pansin ng anumang gawaing pedagohikal. Sa pamamagitan ng pedagohikal na pagtanaw sa leksikograpiya, nabibigyang-diin ang ambag, ang kongkretong silbi, ang mapanghahawakang kontribusyon ng binubuong glosaryo ng panitikan sa pedagohiya/pagtuturo ng panitikan sa bansa. Alinsunod sa ganitong perspektibo, ang buong glosaryo ay pinagsumikapang tumugon sa mga pangangailangan ng mga gagamit nito na walang iba kundi ang mga mag-aaral at mga guro sa panitikan.

Kaugnay ng pedagohikal na pagtanaw ni Hartmann sa leksikograpiya ang isang ideyang hinalaw ng mananaliksik kay Jackson: ang teoryang *decoding-encoding*. Sa perspektibang ito, tinatanaw ang pedagohikal na gamit ng mga sangguniang leksikograpiko sa pamamagitan ng bisa nito sa pagtulong sa mga mag-aaral sa proseso ng *decoding* (pag-unawa sa binabasang sanggunian gaya ng teksbuk o pagkatas ng kaalaman mula rito) at *encoding* (paggamit ng natutuhan sa sanggunian, halimbawa'y sa pamamagitan ng paglikha ng sanaysay atbp.).

Hinalaw rin kay Jackson ang teoryang kolektibismo sa pagbuo ng anumang sangguniang leksikograpiko. Ayon sa pananaw na ito, ang pagbuo ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal ay isang kolektibong proseso na hindi maaaring mabilis at mabisang maisagawa ng iisang tao lamang. Kaugnay ito ng tinukoy ni Hartmann na apat na protagonista sa leksikograpiya. Hinango rin kay Jackson ang pagsasagawa ng balidasyon sa binubuong glosaryo. Ginamit niya ang terminong

“metaleksikograpiya” para tukuyin ang isang sangay ng leksikograpiya na nakatuon sa prosesong tinatawag na “kritisismo ng diksyunaryo” (*dictionary criticism*). Sa mas simpleng pahayag, saklaw ng metaleksikograpiya ang mahalagang proseso ng rebisyon at balidasyon ng anumang sangguniang leksikograpiko, ang pagpuna sa mga kahinaan at kalakasan ng produkto tungo sa lalong ikabubuti at ikagaganda nito. Sa mga nagdaang panahon, unti-unting sumusulong ang metaleksikograpiya dahil sa paghahangad ng mga leksikograper at mga gumagamit ng kanilang produkto na magkaroon ng mas de-kalidad na mga sangguniang leksikograpikal. Sa ganitong diwa, ang balidasyon ng binubuong glosaryo ay isang napakahalagang proseso. Alinsunod sa teoryang kooperatibismo at kaisipan ukol sa metaleksikograpiya, ang kasalukuyang glosaryo ay bubuuin sa tulong ng mga mag-aaral at mga guro ng panitikan.

Nakapagbigay naman ng ibayong inspirasyon sa mananaliksik ang aklat ni Considine (2007) na *Dictionaries in Early Modern Europe: Lexicography and The Making of Heritage* upang tanawin ang kasalukuyang pag-aaral bilang bahagi ng “pag-aambag sa pamana ng sibilisasyon” sa pamamagitan ng pagsasatitik ng mga talasalitaan sa larangan ng panitikan. Samakatwid, bukod sa praktikal na gamit ng mga diksyunaryo at glosaryo na tinalakay nina Hartmann at Jackson, binibigyang-diin din ng kasalukuyang pananaliksik ang pagtanaw sa leksikograpiya bilang isang prosesong kultural na mahalagang bahagi ng modernong kabihasan. Masinsinang tinalakay ni Considine ang kasaysayan ng leksikograpiya sa Europa noong ika-16 at ika-17 siglo gamit ang mga sanggunian gaya ng mga diksyunaryo sa iba’t ibang wika sa Kanlurang Europa (kasama na ang Ingles, Aleman, Latin at Griyego). Nakabuo si Considine ng panibagong modelo

ng pagbaybay sa kasaysayan ng leksikograpiya sa pamamagitan ng pagsipat sa mga diksyunaryo bilang kapwa tekstong nilikha nang may kasiningan at mga sangguniang ginawa sa iskolarling paraan. Sa halip na kabagut-bagot na koleksyon ng mga salita, itinuring ni Considine ang mga sangguniang leksikograpikal bilang mga gawaing masining na humubog at nagtala sa modernong kultura at paglago ng kaalaman sa Europa.


Pinanghahawakan din ng mananaliksik ang gahum o hegemonya ng Ingles sa Pilipinas bunsod ng tinatawag ni Abad (2006) na “marketisasyon ng wika” – ang tahas na pagkiling sa Ingles bilang diumano’y wika ng globalisasyon na dapat ipalaganap at bigyang-prayoridad dahil sa mga konsiderasyong pangkabuhayan. Malungkot na pangitain ngunit totoo ang binabanggit ni Abad na pagkarahuyo ng mga Pilipino sa Ingles, bagay na may malaking impluwensya sa preperensya nila sa panghihiram ng salita. Kaugnay ito ng konseptong “MacDonaldisasyon” ng wika na binigyang-linaw ni Gojo Cruz (2003) sa konteksto ng wikang Filipino. Ayon sa kanya, ang bastardisasyon ng palabaybayang Filipino bunsod ng lansakang panghihiram ng salita sa Ingles ay maituturing na “MacDonaldisasyon” ng wika. Hanggang ngayo’y pinaniniwalaan ng mananaliksik na malakas pa rin ang impluwensya ng mga kaisipang binanggit nina Abad at Gojo Cruz sa wikang Filipino. Bunsod ng hegemonya ng Ingles, inaasahang ang mabubuong glosaryo ay may bahid pa rin ng impluwensyang dayuhan bagamat ang mismong pananaliksik ay isang pagtatangkang sumalunga sa paghahari ng Ingles sa iba’t ibang larangang gaya ng panitikan. Bunsod din ng teorya ng lingguwistikong gahum o hegemonya ng Ingles, hindi nagpumilit ang mananaliksik na isalin sa Filipino

ang lahat ng mga salitang lahok, pati na ang ilang salita sa mismong deskripsyon/depinisyon ng mga ito. Sapagkat marami-raming guro at mag-aaral pa rin ang nararahuyo sa Ingles, hindi magiging produktibo at mabisa ang lansakan o *wholesale* na pagsasa-Filipino ng lahat ng mga termino dahil malaki ang posibilidad na sa halip na makapagpaliwanag ay makapagpalabo pa ang salin o halaw, kung magiging masyadong “malalim” ito. Samakatwid, alinsunod sa teorya ng lingguwistikong gahum ng Ingles, naging makiling sa paghiram ng salita sa wikang Ingles ang mismong glosaryong binuo, hindi dahil sa hangad ng mananaliksik na ipalaganap ito, kundi bunsod ng mga konsiderasyong utilityan.

Bukod sa mga teyoretikal na pundasyong nabanggit na, nabuo ang glosaryo ng panitikan sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga kaisipan sa pagsasaling-wika nina Santiago (2003) at Robinson (2007). Hinalaw kay Santiago ang konsepto ng panghihiram sa mga wikang dayuhan. Itinagubilin ni Santiago sa mga tagasalin ang ganitong hiyerkiya o pagkakasunud-sunod ng panghihiram sa mga wikang dayuhan: estilong Kastila hanggat maaari; estilong Ingles bilang huling pamimilian o *last resort*. Isinaalang-alang din ang kritisismo ni Santiago sa “modernisadong ortograpiya,” partikular ang paggamit ng dagdag na walong titik (c, f, j, ñ, q, v, x, z) kahit sa mga pangkaraniwang salita, alinsunod sa isinantabing “2001 Revisyon” ng Ortograpiyang Filipino. Samakatwid, hindi ginamit sa kasalukuyang pananaliksik ang walong dagdag na titik sa mga pangkaraniwang salita at sa halip ay ipinatupad nito ang mga tuntunin sa “Pinal na Borador: Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa” na inilabas ng Komisyon sa Wikang Filipino noong Mayo 20, 2008. Sa aktwal na pagbuo ng glosaryo,

ginamit din ang relatibong mas bagong modelo ng pagsasalin at paghahalaw ng kaisipan na mula kay Robinson: ang modelong *translate* (panimulang pagsasalin/paghalaw), *edit* (rebisyon ng salin/halaw) at *sublimate* (ang “internalisasyon” ng nirebisang salin/halaw para sa pinal na awtput).

Glosaryo ng Mga Termino sa Panitikan



1.3 Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

1.4 Paglalahad ng Layunin

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang makabuo ng isang glosaryo ng mga piling termino sa panitikan.

Pinagsiklayan ding maisakatuparan ang mga sumusunod na tiyak na layunin:

1. Makapangalap at makapagtala ng mga termino sa pagtuturo ng panitikan sa antas sekundarya at tersyarya
2. Makapagsalin o makabuo ng mga panumbas sa salitang lahok
3. Makapagsalin o makahalaw ng depinisyon ng mga termino sa panitikan
4. Masuri/malapatan ng balidasyon ang binuong glosaryo sa panitikan

1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral

Inaasahang mag-iiwan ng bakas sa mahabang panahon ang anumang impormasyon na maibabahagi ng saliksik na ito sa dahilang ukol ito sa wikang nakasulat na mas permanente, gaya ng tinuran ni Ocampo (2002).

Sa mga Pilipinong mag-aaral at guro ng panitikan

Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sa mga mag-aaral ng panitikan, sapagkat sa pamamagitan ng glosaryong tinangkang buuin ng mananaliksik ay inaasahang mas mauunawaan nila ang mga konsepto at termino sa panitikan dahil ang mga ito'y binibigyan ng depinisyon o paliwanag sa sarili nilang wika. Gayundin, matutulungan nito ang mga guro na talakayin ang mga konsepto ng panitikan (lalo na ang mga masalimuot na teoryang pampanitikan na nakapaloob sa mga minimum na kasanayang pampagkatutong itinala ng Kagawaran ng Edukasyon) sa wikang mas naiintindihan ng mga mag-aaral na Pilipino, ang Filipino. Samakatwid, sulong tatanglaw

ang pag-aaral na ito sa mga Pilipinong nais dumukal ng karunungan sa panitikan, gamit ang sariling wika na siyang mas mabisa at epektibo sa anupamang layon.

Sa mga mananaliksik ng/sa Filipino

Makatutulong ang pag-aaral na ito upang lalong mahikayat ang mga mananaliksik ng/sa Filipino (katutubo man o banyaga) na ipagpatuloy ang mga pananaliksik sa wikang ito, sapagkat ang wikang Filipino’y gaya rin ng Ingles, pleksible at nagagamit sa iba’t ibang larangan gaya ng panitikan. Sa isang antas, maitataas ng pag-aaral na ito ang prestihiyo ng wikang Filipino bilang isang wikang intelektwalisado na karapat-dapat pag-aralan at gamitin di lamang bilang isang wikang pambansa, kundi malaon, bilang isang wikang pandaigdig na rin.

Sa mga ahensya ng pamahalaan na nagbabalangkas ng mga patakarang pangwika

Makadaragdag ang maliit na tinig ng pag-aaral na ito sa mataginting na koro ng mga nanggigising sa mga ahensyang bumubuo ng mga patakarang pangwika sa Pilipinas upang muli nilang matuklasan na wala nang mas hihigit pa sa pagiging epektibo sa pagtuturo at pagkatuto kundi ang paggamit ng wikang pambansa na siyang mas nauunawaan ng mga mag-aaral, mga guro at ng madla. Makapagpapatunay ang pananaliksik na ito sa bisa ng Filipino sa malawak na larangan ng panitikan.

Sa dakilang pagsisikhay ng mga mananaliksik sa Filipino at iba pang makabayan na gawing istandardisado at intelektwalisado ang Filipino

Maliit man, makapag-aambag ang pananaliksik na ito sa istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang pambansa ng Pilipinas. Bilang isa sa mga tagahawan ng landas sa larangan ng pagbuo ng mga glosaryo sa panitikan, magiging inspirasyon ito ng mga mananaliksik sa hinaharap na sana'y mas matalino, mas masikhay at mas may kakayahang pinansyal.

1.6 Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Saklaw ng pag-aaral na ito ang humigit-kumulang 260 termino sa panitikan na hinalaw sa iba't ibang awtoritatibong aklat gaya ng *A Dictionary of Literary Symbols (2nd Edition)* ni Michael Ferber (2007), *The Penguin Dictionary of Literary Terms and Literary Theory* ni J.A. Cuddon at C.E. Preston (1999), *Longman Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics* ni Jack C. Richards et al. (2002), *Understanding Literature (An Introduction to Reading and Writing)* ni Walter Karaidjian et al. (2004), *A Glossary of Literary Terms (Seventh Edition)* ni M.H. Abrams (1999), *Literary Theory: The Basics* ni Hans Bertens (c.2000), *Literary Theory An Introduction (Second Edition)* ni Terry Eagleton (2005), *A History of Literary Criticism: From Plato to the Present* ni M. A. R. Habib (2005),

Ginamit din sa pangangalap ng mga salitang lahok ang ilang mga lokal na aklat sa panitikan gaya ng mga sumusunod: *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika* (Villafuerte at Bernales 2008); *Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal na Pagtalakay* (Villafuerte et al. 2009); *Paano Magbasa ng Panitikang Filipino (Mga*

Babasahing Pangkolehiyo) (Bienvenido Lumbera et al., ed. 2006); *Pag-unawa sa Ating Pagtula (Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Pilipino)* (Virgilio Almario 2006); at *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektroniko* (Arrogante 2007). Ginamit ding sanggunian ang ilang mga *online* na akademikong babasahin.

Limitado ang pananaliksik na ito sa pagbibigay ng isinalin o hinalaw at pinasimpleng depinisyon mula sa mga awtoritatibong sanggunian. Nilimitahan ng mananaliksik ang glosaryo sa salitang binibigyang-turing (ang salitang lahok), ang katumbas nito sa Filipino (kung mayroon) at ang depinisyon nito. Gayundin, may mga halimbawang naglilinaw sa depinisyon (*illustrative example*) ng ilang mga salitang lahok. Sa ilang mga terminolohiya, tinukoy rin ang ilang bahagi ng mga akdang pampanitikan (katutubo man o banyaga) na makapagbibigay-linaw sa isang partikular na konsepto. Halimbawa, sa salitang lahok na *social realism* (realismong panlipunan), tinukoy ang *Noli Me Tangere* bilang isang halimbawa ng akdang kakikitaan ng *social realism*. Kaugnay ng pagbibigay ng depinisyon/deskripsyon, mas binibigyang-tuon ng mananaliksik ang praktikal na gamit ng glosaryo sa pag-unawa ng mga aralin higit sa anupaman. Mas pinagbutihan ang pagsasalin o paghalaw sa diwa ng kahulugan o depinisyon habang hindi gaanong pinagtuunang-pansin pa ang paghanap ng katumbas sa mismong salitang lahok, bagamat, ibinigay rin ang katumbas sa Filipino ng mga salitang lahok kung aktwal na ginagamit o umiiral ang gayong salin/panumbas.

1.7 Katuturan ng Katawagang Ginamit

Matatagpuan sa bahaging ito ang depinisyon ng iba't ibang terminong teknikal na ginamit sa kabuuan ng pananaliksik. Ang bawat kahulugang ibinigay ay kontekstwalisado sa larangan ng pananaliksik; alalaon baga'y ang *working definition*.

Diksiyunaryo – sangguniang aklat na nagtatala sa kahulugan, etimolohiya, bahagi ng pananalita, halimbawa ng mga kontekstong pinaggagamitan at paraan ng pagbigkas ng mga salita; pinakapangkaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro- at maykrostruktura; ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksyunaryo (*front matter*), mga salitang lahok (*middle matter*) at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok (*back matter*) samantalang ang maykrostruktura naman ang mga deskripsyon/depinisyon ng mga salitang lahok.

Etimolohiya – maagham na pag-aaral sa pinagmulan ng mga salita; bahagi ng diksyunaryo na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng salita; halimbawa, sa salitang lahok na "glossary," nakatala ang "glossa" (salitang di malinaw ang kahulugan) mula sa Latin at "glōssa" (dila, wika) mula sa Griyego bilang mga salitang pinagmulan ng "glossary."

Glosaryo – isang uri ng diksyunaryo na sumasaklaw at nakatuon lamang sa isang partikular na larangan at kung gayo'y hindi ito isang pangkaraniwang diksyunaryo kundi isang bukod na akda ukol sa partikular na larangan; *terminological dictionaries* na naglalaman ng mga salitang lahok ukol sa isang larangan at depinisyon ng mga ito; karaniwang inilalagay ito sa mga huling pahina ng aklat bilang bahagi ng apendiks o mga dahong-dagdag; naiiba sa diksyunaryo dahil sa mas payak na pagpapakahulugan

ng mga salitang lahok na karaniwang sumasaklaw lamang sa isang partikular na larangan.

Intelektwalisasyon – proseso ng pagpapataas sa antas ng gamit ng isang wika sa pamamagitan ng aktibo at mabisang paggamit nito sa iba't ibang larangan at sangay ng kaalaman; sa larangan ng leksikograpiya, tumutukoy ito sa paggamit ng wikang pambansa sa paglikha ng mga diksyunaryo, glosaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal na nagpapataas sa antas ng paggamit ng wikang pambansa sa iba't ibang larangan at sangay ng kaalaman.

Istandardisasyon – proseso ng kodipikasyon o pagbubuo ng mga tuntunin, pamantayan o pangkalahatang estilo ukol sa paggamit ng isang wika, lalo na sa aspekto ng ispelang o ortograpiya at balarila

Korpus – koleksyon ng mga salitang umiiral at gamitin sa panahong kontemporaryo; sumasaklaw sa bawat salita ng isang partikular na wika na nakatala sa mga komprehensibong sanggunian gaya ng diksyunaryo at karaniwang tinitipon ng isang propesyunal na organisasyon o kaya'y ahensyang pang-edukasyon ng pamahalaan sa isang malawak na *database*.

Leksikograpiya – ang sining at agham ng pagbubuo at pagrebisa sa mga diksyunaryo; *applied* na leksikolohiya; larangan ng leksikolohiya na sumasaklaw sa pangangalap, pagtatala at pagbibigay-kahulugan sa malaking bahagi ng korpus ng isang wika, sa layuning makabuo ng isang diksyunaryo.

Leksikolohiya – sangay ng linggwistika na nagsusuri sa mga talasalitaan; teyoretikal na pundasyon ng leksikograpiya; sumasaklaw sa pagsusuri at pagrerebisa ng mga sangguniang leksikograpikal tulad ng mga diksyunaryo at glosaryo.

Panitikan – sangay ng karunungan na sumasaklaw sa paglikha, pagbasa, pag-aaral at pagpapahalaga sa mga nakasulat na pamana ng sangkatauhan na katangi-tangi ang anyo, estilo at kasiningan; kalipunan ng mga akdang pasulat na sumasalamin sa pananaw, diwa, karanasan, mithiin, pangarap, interes, uri ng pamahalaan, relihiyon, paraan ng pamumuhay, kultura, kalinangan at kabihasan/sibilisasyon ng isang partikular na pangkat ng mga tao; pumapaksa sa at kakikitaan ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, kawalang-pag-asa, siphayo, sindak at pangamba ng sangkatauhan.

Wikang Filipino – ang wikang ginagamit sa Pambansang Rehiyong Kabisera (National Capital Region), at sa iba pang sentrong urban sa bansang Pilipinas, na ginagamit bilang pangunahing wika ng komunikasyon ng mga iba't ibang pangkat etniko sa bansa; wikang pambansa ng Pilipinas na ang korpus ay nakabatay sa Pilipino/Tagalog at patuloy na nililalang sa pamamagitan ng mga salitang ambag ng iba pang pangunahing katutubong wika ng Pilipinas.

Wikang Pambansa – wikang opisyal na ginagamit at pinalalaganap sa isang bansa; pinili sa pamamagitan ng arbitraryong pasya ng pamahalang sentral mula sa mga umiiral na wika ng bansa; wikang pangunahing ginagamit sa trans-etnikong

komunikasyon sa buong bansa at wikang *de-facto* na nangingibabaw bilang wikang panturo sa antas primarya at sekundarya ng edukasyon at sa *mass media*.

Kabanata II

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Inilalahad sa kabanatang ito ang iba't ibang kaugnay na literatura at pag-aaral sa larangan ng leksikograpiya at mga kaugnay na larangan. Sa pamamagitan ng mga kaisipan sa bahaging ito ng pananaliksik, inaasahang magiging malinaw sa mambabasa ang konteksto ng kasalukuyang pag-aaral. Hinalaw mula sa iba't ibang sangguniang gaya ng aklat, dyornal at *website* ang mga impormasyong nilalaman ng mga kaugnay na literatura. Samantala, mula naman sa iba't ibang tanging proyekto, tesis at disertasyon ang mga kaugnay na pag-aaral.

2.1 Kaugnay na Literatura

2.1.1 Ukol sa Leksikograpiya at Leksikolohiya

Iba't iba ngunit magkakaugnay ang pagpapakahulugan sa leksikograpiya. Ayon sa *Dictionary of Lexicography* na akda ni Hartmann (2002), ang leksikograpiya ay tumutukoy sa propesyunal na gawain at akademikong larangan na nakatuon sa mga diksyunaryo at iba pang katulad na sanggunian. Tinawag ni Hartmann na *lexicographic practice* (pagbuo ng diksyunaryo) at *lexicographic theory* (pananaliksik ukol sa mga teorya sa pagbuo ng diksyunaryo) ang dalawang pangunahing dibisyon ng leksikograpiya. Idinagdag pa niyang ang *lexicographic practice* ay mas iniuugnay sa industriya ng pagpapalimbag ng aklat, samantalang ang *lexicographic theory* naman ay iniuugnay sa mga akademikong pananaliksik sa mga larangang gaya ng linggwistika. Ang depinisyon at paliwanag ni Hartmann ay kahawig ng pagpapakahulugan nina Jackson at Amvela (2007) sa aklat na *Words, Meaning and Vocabulary*. Ayon kina

Jackson at Amvela, tumutukoy ito sa mga pamamaraan (*technique*) at simulain (*principles*) na kaugnay ng proseso ng pagbuo at pag-eedit ng mga diksyunaryo.

Para naman kay Corelli (2006), ang leksikograpiya ay isang mahalagang sangay ng linggwistika na sumasaklaw sa teorya at praktika ng pagbubuo ng mga diksyunaryo. Malaki ang pagkakahawig ng depinisyon ng ito sa pagpapakahulugan ng Merriam-Webster Online Dictionary (2010) sa leksikograpiya bilang proseso ng paglikha o pag-eedit ng diksyunaryo at mga simulain at praktika ng paggawa ng diksyunaryo.

Kung susumahin, ang leksikograpiya ay tumutukoy sa sangay ng linggwistika na nakatuon sa proseso, teorya at praktika ng pagtitipon ng mga salita upang makabuo ng mga sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo.

Nagbigay ng payak na depinisyon ng leksikograpiya ang *Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics* nina Richards et al. (2002). Anila, ang leksikograpiya ay sining ng pagbuo ng diksyunaryo. Samantalang ayon naman kay McKean (2007), ang leksikograpiya ay ang praktika ng pagbuo ng diksyunaryo.

Kaugnay ng leksikograpiya, laging nababanggit ang terminong leksikolohiya o *lexicology*. Inaakala ng marami na magkasingkahulugan ang leksikograpiya at leksikolohiya ngunit ayon sa mga kilalang mananaliksik sa leksikograpiya at leksikolohiya, magkaiba bagamat magkaugnay ang leksikograpiya at leksikolohiya. Ayon kina Jackson at Amvela (2007), ang leksikolohiya ay tumutukoy sa pananaliksik sa *lexis*, na walang iba kundi ang korpus o ang ubod (ang “pinakakatawan”) ng mga salita sa isang partikular na wika. Itinala naman ni Hartmann (2002) ang depinisyon ng leksikolohiya sa ganitong paraan: sangay ng linggwistika na kaugnay ng pag-aaral sa

mga salita, at ang pagkakabuo, kayarian at kahulugan ng mga ito. Nililinaw ng leksikolohiya kung paano nabubuo, pinagsasama-sama, binabago, ginagamit sa iba't ibang konteksto at binibigyang-kahulugan ang mga salita. Samakatwid, ang leksikolohiya ay mas sumasaklaw sa teorya habang ang leksikograpiya naman ay mas sumasaklaw sa praktika. Sa ibang salita, ang leksikolohiya at leksikograpiya ay kapwa sangay ng linggwistika, bagamat mas teyoretikal ang tuon ng leksikolohiya samantalang mas praktikal naman ang leksikograpiya. Binanggit ni Hartmann na magkaagapay ang leksikograpiya at leksikolohiya sapagkat kung walang pananaliksik sa leksikolohiya, hindi makabubuo ng diksyunaryo na siyang pangunahing produkto ng leksikograpiya. Gayundin, kung walang leksikograpiya, hindi magiging maayos at mabisa ang mga pananaliksik sa leksikolohiya sapagkat nakabatay rin sa mga sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo ang mga pag-aaral sa leksikolohiya.

May iba't ibang sangay ang leksikograpiya. Ayon sa Nation Master na isang *online encyclopedia* (2009), ang leksikograpiyang praktikal (*practical lexicography*) ay sining ng pagbubuo at pag-eedit ng mga diksyunaryo habang ang leksikolohiyang praktikal naman ay tumututukoy sa akademikong larangan ng pagsusuri at paglalarawan sa pag-uugnayan ng mga salita ng isang wika at pagbubuo ng mga teorya ukol sa mga bahagi at istruktura ng diksyunaryo. Binanggit naman ni Hartmann (2001) ang sangay ng leksikograpiya na tinatawag na leksikograpiyang pedagogikal o *pedagogical lexicography*. Ang leksikograpiyang pedagogikal ay tumutukoy sa sangay ng leksikograpiya na nakatuon sa praktikal na gamit sa pagtuturo (ang kabuluhang pedagogikal o *pedagogical relevance*) ng mga sangguniang leksikograpikal gaya ng

diksiyunaryo. Samakatwid, sa larangang ito, higit na pinagbubuti ang paglikha ng mga diksyunaryo ayon sa pangangailangan ng mga target na gagamit ito. Kung gayon, ang leksikograpiyang pedagohikal ay naglalayong maging *user-oriented* o nakakiling sa gumagamit ang leksikograpiya. Tinukoy naman ni Jackson (2002) ang proseso ng rebisyon at balidasyon o kritisismo ng diksyunaryo bilang sangay ng leksikograpiya na tinatawag na metaleksikograpiya. Saklaw ng larangang ito ang pag-eedit ng mga diksyunaryo sa tulong ng mga eksperto at batay sa puna ng mga target na gagamit nito.

Ayon naman sa Bamboo Web Online Encyclopedia (2009), dalawa ang pangkalahatang dibisyon ng leksikograpiya: una'y ang *general lexicography* na nakatuon sa pagbabalankas, pagbubuo, paggamit at pagsusuri sa mga diksyunaryong panlahat (*general*) na nagtataglay ng impormasyon at salitang lahod mula sa iba't ibang larangan at naglalarawan sa kung paano ginagamit ang mga salita sa isang partikular na wika sa iba't ibang konteksto; at ang ikalawa'y ang *specialized lexicography* na nakatuon naman sa pagbabalankas, pagbubuo, paggamit at pagsusuri sa mga diksyunaryong tiyak (*specialized*) sa isang partikular na larangan. Samakatwid, ang mga diksyunaryong gaya ng Webster International Dictionary ay produkto ng *general lexicography* samantalang ang mga sanggunian namang gaya ng *Dictionary of Lexicography* ay produkto ng *specialized lexicography*.

Ipinaliwanag naman ni Summers (2005) sa papel na *CORPUS LEXICOGRAPHY - The importance of representativeness in relation to frequency* ang relatibong bagong larangan sa leksikograpiya, ang *corpus lexicography*. Batay sa kanyang paliwanag, ang

corpus lexicography ay sangay ng leksikograpiya na nakatuon sa pagtitipon, pagpapalawak at pagmamantini (*maintenance*) ng tinatawag na *corpus* ng isang wika. Sa payak na pananalita, ang *corpus* ay tumutukoy sa talaan ng mga pangunahing talasalitaan ng isang wika. Ang bawat wika ay may sariling *corpus* na tinitipon, pinalalawak at minamantini ng mga dalubwika at linggwista. Ang mga salitang lahok o *entry* sa mga diksyunaryo ay karaniwang mula sa mga umiiral na *corpus* kaya kung tutuusin, kung libu-libong salita ang nasa pangkaraniwang diksyunaryo, aabot naman sa milyun-milyon ang aktwal na *corpus* ng isang wika. Halimbawa, ayon kay Summers, ang British English ay may *corpus* na aabot sa 10 milyon. Ang Bank of English at Oxford University ay ilan lamang sa mga institusyong nagtitipon at nagmamantini sa *corpus* ng Ingles. Sa kasamaang-palad, kahit ang mahigit sa 200,000 salitang lahok na nasa UP Diksyunaryong Filipino (2001) ay hindi matatawag na *corpus* ng Filipino. Samakatwid, wala pang sistematikong pagtatangka na tipunin ang aktwal na *corpus* ng wikang Filipino.

2.1.2 Ukol sa Prosesong Leksikograpikal at Mga Taong Sangkot sa Leksikograpiya

Anumang gawain sa leksikograpiya ay ginagabayan ng pangkalahatang sistematikong proseso. Sa aklat na *Teaching and Researching Lexicography* ni Hartmann (2001), tinukoy ang apat na bahagi ng prosesong leksikograpikal (paglikha ng mga diskunaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal): *fieldwork*, *description*, *presentation* at *revision*. Tumutukoy sa pangangalap at pagtatala ng mga salitang lahok

sa tulong ng mga umiiral na *corpus*, *database* at mga impormante/konsultant ang *fieldwork*, samantalang ang *description* naman ang pagkakategorya sa mga salita at pag-eedit sa teksto. Panimulang pagpapalimbag at pagwawasto (*proofreading*) naman ang tinutukoy ng terminong *presentation*, samantalang ang *revision* naman ang pagsasagawa ng mga pinal na pagbabago kasama na ang *abridgement* o pagpapasimple ng teksto upang higit na maunawaan ng gagamit nito. Ipinaliwanag din ni Hartmann ang apat na pangunahing gampanin ng isang leksikograpo o isang taong nagsasagawa ng prosesong leksikograpikal (hinalaw niya kay Zgusta 1971): ang pangangalap ng mga salita (*material*), pamimili ng mga salitang lahok (*entries*), pagbuo ng depinisyon/deskripsyon ng mga salitang lahok at pagsasaayos ng mga salitang lahok.

Tinalakay rin ni Hartmann ang gampanin ng apat na protagonista sa paglikha ng isang sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo: ang mananaliksik, ang tagalikha ng sanggunian (*compiler*), ang guro at ang mag-aaral/ang gagamit (*user*). Karaniwan nang iisang pangkat o kaya'y nagtutulungang magkahiwalay na pangkat ang mga mananaliksik at ang mga tagalikha ng sanggunian. Sila ang nangangalap ng mga salitang lahok para sa mga sangguniang leksikograpikal batay sa pangangailangan ng mga gagamit nito. Inaasahan namang ang mga guro ang magtuturo sa mga mag-aaral kung paano gamitin nang wasto ang mga sangguniang leksikograpikal. Samantala, ang mga mag-aaral naman ang inaasahang gagamit sa sangguniang leksikograpikal, pangunahin bilang pantulong sa pag-unawa nila sa iba pang mga sanggunian o kagamitang panturo.

2.1.3 Ukol sa Iba't Ibang Uri ng Sangguniang Leksikograpikal

Karaniwang inaakala na ang diksyunaryo lamang ang matatawag na sangguniang leksikograpikal. Gayunman, nilinaw ni Hartmann (2001) na tatlo ang pangunahing uri ng sangguniang leksikograpikal: ang diksyunaryo, ang tesawro at ang ensayklopedya. Ayon sa *Dictionary of Lexicography*, ang diksyunaryo ang pinakapangkaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro- at maykrostruktura. Sa payak na pananalita, ang makrostruktura naman ay walang iba kundi ang panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksyunaryo (*front matter*), mga salitang lahok (*middle matter*) at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok (*back matter*) samantalang ang maykrostruktura naman ang mga deskripsyon/depinisyon ng mga salitang lahok.

Iniisa-isa naman ni Esguerra (2005) ang mga katangian ng diksyunaryo: 1) Di nagtatala ng lahat ng salita ng isang teksto o serye ng teksto; nagtatangka lamang ito na magbigay ng humigit-kumulang ay malawakang larawan ng leksikon ng isang wika; 2) Ang mga leksin ay nagiging entri lamang sa diksyunaryo kapag ito ay establisado na o kapag ginagamit ng maraming bilang ng tagapagsalita; 3) Ang depinisyong ibinibigay sa bawat entri ay totoo sa lahat ng kontekstong katatagpuan ng salita at 4) Ang paraan ng pagbigkas na inilalahad ay ponemiko at di ponetiko (bihirang maglagay ng paraan ng pagbigkas sa mga glosaryo). Kung tutuusin, ang tesawro ay isa lamang ding uri ng diksyunaryo bagamat ang itinatala lamang nito ay hindi pagpapakahulugan o depinisyon ng mga salita kundi ang mga kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng mga

salita. Samakatwid, kapwa naghahatid ng impormasyong panlinggwistika at pangkomunikasyon ang mga diksyunaryo at tesawro.

Samantala, kung pangkalahatang gamit at depinisyon ng mga salita mula sa isang *corpus* ng wika ang tuon ng mga diksyunaryo (samakatwid ay impormasyong panglinggwistika at pangkomunikasyon), ang mga ensaklopedya naman ay nagbibigay ng mga impormasyong *factual* mula sa iba't ibang larangan ayon sa *Dictionary of Lexicography*.

Sa aklat na *The Handbook of Applied Linguistics* nina Davies at Elder (2004), binabanggit ang glosaryo bilang isang uri ng diksyunaryo. Madalas na inaakalang ang glosaryo ay yaon lamang talaan ng mga salita at depinisyon na nasa mga huling bahagi ng isang teksbuk. Nilinaw nina Davies at Elder na hindi lamang sa mga teksbuk ito matatagpuan. Katunayan, ayon kina Susniené at Virbickaitė (2008), ang glosaryo ay sumasaklaw at nakatuon lamang sa isang partikular na larangan at kung gayo'y hindi ito isang pangkaraniwang diksyunaryo kundi isang bukod na akda ukol sa partikular na larangan. Ipinaliwanag nina Susniené at Virbickaitė na ang pangkalahatang kaalaman ng isang leksikograper ay hindi sapat sa paglikha ng glosaryo. Anila, kinakailangan sa pagbuo ng glosaryo ang pagtutulungan ng mga ispesyalista sa larangang iginagawa ng glosaryo, mga linggwista at iba pa. Samantala, tinukoy naman nina Tekoriené and Maskaliūnienė (2004) na *terminological dictionaries* ang mga glosaryo.

Ayon naman sa Microsoft Encarta Reference Library (2005) – na isang digital o interaktibong diksyunaryo (nagagamit sa pamamagitan ng kompyuter; kasama sa buong pakete ng Microsoft Encarta, program sa kompyuter na maitutumbas sa marami-

raming tomo o *volume* ng mga ensayklopedya sa pagbibigay-impormasyon) – ang glosaryo ay paalpabetong talaan ng mga termino: isang koleksyon ng mga terminong ispesipiko sa isang larangan kasama ang kahulugan ng mga iyon, kadalasang isinasama sa apendiks o dahong-dagdag ng isang aklat. Binanggit din ng Microsoft Encarta na nagmula ang salitang glosaryo sa Latin na *glossa* (salitang di malinaw ang kahulugan) at Griyegong *glōssa* (dila, wika). Samantala, ang diksyunaryo naman, ayon sa Microsoft Encarta ay isang sangguniang aklat na naglalaman ng mga salitang nakaayos din nang paalpabeto at nagbibigay ng mga paliwanag ukol sa kahulugan, kadalasang may dagdag-impormasyon tungkol sa balarila, pagbigkas at etimolohiya (pinagmulan ng salita). Samakatwid, mas detalyado lamang ang diksyunaryo kaysa sa isang glosaryo ngunit pareho sila ng layuning makapagbigay ng depinisyon ng mga termino.

2.1.4. Ukol sa Istandardisasyon at Intelektwalisasyon

Sinabi ni Pineda (1987) na ang intelektwalisasyon ng wika ay ang pagpapayaman ng bokabularyo ng wika upang magamit itong kasangkapan sa diskursong intelektwal o sa matatayog na karunungan at kaalaman (Maraya 2003). Pinatibay ito ng asersyon ni Dr. Andrew Gonzales na ang maunlad na paggamit ng wika sa akademya ang tinatawag na intelektwalisasyon (Tiamson-Rubin 1993). Tinipon ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pinakamahuhusay na sanaysay ukol sa intelektwalisasyon ng Filipino mula 1992-1995, kabilang na ang pinaghalawang sanaysay ni Tiamson-Rubin. Naglabas din ng isang aklat ukol sa intelektwalisasyon ang KWF noong 1998 (*Wikang Filipino sa Larangang Akademiko*).

Mahalaga ang mga diksyunaryo sa aspektong ito sapagkat sila ang “pinakakaluluwa” ng kodipikasyon ng isang wikang pambansa at larangan ng leksikograpiya (Falcutila at Pacaanas 2006). Malaki rin ang gampanin ng nakasulat na wika sa istandardisasyon. Sinusuhayan ito ng paniniwala ni Ocampo (2002) sa aklat na “Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino,” na isang “p(u)wersang malakas ang paglitaw ng malawakang paggamit ng isang paraang nakasulat para sa (i)standardisayon ng mga anyong lingguwistiko sa paraang pasalita.”

Napagtagni-tagni ni Esguerra (2005) ang ugnayan ng istandardisasyon at intelektwalisasyon: “Bilang aspeto ng kultura, dumadaan sa proseso ng modernisasyon ang mga wika na kinapapalooban ng dibdibang pagpapayaman ng (b)okabularyo, istandardisasyon sa ispelang at balarila upang magamit nang lubusan bilang eksklusibong wika ng pamahalaan at ng higit na mataas na kultura at teknolohiya.” Sa aktwal, ang huling binanggit ay siyang proseso ng intelektwalisasyon.

Ayon naman sa akdang “Intelektwalisasyon, Istandardisasyon at Modernisasyon ng Wikang Filipino” ni Arthur P. Casanova (2002), mahalaga ang panghihiram ng salita sa mga wikang dayuhan sa proseso ng intelektwalisasyon: “...hinayaang makapasok ang mga di katutubong letra at ponema na ginagamit sa mga hangang wika (*source language*) para sa diskursong pang-akademiko tulad ng mga katawagang teknikal at espesyalisado.” Idinagdag pa niyang “imperatibo ang manghiram ng terminolohiya at pariralang teknikal na angkop sa rehistrong pang-akademiko bilang bahagi ng intelektwalisasyon.”

Malaki ang ambag ng mga diksyunaryo sa intelektwalisasyon ng isang wika. Marami-rami nang nalimbag na mga awtoritatibong diksyunaryong Filipino/Pilipino sa Pilipinas gaya ng *UP Diksiyonaryong Filipino* (2001) na inilimbag ng UP-Sentro ng Wikang Filipino, *Diksiyunaryo ng Wikang Filipino: Sentinyal Edisyon* (1998) ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at *Diksiyunaro-Tesaurus Pilipino Ingles* (1972) ni Jose Villa Panganiban. Pare-parehong nagtala ng mga salitang mula sa mga wikang katutubo ng Pilipinas ang tatlong diksyunaryong ito, lalo na ang sa UP at ang inilabas ng KWF. Bukod dito, may mga bilinggwal o trilinggwal na mga glosaryo't diksyunaryo na rin ang nailabas ng KWF at iba pang mga mananaliksik sa iba't ibang wika sa Pilipinas gaya ng *English-Tagalog-Hiligaynon-Cebuano Dictionary* (1970) nina Amparo Guerrero et al., *Diksiyunaryong English-Filipino-Bikol* (2001), *Bokabularyong Traylinggwal: Waray-Filipino-English* (2004), *Bokabularyong Yakan-Filipino-English* (2003) ng KWF at *Tagalog-Bikol Cognate Words with Identical and Different Meanings* (1972) ng Institute of National Language. Katangi-tangi naman ang *New Philippine Comprehensive Dictionary: 8 Major Dialects* (2003) ng International Standard Pub., Co., na nagtala ng mga kahulugan/depinisyon sa walong mayor na wika sa Pilipinas ng bawat salitang lahok. Gayunman, wala pang diksyunaryo o glosaryo na pumapatungkol lamang sa panitikan. Pinakamalapit sa pagtatangka ng kasalukuyang pananaliksik ang *UP Cultural Dictionary for Filipinos* ni Kintanar et al. (1996). May mga salitang lahok sa nasabing diksyunaryo na ginagamit sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Gayunman, ang buong diksyunaryong yaon, kung tutuusin ay ambag sa leksikograpiyang Ingles bagamat ang nilalaman ay ukol sa kulturang Pilipino.

Kontekstong sosyo-pulitikal naman ang naging pokus ng aklat na *Corruptionary: Natatanging Diksiyunaryo ng Mga Salitang Korapsyon* na inilimbag ng Center for People Empowerment in Governance (CenPEG) at pinamatnugutan ni Bonifacio Ilagan (2008). Itinala ng diksyunaryong ito ang iba't ibang mga termino sa kontemporaryong diskurso ukol sa katiwalian o korapsyon. Sa kanyang introduksyon sa nasabing aklat, ipinaliwanag ni Dr. Melania L. Abad ang teoryang "pag-aakda ng bayan." Aniya, ang "Corruptionary" ay isang patunay na ang karanasan ng mga mamamayan ay nagtataglay ng mayamang impormasyon at datos na magagamit sa iba't ibang larangang akademiko gaya ng leksikolohiya at leksikograpiya. Binigyang-diin din ni Abad ang bisa ng teoryang kolektibismo sa pagbuo ng mga diksyunaryo.

Sa isang artikulo naman ni Galileo Zafra (2005), tinalakay ang ambag ng *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino* na inilabas ng UP-SWF, sa istandardisasyon ng wikang Filipino. Pinagtuunang-pansin ni Zafra ang pagdedetalye ng nasabing *Gabay* sa mga tuntunin sa 2001 Revisyon, partikular ang pagpapaluwag ng gamit ng dagdag na walong letra sa panghihiram ng salita.

Pinaghambing naman ni Rho Young Chul (2005) ang sitwasyon at patakarang pangwika ng Timog Korea at ng Pilipinas. Saklaw ng kanyang pagtalakay ang ortograpiya ng wikang Koreano at ng wikang Filipino. Isa sa kanyang hinuha'y ang pagkarahuyo ng mga Pilipino sa panghihiram sa wikang dayuhan kahit pa mayroon namang salitang katutubong panumbas sa mga salitang hinihiram.

2.1.5. Ukol sa Pagsasaling-wika at Panghihiram ng Salita

Binanggit ni Tiamson-Rubin (2002) na epekto ng kolonisasyon ng mga dayuhan sa iba't ibang panahon ang pagkakaroon ng maraming salitang-hiram sa talasalitaan ng wikang Filipino. Ayon pa sa kanya, "(s)a 30,000 salitang-ugat, humigit-kumulang, ang 5,000 ay galing sa Kastila, ang 3,200 ay galing sa Malay, ang 1,500 ay galing sa Ingles, bukod pa sa daan-daang galing sa Intsik, Sanskrito, Arabe, Persiyano, Latin, Griyego, Niponggo, Aleman, Ruso atb(p)." Marami-raming halimbawa ang tinukoy niya sa aklat na *Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas*. Tinukoy rin ni Tiamson-Rubin ang mga paraan ng pagpapaunlad sa wikang Filipino, kung saan isinama niya ang panghihiram ng salita (tinawag niya itong "pag-aangkin."). Wika niya'y "(k)apag nagsasalin, higit na makiling ang mga akademista at manunulat sa paghiram ng salitang Español kung ikukumpara sa Ingles," dahil maginhawang ipasok ang mga salitang Español" sa paraan ng pagbabaybay at pagbigkas ng Filipino. Idinagdag pa niyang "kakatwa sa tingin, bukod sa parang nasisira ang orihinal na salita" kapag ang salitang Ingles ay binaybay sa wikang Filipino gaya ng "jioloji," "dyiolodyi" o "diyiolodyi," para sa orihinal na "geology."

Nagbigay naman ng magandang dahilan si Alfonso O. Santiago (2003) kung bakit dapat iwasan ang paggamit sa pagbabaybay ng mga pangkaraniwang salita ng walong letrang dagdag sa alpabetong Filipino (c, f, j, ñ, q, v, x at z) na ginagamit na ng marami-raming manunulat sa pagbabaybay ng mga salitang hiniram sa Ingles. Ayon kay Santiago, magugulo ang palabaybayang Filipino sapagkat mahirap kontrolin ang gamit ng mga nasabing letra, gaya sa kaso ng salitang "kape" na maaaring maging

“kafe,” “cafe,” “kopi,” “kofi” o kaya’y “cofi.” Mabuti na lamang at naglabas ng resolusyon ang KWF noong 2007 para suspindihin ang paggamit ng ortograpiya ng 2001.

Sa akdang “Pagpapayaman sa Wikang Filipino” ni Virgilio Almario (2002), masaklaw na tinalakay ang mga suliraning kinakaharap sa panghihiram ng salita gaya ng akmang preperensya: Ingles ba o Kastila. Iminungkahi niya ang pagkakaroon ng “isang matatag na patnubay sa ispelang upang mapigil ang nagaganap na mga varayti ng anyo ng hiram na salita sa anyong pasulat.” Binanggit ni Almario na sa pangkalahatan, “higit na makiling ang mga akademista at manunulat sa paghiram ng salitang Español kung ikukumpara sa Ingles.” Ibinandila niya ang pagkiling at pagpapalawak sa tuntuning kung ano ang bigkas, siyang baybay, laban sa tinatawag niyang “funny language” (pagbabaybay ng mga salitang Ingles sa Filipino na malayung-malayo na sa orihinal ang baybay). Bilang kompromiso, naghapag siya ng mga argumento pabor sa pagpapanatili ng orihinal na anyo ng mga salitang Ingles lalo na kapag mga salitang teknikal ang pinag-uusapan.

Tinalakay naman ni Marietta Reyes-Otero (2002) ang mga “sosyolingguwistikong padron sa panghihiram ng mga salitang Ingles ng mga manunulat ng sanaysay sa Filipino.” Nagbigay siya ng maraming halimbawa ng mga salitang hiniram sa pamamagitan ng iba’t ibang padron: hiniram nang buo (*accomplice, amalgam, ranking, schedule, talent fee* atbp.); isinunod sa pagbabaybay ng Filipino (*abstensiyon, adisyon, holdaper, indeks, historical, komon, artikulo, aspekto, etnosentrismo, relatividad,*

votohan, inisyu, minarder, nakokontak atbp.); at *loan blends* (*di-popular, dignidad-pantao, etno-kasaysayan, kabuuang demand, kontra buhay, taga-showbiz* atbp.).

Ipinaliwanag naman ni Hukom Cezar C. Peralejo (2002) ang mga problema at estratehiya sa pagsasalin ng mga katawagang pambatas mula Ingles tungong Filipino. Lumitaw sa kanyang “mga estratehiya sa pagkasalin ng mga *Tuntunin sa Hukuman*” ang iba’t ibang preperensya sa panghihiram ng salita gaya ng panghihiram nang buo, paglalapi sa isang salitang hiram atbp.

Pinansin ni Valdez (1998) na ang kasalukuyang tradisyon sa panghihiram sa Ingles ay paggamit ng gitling upang ihiwalay ang salitang-hiram gaya ng: *mag-type, nag-survey, mag-tabulate* atbp. Pinangkat din niya ang “pag-asimila sa Ingles” sa dalawang kategorya: ang isahang yunit (salita lamang ang hinihiram) at pagpasok ng mga parirala (parirala ang hinihiram). Ayon pa kay Valdez, “tuwirang panghihiram pa rin sa Ingles ang namamayani” kahit na may maitutumbas naman ang mga katutubong wika ng Pilipinas. Binanggit din niyang ang mga taong bilinggwal sa Ingles at sa wikang katutubong hindi Tagalog ay kadalasang nagpapanatili sa salitang Ingles sa pangungusap.

Ayon naman kay Villegas (1998), dalawa ang preperensya ng mga awtor ng aklat sa agham, agham-panlipunan at matematika sa pagbuo ng mga terminolohiya ang panghihiram-ganap “o ang pag-angkin at panghihiram” nang buo sa mga salitang banyaga at “panghihiram o pag-aangkin at panghihiram na may pagbabago sa anyong ponolohikal at morpolohikal.”

Sa nalathalang tesis ni Ma. Theresa de Villa na "Teorya at Praktika ng Pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero 1968-1982," tinukoy ang pagpapasya sa kung ano ang dapat maging preperensya sa panghihiram, Ingles ba o Kastila, bilang isa sa mga kinaharap na suliraning pansemantika ng mga tagapagsalin ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa panahong nabanggit. Binanggit ni De Villa na marami-raming salita ang hiniram sa Ingles at binaybay sa paraang Abakada ng mga tagasalin ng PKP (gaya ng mga salitang "naghohomisted," "kolaboreytor," at "papet"), bagamat marami ring salitang hiniram sa Kastila, sa gayon ding paraan (gaya ng "obras publikas, pinaplano," "gubyrerno" atbp.).

Ayon naman kina Alagad-Abad at Castañeto-Ruedas (2001), ang pagsasalin ay isang sining ng paglilipat sa ibang wika ng diwa o mensaheng isinasaad ng orihinal na teksto. Dagdag pa nila, maihahambing ito sa sining ng pagpipinta o pagdodrawing: ang maling kulay o laki ay katumbas ng maling salita o pahayag na isinalin. Binuod din nila ang mga katangian ng isang tagasalin ayon kina Nida (*Toward a Science of Translating*) at Savory (*The Art of Translating*): 1) May sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot; 2) Sapat na kaalaman sa paksang isasalin; 3) Sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay ng pagsasalin; at 4) Sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang wikang kasangkot. Nagtala rin sina Alagad-Abad at Castaneto-Ruedas ng mga simulain sa pagsasalin: 1) Ang isang salin ay dapat magtaglay ng katumbas na diwa o mensahe ng orihinal; 2) Ang isang salin ay dapat maging himig-orihinal kapag binasa; 3) Dapat lumitaw sa isang salin ang istilo ng tagapagsalin; 4) Ang isang salin ay dapat

maging himig-kapanahon ng tagasalin at hindi ng orihinal na awtor; at 5) Hindi dapat bawasan, dagdagan o baguhin ng tagasalin ang orihinal na diwa ng isinasalin.

Masaklaw at detalyado ang pagtalakay ng *Manwal sa Pagsasalin* ng NCCA. Bukod sa pagbaybay sa kasaysayan ng pagsasalin sa daigdig at sa Pilipinas, inisa-isa rin nito ang depinisyon ng pagsasalin ayon sa iba't ibang awtor: "paglalahad sa tumatanggap na wika ng pinakamalapit na natural na katumbas ng mensahe ng simulaang wika, una'y sa kahulugan at pangalawa'y sa estilo" (Eugene Nida 1964); "maaaring maisagawa sa pamamagitan ng pagtutumbas sa kaisipang nasa likod ng mga pahayag na berbal" (Theodore Savory 1968); "gawaing binubuo ng pagtatangkang palitan ang isang nakasulat na mensahe sa isang wika ng gayon ding mensahe sa ibang wika" (Peter Newmark 1988); "muling paglalahad sa tumatanggap na wika ng tekstong naghahatid ng mensaheng katulad ng sa simulaang wika ngunit gumagamit ng piling mga tuntuning panggramatika at mga salita ng tumatanggap na wika" (Mildred Larson 1984) at "prosesong komunikatibo na nagaganap sa loob ng isang kontekstong panlipunan" (B. Hatim at I. Mason 1990). Batay pa rin sa manwal ng NCCA, may tatlong yugto ang pagsasalin: a) paghahanda; b) aktwal na pagsasalin at c) ebalwasyon ng salin. Masikhay ring ipinaliwanag ng nasabing manwal ang iba't ibang paraan ng pagsasalin: 1) Sansalita-bawat-sansalita; 2) Literal; 3) Adaptasyon; 4) Malaya; 5) Matapat; 6) Semantiko; 7) Idyomatiko at 8) Komunikatibo.

Marami namang bagong kaisipan sa pagsasalin ang tinalakay ni Robinson (2007) sa kanyang aklat na *Becoming A Translator*. Ipinaliwanag niya ang iba't ibang aspekto ng pagiging *reliable* ng tagasalin kaugnay ng tekstong sinasalin: ang pagsasaalang-

alang sa mga detalye, pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng gagamit ng salin, aktwal na pananaliksik at personal at/o eksternal na pagsusuri ng salin. Para kay Robinson, *reliable* ang tagasalin na metikuloso sa konteksto ng bawat salita at parirala na kanyang ginagamit. Kaugnay ito ng binanggit na teorya ng pagsasalang kontekstwalisado ni Villa. Samantala, maituturing naman na nagsasaalang-alang sa kapakanan ng gagamit ang tagasalin kung pinagsusumikapan niyang iangkop ang salin sa panlasa ng gagamit. Kaugnay naman ng pananaliksik, sinabi ni Robinson na ang tagasalin ay hindi maaaring manghula na lamang kapag hindi niya alam ang ilang salita. Sa halip, nararapat siyang magsaliksik sa mga sangguniang aklat, mga *database* sa internet at maging sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga eksperto.

Upang maging maayos ang salin, kinakailangan ng balidasyon ng salin. Ang personal na balidasyon ay tumutukoy sa pagsusuri ng tagasalin sa kanyang produkto. Samantala, eksternal na balidasyon naman ang isinasagawa ng mga eksperto na bukod pa sa mismong tagasalin. Tinalakay rin ni Robinson ang relatibong mas bagong modelo ng pagsasalin at paghahalaw ng kaisipan: ang modelong *translate* (panimulang pagsasalin/paghalaw), *edit* (rebisyon ng salin/halaw) at *sublimate* (ang “internalisasyon” ng nirebisang salin/halaw para sa pinal na awtput).

Sa aklat na “Toward a Science of Translating” (1964), ipinaliwanag ni Eugene Nida ang iba’t ibang uri ng salin. Tinagurian niyang “formal-correspondence/equivalence” ang saling literal. Tinukoy ni Nida ang saling literal bilang pamamaraang nakabatay sa simulaang wika (*source-oriented*). Aniya, ang gayong salin ay naglalayong ipakita ang porma at nilalaman ng orihinal na mensahe. Sa

pamamagitan nito, inilalapat ng saling “formal-correspondence/equivalence” ang reproduksyon ng iba’t ibang elemento ng istruktura ng simulaang wika (*source language*): (1) yunit gramatikal, (2) pagiging konsistent sa paggamit ng salita at (3) mga kahulugan sa konteksto ng orihinal (*meanings in terms of the source context*). Ang reproduksyon ng mga yunit gramatikal ay isinasagawa sa pamamagitan ng: (a) pagsasalin ng pangngalan sa pangngalan, pandiwa sa pandiwa atbp.; (b) pagpapanatili ng lahat ng parirala at pangungusap (halimbawa, ang hindi pagpungos o pagputol at pagbago sa mga yunit); at (c) pagpapanatili ng lahat ng marka ng istruktura (*formal indicators*), gaya ng bantas, mga talata atbp. Pinakapangunahin sa mga kaisipan ni Nida ang prosesong tinatawag na dinamikong tumbasan o “dynamic equivalence.” Ang dinamikong tumbasan ay nakatuon sa “tugon ng tagatanggap” sa halip na “porma ng mensahe.” Samakatwid, mas isinasaalang-alang ng dinamikong tumbasan ang magiging reaksyon o pagtanggap ng mambabasa sa salin (*reader-oriented*). Ang ganitong uri ng salin ay inaasahang nagtataglay ng “ganap na pagiging natural ng mga pahayag” at hindi nito inoobliga ang mambabasa na unawain ang kultura at konteksto ng simulaang wika para maunawaan ang isinalin na mensahe. Ayon pa kay Nida, maituturing na mabuti ang salin kung ang reaksyon ng tumanggap ng salin sa target na wika ay kahawig din ng reaksyon ng mga bumasa ng mensahe sa simulaang wika.

Samantala, masining na inilarawan ni Savory (1957) ang labindalawang “kontradiksyon” o mga nagpipingkiang kaisipan sa pagsasalin: “1) Dapat taglayin ng salin ang mga salita ng orihinal; 2) Dapat taglayin ng salin ang mga kaisipan ng orihinal; 3) Dapat maging himig-orihinal ang salin; 4) Dapat maging himig-salin ang

salin; 5) Dapat makita sa salin ang estilo ng orihinal; 6) Dapat makita sa salin ang estilo ng tagasalin; 7) Dapat panatilihin ng salin ang konteksto ng panahon ng orihinal; 8) Dapat taglayin ng salin ang konteksto ng panahon ng tagasalin; 9) Maaaring magbawas o magdagdag sa orihinal ang tagasalin; 10) Hindi maaaring magbawas o magdagdag sa orihinal ang tagasalin; 11) Ang tula ay dapat isalin sa paraang tuluyan at 12) Ang tula ay dapat isalin sa paraang patula.

2.1.6. Ukol sa Literatura Ukol sa Panitikan

Ayon kay Esch (2002), ang panitikan ay tumutukoy sa anumang nakasulat, malikhain at masining na pagpapahayag ng emosyon ng tao, at nag-iiwan ng kakintalan sa iba pang tao. Binanggit din ni Esch ang mga dahilan kung bakit pinag-aaralan ang panitikan. Ayon sa kanya, pinayayaman ng panitikan ang kaalaman at pinalalalim ang pag-unawa ng tao sa buhay. Nakatutulong din ang panitikan upang mapahusay ang kakayahang magbasa at malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip (*critical thinking*). Dagdag pa, ang panitikan ay isang paraan upang malinang ang pagpapahalaga ng tao sa sining. Batay kay Esch, saklaw ng panitikan ang lahat ng “hiwaga, rurok at kapintasan,” sa puso ng tao. Ang panitikan ay pinagsama-samang pilosopiya, sikolohiya, sosyolohiya, ideolohiya at kasaysayan. Ayon kay Esch, imposibleng maibigay ang isang eksakto at buong depinisyon ng panitikan sapagkat napakalawak at napakasalimuot ng saklaw nito.

Samantala, batay sa *Oxford Advanced Learner's Dictionary* (2002), ang panitikan ay tumutukoy sa mga “piraso ng sulatin na pinahahalagahan bilang mga likhang-sining,

gaya ng nobela, tula at dula, kaiba sa mga teknikal na aklat, dyaryo at magasin.” Kahawig ito ng pagpapakahulugan ng *Webster’s Universal Dictionary and Thesaurus* sa panitikan: “sulatin sa isang partikular na panahon o bansa na pinahahalagahan dahil sa kanilang kahusayan sa estilo at porma.” Ayon naman sa *Longman Anthology: 2nd Edition (British Literature Volume 1A: The Middle Ages)*, ang panitikan ay tumutukoy sa malikhaing mga sulatin o katha ng imahinasyon, pangunahin ang panulaan (*poetry*) at tuluyan (*prose*).

Tinalakay naman nina Saymo et al. (2004), ang iba’t ibang uri ng panitikan. Ang dalawang pangunahing anyo ng panitikan ay patula at tuluyan. Saklaw ng anyong patula ang paraan ng malikhaing pagpapahayag na karaniwang (ngunit di laging) gumagamit ng sukat at tugma, at binubuo ng mga taludtod at mga saknong na may aliw-iw o indayog (*melodious tone*). Samantala, saklaw naman ng mga anyong tuluyan ang paraan ng malikhaing pagpapahayag na pangkaraniwan sa aktwal na pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Marami-raming aklat ang makatutulong sa mabilisan at mabisang pag-unawa sa mga konsepto sa panitikan. Komprehensibong tinalakay ang mga konsepto, terminolohiya, at teoryang pampanitikan sa *A Handbook to Literature (6th Edition)* nina Holman at Harmon (1992) na bagamat luma na’y hindi pa natatapatan ng maraming mga kontemporaryong sanggunian sa lawak ng saklaw. Bukod sa akda nina Holman at Harman, ang *Penguin Dictionary of Literary Terms and Literary Theory* nina J.A. Cuddon at C.E. Preston (1999) at *A Glossary of Literary Terms (Seventh Edition)* ni M.H. Abrams

(1999) lamang ang mga kontemporaryong masaklaw na sanggunian na nakatuon sa mga terminolohiyang pampanitikan.

Sa aklat namang *Literature, Criticism and Style: A Practical Guide to Advanced Level English Literature* ni Croft at Cross (2002), pinagtuunang-pansin ang pagtalakay sa nobela, panulaan, drama at maikling kwento. Ipinaliwanag din sa aklat na ito ang tinatawag na *reading for meaning* o malalimang pagbabasa. Iminumungkahi nina Croft at Cross ang *theme-based* na dulog sa pagbasa ng panitikan partikular ang mga sumusunod na *genre*: bayograpiya, awtobayograpiya, *memoirs*, mga liham at talaarawan (*diary*). Ipinaliwanag naman sa *The Language of Poetry* ni McRae (2003) ang itsura (*look*), tunog (*sound*), galaw (*movement*), bisa (*appeal*), tagpuan (*place*), kasarian (*gender*), at larawan (*image*) ng panulaan. Tinalakay nila ang aktwal na kayarian ng mga tula sa pamamagitan ng pagdedetalye sa mga nabanggit na aspekto. Minabuti ng mananaliksik na saklawin lamang sa bahaging ito ang mga pangunahing kaisipan at kaalaman sa panitikan sapagkat ang malaking bahagi ng mga terminolohiyang pampanitikan ay ipaliliwanag at bibigyang-pagpapakahulugan naman sa binubuong glosaryo.

Sa larangan ng panunuring pampanitikan, ilang sanggunian ang naglahad ng komprehensibong pagpapaliwanag ukol sa isang partikular na uri ng panitikan o kaya'y dulog (*approach*) sa panunuring pampanitikan. Ang *Understanding Literature* nina Kalaidjian et al. (2004) ay gumamit ng dulog na pormalistiko sa pagpapaliwanag ng iba't ibang aspekto ng panitikan. Samantala, teoryang Marxismo naman ang ginamit ni

Elmer Ordoñez (2001) sa *Emergent Literature* na inilimbag ng University of the Philippines Press. Ang nasabing aklat ay antolohiya ng mga sanaysay sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa mga aspektong sosyo-kultural, sosyo-ekonomiko at sosyo-pulitikal ng iba't ibang akdang pampanitikan sa Pilipinas. Panitikang distopyano o *dystopian* naman ang ipinaliwanag at binigyan ng mga halimbawa sa *Dystopian Fiction: East and West (Universe of Terror and Trial)* ni Erika Gottlieb (2001). Ang panitikang distopyano ay nagbibigay-diin sa konsepto ng hegemonyang sosyo-pulitikal at sosyo-kultural na ipinapataw ng mga diktador sa iba't ibang panig ng mundo. Ang epekto ng mga hegemonyang ito ang siyang pinapaksa ng mga akdang distopyano.

Inilalahad naman ng *Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal na Pagtalakay* (Villafuerte et al. 2009) ang kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas mula pa sa panahong prehistorikal hanggang sa kontemporaryong panahon. Pinagsumikapan nina Villafuerte et al. na mailarawan ang mga katangian ng panitikan sa bawat panahon at makapagbigay ng iba't ibang halimbawa ng akdang pampanitikan na namayani o nangibabaw sa bawat panahon. Ang *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektronikong (Binagong Edisyon)* nina Arrogante et al. (2007) ay may kahawig na estilo ng presentasyon ng mga kaisipan.

Samantala, sa *Paano Magbasa ng Panitikang Filipino (Mga Babasahing Pangkolehiyo)* (Lumbera et al., eds. 2006), nilinaw ang mga tiyak naistratehiya sa pagbasa ng panitikan. Ginagabayan nito ang mga mag-aaral sa wastong pagsipat sa mga kaisipang nilalaman ng bawat partikular na *genre*. Pinagtuunang-pansin naman ni

Almario (2006) ang *genre* na patula sa kanyang *Pag-unawa sa Ating Pagtula (Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Pilipino)*. Sa aklat na ito ay inilahad ang kasaysayan ng Panulaang Pilipino at nilinaw ang iba't ibang padron na maaaring gamitin sa pagsusuri ng mga tula.

2.2 Mga Kaugnay na Pag-aaral

Bumuo ng isang awtoritatibong monolingwal na diksyunaryong Filipino sa drama at teatro si Arthur P. Casanova (1998) sa kanyang disertasyon sa Philippine Normal University. Gumamit siya ng *field work* at paghango ng mga leksikal na aytem at mga depinisyon sa mga nalathalang materyales, para makapangalap ng datos sa kanyang diksyunaryo. Tinaya rin ni Casanova ang kanyang masaklaw na diksyunaryo sa drama sa pamamagitan ng pagkonsulta sa 48 "ebalweytor" na pawang mga eksperto sa sining ng drama at dulaan. Nirebisa niya ang mga lahok sa kanyang diksyunaryo batay sa puna ng mga ebalweytor. Isinailalim ni Casanova ang kanyang diksyunaryo sa *try-out* sa 30 mag-aaral ng mga asignaturang Panitikan, Mass Communication, Drama at Teatro sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Unibersidad ng Pilipinas, matapos ang pagsusuri sa *face validity* at *content validity* nito. Sa kabuuan, ang nabuo niyang diksyunaryo ay naglalaman ng apat na libo, isang daan at tatlumpu't dalawang (4,132) leksikal na aytem. Napatunayan ng kanyang pag-aaral na magagamit ang Filipino sa larangan ng drama at teatro, sapagkat marami-raming termino ring banyaga ang natumbasan niya sa Filipino. Ang paksa ng kanyang diksyunaryo (drama at teatro) ay malapit na malapit sa larangang tinatangkang igawa ng glosaryo ng kasalukuyang mananaliksik, walang iba kundi ang larangan ng panitikan. Gaya ni Casanova,

magsasagawa rin ng *try-out* sa mga estudyante ang kasalukuyang mananaliksik upang isailalim sa balidasyon ang mabubuong glosaryo. Bukod sa mga estudyante, sasangguni rin ang mananaliksik sa mga guro ng panitikan. Di hamak na mas marami ang terminolohiyang saklaw ng diksyunaryo ni Casanova kaysa sa glosaryong inihahanda ng mananaliksik.

Malapit-lapit sa paksa ng diksyunaryo ni Casanova ang *Debelopment ng Isang Monolingwal na Diksyunaryong Filipino sa Musika* (2003) na tesis ni Jose Armando Aquino Garcia sa Philippine Normal University. Mahigit 300 daang salita ang naitala niya mula sa mga umiiral na diksyunaryo, sangguniang aklat, modyul, glosaryo, papel panseminar at mga rekomendasyon ng mga kritiko. May mga salitang lahok sa kanyang diksyunaryo na mula sa mga katutubong wika. Sa halip na *fieldwork* gaya ng kay Casanova ay pananaliksik sa mga umiiral na awtoritatibong sanggunian ang isinagawa ni Garcia, prosesong hinalaw naman ng kasalukuyang mananaliksik. Malapit-lapit din sa bilang na itinala ni Garcia ang bilang ng mga salitang lahok ng glosaryong binuo ng mananaliksik.

Binigyang-pansin naman ni Roberto de Lara Ampil (2005) sa kanyang tesis ang "Preferens sa Pagtutumbasan ng mga Salita sa Agham-Panlipunan sa Antas Tersyarya" ng Unibersidad ng Santo Tomas. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, isinama ni Ampil ang preperensyang wikang Kastila-baybay Filipino, panghihiram sa wikang dayuhan batay sa 2001 Revisyon at panghihiram nang tuwiran sa Ingles sa paglikha ng kanyang talaan. Pinagtuunang-pansin ni Ampil ang asignaturang agham-panlipunan, bagay na malapit-lapit pa rin sa larangan ng panitikan na binigyang-pansin ng kasalukuyang

pananaliksik. Ayon sa kanyang pag-aaral, preperensyang wikang Kastila-baybay Filipino ang kinikilingan ng mga guro at mag-aaral ng UST. Inilapat ng kasalukuyang mananaliksik ang gayong preperensya sa pagbabaybay sa Filipino ng mga salitang dayuhan (halimbawa, *epiko* at hindi *epik*; *teorya* sa halip na *tyuri* atbp.). Ang pagkonsulta ni Ampil sa mga mag-aaral at mga guro ay isinagawa rin ng kasalukuyang mananaliksik sa proseso ng balidasyon ng glosaryo.

Katangi-tangi naman si Monico M. Atienza (1992) na masinop na nagpaliwanag sa ideolohiya ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng pambansa-demokratikong kilusan sa bansa, gamit ang wikang pambansa sa kanyang nalathalang tesis na *Kilusang Pambansa-Demokratiko sa Wika*. Isinama niya sa pag-aaral ang “Ilang Punto Tungkol sa Ispeling, Bokabularyo at Balarilang Filipino” ng Partido na bumanggit ng ilang detalye tungkol sa preperensya sa panghihiram. Sa huling bahagi ng pananaliksik ni Atienza ay makikita ang *Bokabularyo ng Marxistang Filipino* na sa aktwalidad ay isang glosaryo/diksyunaryo ng mga katawagan at terminong teknikal tungkol sa Marxismo, isa sa mga tinatangananang ideolohiya ng Partido. Itinala ni Atienza ang katumbas sa Filipino ng bawat termino at pagkatapos ay saka ito binigyan ng kahulugan sa wikang Filipino. Ang ginawa niyang kontekstwalisadong pagbibigay ng mga kahulugan ng bawat salitang lahok ay sinunod din ng kasalukuyang mananaliksik.

Nanaliksik naman sina Rogelio F. Falcutila at Rosalia A. Pacaanans (2006) para makabuo ng *Glosaryo ng mga Terminong Pang-edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counseling at Human Growth, Learning and Development*. Matapos mangalap at magtala ng mga termino sa mga nabanggit na larangan, isinalin nila ang mga salita at

ang mga depinisyon nito. Tinaya nila ang glosaryo at pagkatapos ay nirebisa batay sa puna ng mga kritiko. Napatunayan sa pag-aaral nila na ang pagbibigay ng katumbas na salin ng mga termino sa dalawang asignaturang tinuran ay katanggap-tanggap sa mga mag-aaral at guro. Gayunman, malakas pa rin ang impluwensyang “kolonyal” pagdating sa wika, ayon kina Falcutila at Pacaanas. Sa mismong glosaryong nilikha ng kasalukuyang mananaliksik ay lumitaw ang malakas na impluwensya ng gahum, hegemonya o pangigingibabaw ng Ingles. Tulad ng pananaliksik nina Falcutila at Pacaanas, isinagawa rin ng kasalukuyang mananaliksik ang rebisyon ng glosaryo ng panitikan batay sa puna ng mga estudyante at guro na nagsilbing kritiko o tagapuna.

Relatibong luma ngunit kahawig ng kasalukuyang pag-aaral ang tesis ni Romeo Arambulo Sebastian sa Institute of Library Science ng Unibersidad ng Pilipinas na may pamagat na *Thesaurus on Philippine Literature* (1991). Ingles ang wikang ginamit sa kanyang pananaliksik na taliwas sa pamagat ay sumasaklaw lamang sa mga termino sa panitikan sa panahon ng Katutubo (panahon bago dumating ang mga Kastila) at ni hindi nakapagbigay ng pagpapakahulugan sa mga kontemporaryong kaisipang pampanitikan. Tinangka ni Sebastian na maging bilinggwal (English-Filipino) ang mga salitang lahok, ngunit purong Ingles lamang ang ibinigay niyang depinisyon sa bawat salitang lahok. Sa 527 salitang lahok na kanyang itinala, 325 salitang lahok lamang ang nabigyan ng katumbas sa Filipino. Hindi rin ipinaliwanag sa nasabing pananaliksik kung paano isinailalim sa balidasyon ang *thesaurus*, maliban sa isang liham ng "pagpapatibay" ng isang kritiko mula sa UP-Sanggunian ng Wikang Filipino.

Isa ring tagapanguna sa Filipinisasyon ng iba't ibang larangan, gaya ng kasalukuyang pananaliksik, ang tesis ni Natividad A. Mendigo sa Unibersidad ng Pilipinas na may pamagat na *Diksyunaryo ng Paggawa sa Pilipinas* (2003). Ayon mismo kay Mendigo, ang kanyang pananaliksik ay siyang "kauna-unahang pagtatangka upang makalap at maisaayos ang mga salitang may kaugnayan sa paggawa, manggagawa at relasyong industriyal." Nakapangalap si Mendigo ng 349 salitang lahok mula sa mga *journal*, manwal at teksbuk tungkol sa paggawa. Pinili niya ang mga terminong madalas gamitin sa mga nalathalang sanggunian, gayundin ang mga nasa *syllabi* ng mga asignaturang may kaugnayan sa *labor education* at *industrial relations*. May mga salita rin siyang kinalap sa pamamagitan ng mga *training specialist* ngunit hindi tinukoy sa pananaliksik kung alin sa mga salitang lahok ang pinili sa pamamagitan ng prosesong ito. Gaya ng kasalukuyang pananaliksik, ang tesis ni Mendigo ay nagbigay-tuon sa praktikalidad ng isang glosaryo na madaling maunawaan dahil malinaw ang mga pagpapakahulugan. Pinanatili rin niya sa Ingles ang mga salitang lahok na mahirap isalin. Gayunman, gaya ng *thesaurus* ni Sebastian, ang *diksyunaryo* ni Mendigo ay walang malinaw na pagtukoy at pagpapaliwanag sa balidasyon nito, maliban sa isang liham ng "pagpapatibay" ng isang kritiko mula sa School of Labor and Industrial Relations ng Unibersidad ng Pilipinas.

Higit na komprehensibo naman kung ihahambing sa iba pang binanggit na pananaliksik ang *Filipino sa Masaklaw na Edukasyon: Tungo sa Pagbuo ng Diksyonaryo sa Komunikasyon* na tesis ni Mary Jane Espiritu-Reblando (2004) sa Unibersidad ng Pilipinas. Nakapangalap ng 2,000 salitang lahok si Espiritu-Reblando mula sa 10

kategorya/larangan gaya ng wika, komunikasyon, pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita, retorika at iba pa. Sa bawat salitang lahok ay ibinigay ni Espiritu-Reblando ang bigkas, bahagi ng pananalita, etimolohiya, depinisyon at halimbawa ng gamit sa pangungusap. Karamihan sa mga salitang lahok ay hinango niya sa mga teksbuk na ginagamit sa pangunahing unibersidad sa pambansang rehiyong kabisera.

Wikang pasulat din ang pinagtuunang-pansin ni Virgilio Enriquez, ang pasimuno o *pioneer* ng paggamit ng Filipino sa sikolohiya, sa kanyang tesis na *Ang Pagsusulat at Paglalathala sa Wikang Filipino sa Mga Piling Larangan ng Sikolohiya* (1983). Luma na ang pananaliksik ni Enriquez ngunit hindi matatawaran ang ambag nito sa Filipinisasyon ng mga asignaturang nakahanay sa *arts* o mga sining, gaya ng panitikan. Inilarawan ni Enriquez sa kanyang pananaliksik ang paggamit ng wikang Filipino sa mga sulatin at lathalaing batay sa mga pananaliksik at mga kumperensya sa sikolohiya. Tinuklas din niya ang mga paraang ginamit sa pagbuo ng mga terminolohiya at mga kalakaran sa pagpapatibay ng Filipino sa mga piling larangan ng sikolohiya.

Sa kabuuan, humalaw ng inspirasyon ang kasalukuyang pananaliksik sa mga inilahad na pag-aaral tungkol sa pagbuo ng mga glosaryo at diksyunaryo sa wikang Filipino. Bagamat katulad din ng ibang pag-aaral sa aspekto ng pagkalap ng mga salita sa tulong ng mga aklat-sanggunian, malamang na isa ito sa kauna-unahang glosaryong Filipino sa panitikan. Katunayan, wala ni isang tesis o disertasyon na bumuo ng glosaryo sa panitikan ang natagpuan sa aklatan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas at maging sa Pambansang Aklatan, sa panahong isinagawa ng mananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral.

Kabanata III

Pamamaraang Ginamit at Pinagkunan ng Mga Datos

Anumang akademikong pag-aaral ay nangangailangan ng ibayong tiyaga at pagsisikhay upang makasunod sa pagsasagawa ng mga nararapat na hakbang sa siyentipikong pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay binuo sa pamamagitan ng paglalapat ng prosesong ginagabayan ng mga teorya at kaisipan sa akademikong pananaliksik.

3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ng paraang palarawan o deskriptibong pamamaraan ang pananaliksik na ito. Ang pamamaraang ito'y mabisa sa paglalarawan ng kasalukuyang sitwasyon ng mga bagay (Walliman 2002). Karaniwan itong ginagamit sa pananaliksik ukol sa panitikan, linggwistika at agham panlipunan.

3.2 Seting ng Pag-aaral

Isinagawa ang kasalukuyang pag-aaral sa Colegio San Agustin (CSA) sa Palm Avenue, Dasmariñas Village, Makati. Ang CSA ay isang institusyong Romano Katoliko (nagpapalaganap at naglalapat ng Romano Katolisismo) ngunit hindi *sectarian* (tumatanggap ng mga mag-aaral na di Katoliko) na pinamamahalaan ng ordeng Agustino. May humigit-kumulang 1,600 mag-aaral ang mataas na paaralan o *high school* nito na binubuo kapwa ng mga lalaki't babae. Mayorya sa mga mag-aaral ay Pilipino bagamat may humigit-kumulang 300 estudyante sa mataas na paaralan ng CSA ang dayuhan (Koreano, Indian, Hapon, Instik, Amerikano, British atbp.) Nagsimula ang pananaliksik sa unang linggo ng Abril 2009 hanggang sa unang linggo ng Marso 2010.

3.3 Mga Kalahok sa Pag-aaral

Kalahok sa kasalukuyang pananaliksik ang animnapu't apat (64) na estudyante na pinili sa pamaraang *purposive sampling*. Dalawang seksyon sa ikaapat na taon ang pinili sa pamamagitan ng nabanggit na paraan at pinasagot ng talatanungan. Ang dalawang seksyong pinili ay kapwa nasa ikaapat na taon (mga seksyong tinuturuan ng mananaliksik). Naging respondent din ang pitong (7) guro ng Filipino sa mataas na paaralan ng Colegio San Agustin. Dalawang eksperto sa panitikan na nagtuturo sa kolehiyo at kapwa tapos ng doktorado sa linggwistika at literatura ang sinangguni rin ng mananaliksik sa pagrerebisa ng glosaryo.

3.3.1 Mga Mag-aaral

Ang mga mag-aaral na kalahok sa pananaliksik na ito ay pinili sa paraang *purposive*. Isa sa dalawang seksyong kinabibilangan ng mga estudyanteng respondent ay *high-average*, samantalang *heterogeneous* naman ang isa pa. Ang edad ng mga mag-aaral na kalahok ay mula 16-18.

3.3.2 Mga Guro

Samantala, ang mga gurong respondent naman ay mga kapwa guro ng mananaliksik sa mataas na paaralan ng Colegio San Agustin. Tatlo sa mga guro ang lalaki at apat naman ang babae. Nasa pagitan ng 22-48 ang gulang ng mga gurong respondent. Lahat sila ay Filipino *major* maliban sa isa na ang *major* ay Agham Panlipunan bagamat Filipino ang kanyang *minor*.

3.4 Mga Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Isang set ng talatanungan ang inihanda ng mananaliksik para sa lahat ng reaktor. Hinalaw at nirebisa ang talatanungang ginamit ni Virginia Dulfo (2005) sa kanyang tanging proyekto, kung saan ginamit ang *3-point scale* sa pagsusuri sa mga aspekto ng glosaryo. Makikita sa Apendiks B ang sipi ng talatanungang ito.

3.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral

Isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang upang maisakatuparan ang kasalukuyang pag-aaral:

3.5.1 Pagkalap at pagbasa ng mga aklat sa panitikan.

Ang mananaliksik ay naglikom at nagbasa ng mga aklat sa panitikan sa wikang Filipino at Ingles upang malaman ang mga karaniwang terminong ginagamit sa asignaturang ito. Binasa rin ng mga mananaliksik ang maraming *e-book* at artikulo sa iba't ibang *website* ukol sa panitikan upang lalong mapalawak ang *corpus* na maaaring pagkunan ng mga terminolohiya para sa glosaryo. Sinangguni rin ang "Gabay sa Operasyunalisasyon ng Filipino" na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagsasakatuparan ng hakbang na ito.

3.5.2 Pagpili at Pagtatala ng mga termino sa panitikan

Ginawa ito sa pamamagitan ng pagtatala ng mga terminolohiyang kinalap mula sa iba't ibang sangguniang binanggit sa unang hakbang. Partikular na nakatulong sa hakbang na ito ang mga maiikling glosaryo at talaan ng nilalaman ng masasaklaw na sanggunian sa panitikan na nakasulat sa wikang Ingles. Sa kabuuan, pumili ng halos 200 termino ang mananaliksik mula sa iba't ibang sanggunian.

3.5.3 *Pagbibigay ng katumbas na salin o adapasyon ng orihinal na termino*

Gaya ng nabanggit na sa limitasyon ng pag-aaral, hindi aktibong nagtangka ang mananaliksik na ihanap ng katumbas sa Filipino ang bawat salitang lahok. Kung walang gamitin (*common*) na panumbas/katumbas ang mga terminolohiyang Ingles (tulad ng *foreshadowing*) at Latin (gaya ng *deus ex machina*), pinanatili na lamang sa orihinal ang mga salitang lahok.

3.5.4 *Pagbibigay ng kahulugan sa bawat salitang lahok*

Sa halip na isalin sa paraang literal ang mga kahulugan sa Ingles, hinalaw ng mananaliksik ang mga depinisyong Ingles. Simple at eksakto ang pagpapakahulugang ibinigay sa bawat salitang lahok. Sa maraming pagkakataon, naglagay ng mga halimbawang makapaglilinaw o *illustrative example* ang mananaliksik upang higit na maunawaan ng mambabasa ang isang terminolohiya.

3.5.5 *Pagsasagawa ng balidasyon*

Pinagsagot ng talatanungan ang 64 na estudyante, 7 guro sa mataas na paaralan at 2 eksperto sa panitikan na nagtuturo sa kolehiyo upang malaman kung katanggap-tanggap sa kanila ang glosaryong inihanda. Naglaan din ng espasyo sa talatanungan para sa mga puna at/o mungkahi ng mga respondent ukol sa binuong glosaryo.

3.5.6 *Pagrebisa sa glosaryo*

Nirebisa ang glosaryo batay sa puna at mga mungkahi ng mga respondent at sa pamamagitan din ng paulit-ulit na pagbasa ng mananaliksik sa binuong glosaryo.

Kabanata IV

Paglalahad at Pag-aanalisa ng Datos

Mababasa sa kabanatang ito ang mga detalye ng kinalabasan ng mga hakbang sa kasalukuyang pananaliksik.

4.1 Pagbuo ng glosaryo

Narito ang mga hakbang na isinagawa sa pagbuo ng glosaryo at ang mga datos na nakalap sa bawat hakbang:

1. Pagkalap at pagbasa ng mga aklat sa panitikan.

Ang mananaliksik ay naglikom at nagbasa ng mga aklat sa panitikan sa wikang Filipino at Ingles upang malaman ang mga karaniwang terminong ginagamit sa asignaturang ito. Binasa rin ng mananaliksik ang maraming *e-book* at artikulo sa iba't ibang *website* ukol sa panitikan upang lalong mapalawak ang *corpus* na maaaring pagkunan ng mga terminolohiya para sa glosaryo. Sinangguni rin ang "Gabay sa Operasyunalisasyon ng Filipino" na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagsasakatuparan ng hakbang na ito. Kinalap ang mga salitang lahoc mula sa mga masasaklaw na sanggunian sa panitikan, partikular ang mga sumusunod: *A Dictionary of Literary Symbols (2nd Edition)* ni Michael Ferber (2007), *The Penguin Dictionary of Literary Terms and Literary Theory* ni J.A. Cuddon at C.E. Preston (1999), *A Glossary of Literary Terms (Seventh Edition)* ni M.H. Abrams (1999), *Longman Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics* ni Jack C. Richards et al. (2002), *Understanding Literature (An Introduction to Reading and Writing)* ni Walter Kalaidjian (2004) at *Discovering Literature: Stories, Poems and Plays (3rd Edition)* ni Hans P.

Guth at Gabriele Rico (2002). Ginamit din sa pangangalap ng mga salitang lahok ang ilang mga lokal na sanggunian at mga *online* na akademikong babasahin (makikita sa talasanggunian ang buong listahan).

2. Pagpili at pagtatala ng mga termino sa panitikan

Sa kabuuan, pumili ng halos 200 termino ang mananaliksik mula sa iba't ibang sanggunian. Inalis ng mananaliksik sa talaan ang mga salitang madali lamang masaliksik ang kahulugan. Pinagtuunang-pansin sa pagpili ang mga salitang kadalasang nakalilito sa mga mag-aaral at relatibong bago sa larangan ng panitikan. Inayos nang paalbedo ang mga salitang lahok, alinsunod sa Bagong Alpabetong Filipino. Ang burador (*draft*) ng glosaryo ay naglalaman ng 178 salitang lahok (*entry*). Ginamit ang mga sumusunod na daglat (*abbreviation*) sa glosaryo: AIn. <Aleman/*German*>, Gyo. <Griyego>, Ltn. <Latin>, Rso. <Ruso/*Russian*> at Ilk. <Ilokano>. Inilagay ang mga nasabing daglat upang tukuyin ang wikang pinanggalingan ng ibang salitang lahok, kapag ito'y hindi mula sa Ingles, gaya ng salitang lahok na "bildungsroman" <AIn.> at "syuzhet" <Rso.>. Inilagay sa panaklong ang naka-*italics* na karagdagang paliwanag/halimbawa na may kaugnayan sa salitang lahok.

3.5.3 Pagbibigay ng katumbas na salin o adapsyon ng orihinal na termino

Karamihan sa mga salitang lahok ay natumbasan sa Filipino. Sa inihandang burador, kapag mas gamitin ang terminong Ingles at hindi pa gaanong popular ang terminong Filipino, ang terminong Ingles ang itinatala ng mananaliksik bilang pangunahing salitang lahok (*main entry*). Gayunman, batay sa puna ng mga reaktor, para sa pinal na burador, ginawang iisa o *uniform* ng mananaliksik ang estilo ng

pagtatala ng mga salitang lahok sa pamamagitan ng pagtatala sa terminong Filipino bilang pangunahing salitang lahok. Hindi aktibong nagtangka ang mananaliksik na ihanap ng katumbas sa Filipino ang bawat salitang lahok. Kung walang gamitin (*common*) na panumbas/katumbas ang mga terminolohiyang Ingles (tulad ng *foreshadowing*) at Latin (gaya ng *deus ex machina*), pinanatili na lamang sa orihinal ang mga salitang lahok.

Hindi nabigyan ng katumbas (maaaring sa Ingles o sa Filipino) ang mga sumusunod na salitang lahok: anticlimax, antihero, awit (ang uri ng tulang pasalaysay na di naman maaaring tumbasan ng “*song*”), baroque, bathos, bildungsroman, consonance, couplet, *deus ex machina*, diegesis, *dramatis personae*, duplo, epigram (na madaling hiram sa sapagkat akma sa palabaybayang Filipino), epithalamion, euphony, flashback/analepsis (bagamat iminumungkahing ipalaganap ang analepsis bilang panumbas sa Filipino sapagkat akma naman sa palabaybayang Filipino ang istruktura nito), flat character (hindi matanggap ng mananaliksik ang saling “tauhanang lapad” dahil sa konotasyon ng salitang “lapad” sa Filipino), genre, haiku (na bagamat galing sa Hapon ay matagal nang bahagi ng wikang pambansa), incunabula, in medias res, kalusan, karagatan, korido, ladino, melodrama (na madali ring hiram sa sapagkat akma sa palabaybayang Filipino), memoirs, moro-moro, novella, pastoral (na madali ring hiram sa sapagkat akma sa palabaybayang Filipino), peripety, persona (na madali ring hiram sa sapagkat akma sa palabaybayang Filipino), Queer Theory, round character (hindi matanggap ng mananaliksik ang saling “tauhanang bilugan” dahil sa konotasyon ng salitang “bilugan”), sarswela, saynete, soliranin, fabula, talindaw, tanaga (na bagamat

galing sa Hapon ay matagal nang bahagi ng wikang pambansa), tibag at syuzhet/suzhet.

Hangga't maaari ay sinunod ng mananaliksik ang palabaybayan ng 2008 na inilabas ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Gayunman, tinumbasan ng "Feminismo" ang "Feminism," panumbas na hindi sumusunod sa tuntunin ng palabaybayang Filipino. Kakatwa ang suliranin ng "Feminism" sapagkat walang sangguniang aklat sa Filipino ang gumamit ng "Peminismo," bunsod marahil ng malakas pa ring impluwensya ng "2001 Revisyon" sa kabila ng pagbabasura rito ng KWF noong 2008.

3.5.4 Pagbibigay ng kahulugan sa bawat salitang lahok

Sa halip na isalin sa paraang literal ang mga kahulugan sa Ingles, hinalaw ng mananaliksik ang mga depinisiyong Ingles. Simple at eksakto ang pagpapakahulugang ibinigay sa bawat salitang lahok. Sa maraming pagkakataon, naglagay ng mga halimbawang makapaglilinaw o *illustrative example* ang mananaliksik upang higit na maunawaan ng mambabasa ang isang terminolohiya. Ang bawat *illustrative example* ay nakapaloob sa {}.

Partikular na naging mahirap ang pagbibigay ng kahulugan sa mga teoryang pampanitikan dahil sa maligoy na depinisyon sa iba't ibang sanggunian. Sa burador ng glosaryo, halos walang ginamit na salitang Ingles ang mananaliksik sa pagbibigay ng depinisyon. Gayunman, dahil sa mungkahi ng mga estudyanteng respondent, inilagay ng mananaliksik sa panaklong o kaya'y panipi ang katumbas sa Ingles ng mga salitang Filipino na mahirap maunawaan ng mga di Tagalog o kaya'y ng mga Pilipino na mas bihasa sa Ingles kaysa sa Filipino.

3.5.5 Pagsasagawa ng balidasyon

Pagkatapos na ihanda ang burador ng glosaryo, isinailalim ito sa proseso ng balidasyon sa pamamagitan ng pagpapasagot ng talatanungan sa mga sumusunod na reaktor: dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon (sa kabuuan, 64 mag-aaral ang nagsilbing reaktor), pitong guro sa mataas na paaralan, na pawang pinili sa pamaraang *purposive sampling* sa paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik, at dalawang eksperto sa panitikan na kapwa nagtapos ng doktorado sa linggwistika at literatura.

3.5.6 Pagrebisa sa glosaryo

Nirebisa ang glosaryo batay sa puna at mga mungkahi ng mga respondent at sa pamamagitan din ng paulit-ulit na pagbasa ng mananaliksik sa binuong glosaryo.

4.2 Resulta ng Pagtataya

Pagtataya ng Mga Mag-aaral

Ipinakikita ng sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagtataya ng 64 na mag-aaral sa burador ng glosaryo.

Talahanayan 1: Resulta ng Pagtataya ng Mga Mag-aaral

Kraytirya	3 (Napakahusay)	2 (Mahusay)	1 (Hindi Mahusay)
1. Natumbasan nang wasto sa Filipino ang mga salitang lahok sa Ingles	75%	25%	
2. Malinaw ang pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok	62.5%	37.5%	
3. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan	50%	47%	3%
4. Nakatulong ang mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok	68.75%	31.25%	
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik ng panitikan	83%	17%	

Alinsunod sa Talahanayan 1, malaking mayorya ng mga mag-aaral (75%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagbibigay ng katumbas nang wasto sa Filipino ng mga salitang lahok sa Ingles. Mayorya rin ng mga mag-aaral (62.5%) ang nagpahayag na napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng malinaw na pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok. Malaki-laking porsyento na ang antas ng pagtanggap na ito sa inihandang glosaryo lalo pa kung isasaalang-alang ang katotohanan na karamihan sa mga mag-aaral na respondent ay mas bihasa sa Ingles at hindi gaanong gumagamit ng Filipino sa labas ng paaralan.

Samantala, kalahati ng bilang ng mga estudyanteng respondent (50%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagkakaroon ng iisang himig at estilo na taglay ng kabuuan nito. Halos tatlong-kapat naman ng mga estudyanteng respondent (68.75%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng tulong na naibigay ng mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok. Samakatwid, wasto ang pasya ng mananaliksik na maglagay ng mga *illustrative example* sa maraming pagkakataon. Sa aspekto naman ng tulong na maibibigay ng glosaryo sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik ng panitikan, malaking mayorya (83%) ng mga estudyanteng respondent ang nagsabing napakahusay ng inihandang glosaryo.

Narito naman ang resulta ng pagtataya ng pitong guro at ng dalawang eksperto sa panitikan:

Talahanayan 2: Resulta ng Pagtataya ng Mga Guro at Eksperto sa Panitikan

Kraytirya	3 (Napakahusay)	2 (Mahusay)	1 (Hindi Mahusay)
1. Natumbasan nang wasto sa Filipino ang mga salitang lahok sa Ingles	56%	44%	
2. Malinaw ang pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok	56%	44%	
3. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan	78%	22%	
4. Nakatulong ang mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok	78%	22%	
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik ng panitikan	89%	11%	

Batay sa ipinakikita ng Talahanayan 2, mahigit kalahati ng mga guro at ekspertong respondent (56%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagbibigay ng katumbas nang wasto sa Filipino ng mga salitang lahok sa Ingles.

Samantala 44% naman ng mga guro at ekspertong respondent ang nagpahayag na mahusay ang glosaryo sa nasabing aspekto. Gayong pigura rin ang lumitaw sa aspekto ng malinaw na pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok.

Malaking mayorya (78%) naman ng mga guro at ekspertong respondent ang nagpahayag na napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng pagkakaroon ng iisang himig at estilo na taglay ng kabuuan nito. Gayon ding pigura ang lumitaw sa aspekto ng tulong na dulot ng mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok.

Malaking mayorya rin (89%) ng mga guro at ekspertong respondent ang nagsabing napakahusay ng glosaryo sa aspekto ng tulong na maibibigay nito sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik ng panitikan.

4.3 Pagrebisa sa Glosaryo

Batay sa mga puna ng mga reaktor, nirebisa ng mananaliksik ang glosaryo. Para sa pinal na burador, ginawang iisa o *uniform* ng mananaliksik ang estilo ng pagtatala ng salitang lahok sa pamamagitan ng pagtatala sa terminong Filipino bilang pangunahing salitang lahok. Kasunod ng terminong Filipino ay matatagpuan ang katumbas ng salitang lahok sa Ingles kung mayroon, at ang kahulugan o depinisyon ng salitang lahok.

Pinakinis at pinalinaw pa ang depinisyon ng bawat salitang lahok sa pamamagitan ng paglalagay ng katumbas sa Ingles ng mga salitang Filipino na hindi madaling mauunawaan ng mga mambabasang walang gaanong kaalaman o *schema* sa panitikan at/o mahina ang kaalaman sa wikang Filipino.

Sa proseso ng rebisyon, tinangka ng mananaliksik na isa-Filipino rin ang ilan sa mga salitang lahok sa Ingles na sa burador ay hindi natumbasan sa Filipino. Ang mga salitang lahok na dating walang katumbas na natumbasan ay ang mga sumusunod na pares: "euphemism" at "paglumanay," "balagtasán" at "poetic joust," "cacophony" o "dissonance" at "disonansya," "catharsis" at "katarsis," "choral character" at "tauhang koro," "emphaty" at "empatiya," "epithet" at "taguri," "mock epic" at "epikong huwad," "senakulo" at "passion play."

4.4 Pinal na Glosaryo

Batay sa rekomendasyon ng mga reaktor, idinagdag ng mananaliksik ang mga sumusunod na lahok sa glosaryo: alternate universe fiction, fanfiction, manga, pahayagan, protagonista, apocalyptic fiction, post-apocalyptic fiction, classics/klasiko, tono, serye, strophe, Koro, antistrophe, panitikan, climax, hamartia, kabanata, aphorism, verse, excerpt, synopsis, poetry, prose, teoryang pampanitikan, taludtod, blank verse, lampoon, satire, pseudonym, rhyme, frame tale, grotesque, anagram, sawikain, prologue, epilogue, spin-off, pulp fiction, anachronism, prequel, trilogy, sequel, Mary Sue, acrostic poem, placard poem, renaissance, cliché, tulang dagli, kwentong dagli, kolonyalismo, neokolonyalismo, hegemonya, Machiavellian, indayog, saga, opera, operetta, thriller, science fiction, fiction, non-fiction, paradox, oxymoron, litotes, rhetorical question, posthumous, eskapista, dulang musikal, musical film, kuwento ng katutubong kulay, kuwentong sikolohiko, anaphora, androgynous, burlesque, banghay, anagnorisis, avant-garde, Dadaism, estetika, futuristic fiction, epigraph, pastiche, humanismo, impresyunismo, soliloquy at verisimilitude.

Pagkatapos maidagdag ang mga nabanggit na termino, ang glosaryo ay naglalaman na ng 263 (mula sa dating 178) na salitang lahok na may depinisyon.

Narito ang talahanayan na nagpapakita ng bilang ng mga salitang lahok para sa bawat titik ng alpabetong Filipino:

Talahanayan 3: Bilang ng Lahok sa Bawat Titik ng Alpabetong Filipino

Titik	Bilang ng Lahok	Porsyento
A	22	8.00%
B	14	5.00%
C	2	0.75%
D	16	6.00%
E	14	5.00%
F	3	1.00%
G	2	0.75%
H	5	2.00%
I	7	3.00%
J	0	0.00%
K	38	14.00%
L	2	0.75%
M	19	7.00%
N	5	2.00%
Ñ	0	0.00%

NG	0	0.00%
O	7	3.00%
P	47	18.00%
Q	1	0.40%
R	3	1.00%
S	20	8.00%
T	33	12.5%
U	1	0.40%
V	1	0.40%
W	0	0.00%
X	0	0.00%
Y	1	0.40%
Z	0	0.00%
KABUUAN	263	100%

Hinati sa tatlong bahagi ang glosaryo. Ang una at ikalawang bahagi ay inilagay para sa mabilisang paghahanap ng mga salitang lahok, kaya mga salitang lahok lamang at katumbas nito ang nakatala sa mga bahaging ito.

Sa unang bahagi, terminong Ingles (kung mayroon) ang nasa pangunahing lahok. Kasunod ng bawat terminong Ingles ang terminong Filipino na katumbas nito (kung mayroon).

Sa ikalawang bahagi, terminong Filipino (kung mayroon) ang nasa pangunahing lahok. Kasunod ng bawat terminong Filipino ang terminong Ingles na katumbas nito (kung mayroon).

Sa ikatlong bahagi matatagpuan ang depinisyon ng bawat salitang lahok. Terminong Filipino ang ginawang pangunahing lahok (maliban kung walang katumbas ang termino sa Filipino). Kasunod ng terminong Filipino ang katumbas nito sa Ingles (kung mayroon man) at ang depinisyon nito sa Filipino.

Naglagay rin ng ilang *cross references* ang mananaliksik. Halimbawa, makikita sa depinisyon ng salitang lahok na “akdang klasiko” o “classics” ang *cross reference* sa kaugnay na salitang lahok na “kanon ng panitikan.”

Inaasahan na ang pinal na glosaryo ay makapag-aambag nang malaki sa pag-aaral at pagtuturo ng panitikang Filipino, alinsunod na rin sa positibong resulta ng balidasyon.

4.5 Kinalabasan ng Pag-aaral

Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng hakbang sa pananaliksik, nabuo ng mananaliksik ang kauna-unahang panimulang “Glosaryo ng Panitikan” sa Filipino. Binubuo ito ng 263 salitang lahok na karamihan ay may katumbas sa wikang Ingles. Bawat salita ay binigyan ng malinaw na kahulugan sa Filipino at sa maraming pagkakataon, naglagay ng mga karagdagang halimbawa at paliwanag ang mananaliksik ukol sa salitang lahok (tinatawag na *illustrative example*).

Bawat titik sa 28 letra ng Alpabetong Filipino ay may salitang lahok, maliban sa titik J, Ñ, O, NG, W, X at Z. Samantala, pinakamaraming salitang lahok naman ang naitala sa titik P at K at T.

Inilapat ng mananaliksik ang Bagong Ortograpiya na inilabas ng KWF noong 2008 sa kabuuan ng glosaryo, maliban sa salitang “Feminismo” na pinanatili sa gayong porma dahil sa walang sanggunian na gumamit ng “Peminismo.”

Maraming relatibong bagong termino sa panitikan gaya ng *alternate universe fiction* at *fan fiction* ang nabigyan din ng kahulugan bukod pa sa mga salitang tradisyunal na matagal nang bahagi ng pag-aaral ng panitikan sa Pilipinas. Ang mga kontemporaryong salitang lahok na ito ay karaniwang hindi pa mababasa sa mga nakasulat na sanggunian sa Pilipinas. Bunsod nito, ginamit ng mananaliksik ang internet upang manaliksik ukol sa mga modernong terminong ito. Kung gayon, napatunayan ng kasalukuyang pananaliksik na malaki ang potensyal ng internet bilang daluyan at batis ng pananaliksik, partikular sa mga larangan ng panitikan na sumisibol pa lamang.

Napatunayan din ng kasalukuyang pananaliksik na mabisang gamitin ang wikang Filipino sa pagbuo ng glosaryo ng panitikan, batay na rin sa mataas na antas ng pagtanggap ng mga respondent sa inihandang glosaryo. Ang ganitong obserbasyon ay nagpapatibay rin sa katotohanan na maraming eksaktong salitang panumbas ang wikang Filipino sa larangan ng panitikan. Katunayan, mayorya ng mga terminong Ingles ay natumbasan sa Filipino. Gayunman, may mga terminong Ingles din gaya ng “anagnorisis” at “androgynous” na sadyang hindi pa matutumbasan sa Filipino. Mayroon

din namang mga salita sa Filipino na hindi matumbasan sa Ingles gaya ng "awit" na kapag ginamit sa panitikang Filipino ay iba ang konteksto sa "song" ng Ingles.

Hindi maiiwasan ang panghihiram ng salita sa paggawa ng mga glosaryo, lalo na sa larangan ng panitikan dahil ang panitikan ng Pilipinas ay naimpluwensyahan ng panitikan ng iba't ibang bansa. Sa panghihiram, may mga terminong gaya ng "anagram," "anagnorisis" at "bathos" na napakadaling hiramín at asimilahin dahil sa ang pagbabaybay ng mga salitang ito ay batay rin sa paraan ng pagbigkas nito, samakatwid baga'y alinsunod sa tuntuning "kung ano ang bigkas ay siyang baybay" sa Ortograpiyang Filipino. Bunsod din ng ganitong dahilan, mayorya ng mga salitang hiram sa panitikan ay mga salitang hiniram sa Espanyol. Ang Espanyol, kagaya ng wikang Filipino ay mas *phonetic* o mas sumusunod sa tuntuning "kung ano ang bigkas ay siyang baybay" kaysa sa Ingles.

Kabanata V

Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon

5.1 Lagom

Kailangang-kailangan sa istandardisasyon at intelektwalisasyon ng isang wika ang pagbuo ng mga glosaryo, tesawro at diksyunaryo sapagkat ang mga sangguniang ito ay relatibong mas permanente at mas awtoritatibo pagdating sa pangangalap ng mga salitang lahok at pagibigay-depinisyon sa mga ito. Bibilis ang komunikasyon kapag nakapagdebelop ng maraming glosaryo, tesawro at diksyunaryo sapagkat madaling mauunawaan ang sinasabi ng iba kahit ngayon pa lamang ito narinig. Bukod dito, lalago rin ang kaalaman at yayabong ang karunungan, kahit sa isang bansang malaon nang malaki ang kakulangan sa pondo para sa edukasyon.

Sa ganitong diwa, napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga glosaryo at diksyunaryo sa bawat bansa, kaya nga kung nagsisikhay ang ibang bansa na bumuo ng kanilang glosaryo at diksyunaryo sa iba't ibang larangan, panahon nang tumulad sa kanilang magandang halimbawa ang mga mananaliksik sa Pilipinas upang makatulong din sa mga mag-aaral ng bansa na uhaw sa mga kagamitang panturo at sangguniang aklat sa iba't ibang asignatura na nakasulat sa Filipino, ang wikang kanilang higit na ginagamit at mas nauunawaan kaysa sa anupamang wikang banyaga.

Isa sa mga larangan na matagal nang itinuturo sa wikang Filipino ang panitikan, ngunit kakatwang halos wala pang naitatalang pagsusumikap ng isang mananaliksik sa mga tanging proyekto, tesis at disertasyon ang nangahas na bumuo ng glosaryo ng panitikan sa wikang Filipino. Katunayan, ang katangi-tanging glosaryo sa panitikan na

nabuo sa bansa – batay sa pananaliksik na isinagawa sa Pambansang Aklatan at sa mga aklatan ng mga pangunahing unibersidad sa pambansang kabisera – ay nakasulat sa Ingles. Sa ganitong diwa, isang munti ngunit di matatawarang ambag sa pag-aaral at pagtuturo ng panitikang Filipino at sa leksikograpiyang Filipino, ang pagbuo ng isang glosaryong Filipino sa panitikan.

Inihanda ng mananaliksik ang glosaryong ito sa pamamagitan ng pangangalap ng mga termino mula sa mga komprehensibong sanggunian sa panitikan na karamiha’y Ingles ngunit mayroon ding mga lokal na sanggunian na ginamit. Pinagsumikapang halawin, palinawin at pasimplehin ang mga depinisyon ng mga salitang lahoc upang maging makabuluhan ang glosaryong binuo.

Pagkatapos na ihanda ang burador ng glosaryo na binubuo ng 178 pangunahing salitang lahoc, isinailalim ito sa proseso ng balidasyon sa pamamagitan ng pagpapasagot ng talatanungan sa mga sumusunod na reaktor: dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon (sa kabuuan, 64 mag-aaral ang nagsilbing reaktor); pitong guro sa mataas na paaralan, na pawang pinili sa pamaraang *purposive sampling* sa paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik; at dalawang eksperto sa panitikan na kapwa nagtapos ng doktorado sa linggwistika at literatura.

Batay sa puna at mungkahi ng mga reaktor, nirebisa, pinabuti at dinagdagan ang glosaryo. Hinati sa tatlong bahagi ang glosaryo. Ang una at ikalawang bahagi ay inilagay para sa mabilisang paghahanap ng mga salitang lahoc, kaya mga salitang lahoc lamang at katumbas nito ang nakatala sa mga bahaging ito. Sa ikatlong bahagi matatagpuan ang depinisyon ng bawat salitang lahoc. Terminong Filipino ang ginawang

pangunahing lahok (maliban kung walang katumbas ang termino sa Filipino). Kasunod ng terminong Filipino ang katumbas nito sa Ingles (kung mayroon man) at ang depinisyon nito sa Filipino.

Pagkatapos maidagdag ang mga terminong itinala ng mga reaktor, ang glosaryo ay naglalaman na ng 263 (mula sa dating 178) na salitang lahok na may depinisyon. Sa kabuuan ay positibo ang naging resulta ng balidasyon ng glosaryo: katanggap-tanggap ang glosaryo ayon sa 64 mag-aaral, 7 guro at 2 eksperto sa panitikan na kinonsulta ng mananaliksik.

5.2 Kongklusyon

Sa pamamagitan ng matiyagang pananaliksik at batay sa mga nakalap na datos, nabuo ng mag-aaral ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Mayaman sa mga eksaktong salitang panumbas ang wikang Filipino sa larangan ng panitikan. Ang mga umiiral na salitang Filipino ay magagamit na panumbas sa mga terminong Ingles nang di nagbabago ang kahulugan at nang walang nawawala sa linaw at kabuuan ng salitang tinutumbasan.
2. Malaki ang pangangailangan sa isang glosaryong magtatala ng mga salitang panumbas at mga depinisyon ng mga terminong pampanitikan sa wikang Filipino sapagkat wala pang glosaryo ang nagbigay-tuon sa panitikan, maliban sa isang glosaryong Ingles sa Unibersidad ng Pilipinas na inihanda mahigit 15 taon na ang nakararaan.

3. Ang pagbuo ng glosaryong ito ay isang panimulang hakbang na makatutulong sa pangkalahatang pagsisikhay ng mga mananaliksik tungo sa intelektwalisasyon, elaborasyon at nasyonalisasyon ng wikang pambansa.
4. Kailangang tuluy-tuloy na gamitin ang mga terminong naitala sa glosaryo upang maging bahagi na ito ng leksikon ng Filipino.
5. May mga terminolohiya sa panitikan na sadyang mahirap o halos imposibleng tumbasan sa wikang pambansa at may mga terminolohiya rin sa panitikan na mahirap namang tumbasan sa Ingles.
6. Malaki ang potensyal ng internet bilang daluyan at batis ng pananaliksik, sapagkat may mga sumisibol na terminolohiyang pampanitikan gaya ng “Mary Sue,” “alternate universe fiction” at “fanfiction” ang hindi pa nalalathala sa mga pangunahing sangguniang pampanitikan na nakasulat sa Filipino, ngunit matatagpuan sa iba’t ibang webpurok o *website* sa internet.
7. Nananatiling tradisyunal ang mga pampanitikang *genre* na inilalathala sa mga pangunahing sangguniang pampanitikan na nakasulat sa Filipino, kaya’t wala halos sangguniang Filipino ang makakalap tungkol sa mga sumisibol na *genre* ng panitikan.
8. Sumisibol pa lamang ang leksikograpiyang Filipino at karamihan sa mga pananaliksik sa larangang ito ay nakatuon pa sa mga asignaturang humanidades, agham panlipunan at komunikasyon, bagamat gaya ng nabanggit na ay halos wala pang pagtatangka ang mga naunang mananaliksik na bumuo ng glosaryong nakatuon lamang sa panitikan.
9. Sa panghihiram ng mga terminong pampanitikan, mas madaling manghiram sa Espanyol dahil sa pagiging *phonetic* din ng wikang ito, kagaya ng Filipino.

5.3 Rekomendasyon

Gaya ng anupamang pananaliksik, may mga limitasyon ang kasalukuyang pag-aaral na mapupunan ng iba pang pananaliksik at iba pang mga aksyon sa hinaharap. Kaugnay nito, narito ang mga rekomendasyon ng mananaliksik:

1. Mangalap pa ng mas maraming terminong pampanitikan sa Filipino upang makabuo ng higit na komprehensibong sanggunian.
2. Itagubilin sa mga mananaliksik, dalubwika, guro at mga estudyante na pangunahan ang paggamit at popularisasyon ng mga terminong pampanitikan sa mga diskurso upang maisakatuparan ang lubos na pag-asimila ng Filipino sa mga salitang ito.
3. Bigyang-diin sa bagong ortograpiya at gabay sa panghihiram ng salita na huling opsyon lamang ang panghihiram sa mga wikang banyaga.
4. Magtakda ng mga tiyak na tuntunin/gabay sa pag-asimila ng mga salitang banyaga, partikular sa pagbabaybay ng mga termino na gaya ng "Feminismo/Peminismo" at "Realismo/Reyalismo."
5. Ibasura ang batas na nag-uutos na Ingles ang gamiting wikang panturo sa lahat ng antas at gamitin ang pondong dapat sana'y gugugulin sa implementasyon nito, sa pagtustos sa mga pananaliksik tungo sa intelektwalisasyon, elaborasyon at nasyonalisasyon ng Filipino, partikular sa larangan ng leksikograpiya.
6. Magsagawa ng mga seminar-worksyap ukol sa leksikolohiya at leksikograpiya upang yumabong ang pananaliksik sa mga larangang nabanggit.

7. Ipalimbag ang mga glosaryo at diksyunaryong nabuo sa mga pamanahong papel, tesis at disertasyon ng marami-rami na ring mananaliksik, para aktwal na magamit ng mga mag-aaral.
8. Maglimbag ng masaklaw na diksyunaryong nakatuon lamang sa mga terminolohiyang pampanitikan.
9. Ilahok sa kurikulum ng panitikang Filipino ang pag-aaral sa mga sumisibol na *genre* ng panitikan gaya ng “alternate universe fiction” upang makasunod sa takbo ng literaturang pandaigdig ang mga Pilipino.
10. Magtatag ng samahang panleksikograpiya sa Filipino upang mapayabong pa ang larangang ito.
11. Magtakda ng bukod na eskaparate o espasyo sa mga aklatan para sa mga pananaliksik sa leksikograpiyang Filipino sa iba’t ibang larangan.
12. Magsagawa ng panibagong imbentaryo ng mga pananaliksik sa leksikograpiyang Filipino upang mapunan ang kakulangan sa mga larangang wala pang nabubuong glosaryo sa Filipino.
13. Mangalap ng mga termino mula sa mga wikang katutubo ng Pilipinas na maaaring itumbas sa mga terminong Ingles sa panitikan.
14. Bumuo ng isang bersyon ng Noli Me Tangere, El Filibusterismo, Florante at Laura, Mga Ibong Mandaragit, Dekada 70 at iba pang akdang klasiko sa Filipino, na may anotasyon hinggil sa mga terminong pampanitikan na may halimbawang makikita sa mga nasabing akda.

15. Maglaan ng pondo mula sa Kagawaran ng Edukasyon, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at Komisyon sa Wikang Filipino para sa mga pananaliksik sa leksikograpiya sa iba't ibang larangan.

TALASANGGUNIAN

Mga Aklat

Abad, Melania. "Neoliberalistang Pagpaplanong Pangwika: Tungo sa Komodipikado at Episyenteng Pagpapahayag" Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines. Ed. Bienvenido Lumbera et al. Lunsod ng Quezon: Ibon Foundation, Inc. 2007.

Abrams, M.H. A Glossary of Literary Terms (Seventh Edition). Boston: Heinle and Heinle, 1999.

Alagad-Abad, Marietta at Priscilla Castañeto-Ruedas. Filipino Bilang Tanging Gamit sa Pagtuturo (Binagong Edisyon). Lunsod ng Quezon: National Bookstore, 2001.

Almario, Virgilio. Pag-unawa sa Ating Pagtula (Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Pilipino). Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2006.

_____. "Pagpapayaman sa Wikang Filipino." Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas. Quezon City: Rex Book Store, 2002.

_____. "Mulang Tagalog Hanggang Filipino." Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas. Quezon City: Rex Book Store, 2002.

Almario, Virgilio S. et al., eds. UP-Diksiyonaryong Filipino. Lunsod ng Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 2001.

_____. Patnubay sa Pagsasalin. Lunsod ng Maynila: Pambansang Komisyon sa Sining at Kultura (NCCA), 1996.

Arrogante, Jose et al. Panitikang Filipino: Pampanahong Elektroniko (Binagong Edisyon). Lunsod ng Mandaluyong: National Book Store, 2007.

- Atienza, Monico M. Kilusang Pambansa-Demokratiko sa Wika. Lunsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 1992.
- Atienza, Monico M. at Constantino, Pamela C., eds. Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lunsod ng Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 1996.
- Bautista, Lualhati. Desaparesidos. Lunsod ng Mandaluyong: Cacho Publishing House, 2007.
- Bertens, Hans. Literary Theory: The Basics. London: Routledge, c.2001.
- Casanova, Arthur. "Intelektwalisasyon, Istandardisasyon at Modernisasyon ng Wikang Filipino." Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas. Ed. Ligaya Tiamson-Rubin et al. Lunsod ng Quezon: Rex Book Store, 2002.
- Considine, John. Dictionaries in Early Modern Europe: Lexicography and The Making of Heritage. New York: Cambridge University Press, 2008.
- Constantino, Pamela C., ed. Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL. Lunsod ng Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), at Pambansang Komisyon para sa Sining at Kultura, 2005.
- Croft, Steven at Helen Cross. Literary Criticism and Style: A Practical Guide to Advanced Level English Literature. Oxford: Oxford University Press, 2002.
- Cuddon, J.A. at C.E. Preston. The Penguin Dictionary of Literary Terms and Literary Theory. London: Penguin Books, 1999.
- Daroy, Petronilo and Dolores S. Feria, eds. Rizal: Contrary Essays. Lunsod ng Quezon: Guro Books, 1968.

- Davies, Alan at Catherine Elder, eds. The Handbook of Applied Linguistics. Oxford: Blackwell Publishing Ltd., 2004.
- Edroza-Matute, Genoveva. Walo at Kalahating Dekada ng Isang Buhay. Lunsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2001.
- Eagleton, Terry. Literary Theory: An Introduction. Massachusetts: Blackwell Publishing, 2005.
- Espiritu, Clemencia C. at Teresita F. Fortunato, mga editor. Guro: Mula Tsok Hanggang Internet (Aklat-Parangal kay Nenita P. Papa). Lunsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino Ink., 2006
- Ferber, Michael. A Dictionary of Literary Symbols (2nd Edition). Cambridge: Cambridge University Press, 2007.
- Gojo Cruz, Genaro R. "McDonaldisasyon ng Wikang Filipino." Guro Mula Tsok Hanggang Internet (Aklat-Parangal kay Nenita R. Papa). Eds. Clemencia C. Espiritu at Teresita F. Fortunato. Lunsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, 2006.
- Galdon, Joseph, ed. Essays on The Philippine Novel in English. Lunsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979.
- Garcia Marquez, Gabriel. One Hundred Years of Solitude. Gregory Rabassa (trans.). London: Penguin Books, 1972.
- Gottlieb, Erika. Dystopian Fiction: East and West (Universe of Terror and Trial). Montreal: McGill-Queen's University Press, 2001.

- Habib, M.A.R., A History of Literary Criticism: From Plato to the Present. Massachusetts: Blackwater Publishing, 2005.
- Haldeman, Joe. The Forever War. United States: St. Martin's Press, 1976.
- Harmon, William at C. Hugh Holman. A Handbook to Literature (6th Edition). New York: MacMillan Publishing Company, 1992.
- Hartmann, R.R.K. Teaching and Researching Lexicography. London: Pearson Educational Limited, 2001.
- Hartmann, R.R.K at Gregory James. Dictionary of Lexicography. New York: Routledge, 2002.
- Hernandez, Amado V. Isang Dipang Langit: Katipunan ng mga tula ni Amado V. Hernandez. Lunsod ng Quezon: Ken Incorporated, 1996.
- Ilagan, Bonifacio P., ed. Corruptionary: Natatanging Diksiyunaryo ng Mga Salitang Korapsyon. Lunsod ng Quezon: Center for People Empowerment in Governance (CenPEG).
- Jackson, Howard. Lexicography: An Introduction. London: Routledge, 2002.
- Jackson, Howard at Etienne Zé Amvela. Words, Meaning and Vocabulary: An Introduction to Modern English Lexicology (2nd Edition). London: Continuum, 2007.
- Joyce, James. A Portrait of The Artist As a Young Man. Middlesex: Penguin Books, 1976 (reprint).
- Kalaidjian, Walter et al. Understanding Literature (An Introduction to Reading and Writing). Boston: Mifflin Company, 2004.

Kintanar, Thelma et al. UP Cultural Dictionary for Filipinos. Lunsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 1996.

Komisyon sa Wikang Filipino. Wikang Filipino sa Larangang Akademiko: Kolokyum '96, '97, '98. Lunsod ng Maynila, 1998.

_____. Gawad Surian sa Sanaysay: Gantimpalang Collantes (1992-1998). Lunsod ng Maynila, 1998.

_____. English-Tagalog Dictionary (6th Edition). Lunsod ng Maynila, 2005.

Landau, Sidney. Dictionaries: The Art and Craft of Lexicography (2nd Edition). New York: Cambridge University Press, 2002.

Lopez, Salvador. Literature and Society. Manila: University Pub. Co., 1941.

_____. "Proletarian Literature: A Definition" Nationalist Literature: A Centennial Forum. Ed. Elmer A. Ordoñez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. 174-181.

Lumbera, Bienvenido. Poetika/Pulitika (Tinipong Mga Tula). Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.

Lumbera, Bienvenido et al., ed. Paano Magbasa ng Panitikang Filipino (Mga Babasahing Pangkolehiyo). Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.

Lumbera, Bienvenido et al., ed. Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines. Quezon City: Ibon Foundation, Inc. 2007.

- Melendrez-Cruz, Patricia. "The Modern Pilipino Short Story (1946-1972): Consciousness and Conter-Consciousness" Nationalist Literature: A Centennial Forum. Ed. Elmer A. Ordoñez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- McKean, Ian, ed. English Literature: Glossary of Literary Terms. Hodder Arnold Pub. c. 2000.
- McRae, John. The Language of Poetry. London: Routledge, 2003.
- Neruda, Pablo. Selected Poems: Pablo Neruda. Ben Belitt (trans.). New York: Grove Press, 1961.
- _____. Pablo Neruda: Late and Posthumous Poems: 1968-1974. Ben Belitt (trans.). New York: Grove Press, 1988.
- Nida, Eugene A. Toward a Science of Translating. Leyden: E. J . Brill, 1964.
- Ocampo, Nilo. "Mga Varayti ng Wika." Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. Ed. Jovy M. Peregrino et al. Lunsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, 2002. 2-18.
- _____. "Suruy-Suroy sa Palawan: Varayti ng Filipino sa Isang Multi-Etnikong Probinsya." Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. Ed. Jovy M. Peregrino et al. Lunsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino - Unibersidad ng Pilipinas, 2002. 2-18.
- Ordoñez, Elmer, ed. Nationalist Literature: A Centennial Forum. Lunsod ng Quezon: University of the Philippines Press and Philippine Writers' Academy, 1996.

_____. Emergent Literature. Lunsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2001.

Paladin, Liduvina et al. Literature: An Expression of Man. Lunsod ng Malolos: Bulacan State University, c.2004.

Peregrino, Jovy M. et al. (eds.). Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. Lunsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino - Unibersidad ng Pilipinas, 2002.

Quindoza-Santiago, Lilia. "Pilipino Poetry of Protest in the Seventies" _ Nationalist Literature: A Centennial Forum. Ed. Elmer A. Ordoñez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

Richards, Jack C. et al. Longman Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics. London: Pearson Education, 2002.

Rivera, Crisanto. Panitikang Pambata: Kasaysayan at Halimbawa. Lunsod ng Maynila: Rex Book Store, 1982.

Rizal, Jose. Noli Me Tangere. Maria Stella Sibal Valdez (trans.). Lunsod ng Quezon: The Library Publishing House, Inc., 2008.

_____. El Filibusterismo. Maria Stella Sibal Valdez (trans.). Lunsod ng Quezon: The Library Publishing House, Inc., 2008.

_____. The Reign of Greed (El Filibusterismo). Charles Derbyshire (trans.). Lunsod ng Maynila: Philippine Education Company, 1912.

_____. Political and Historical Writings. Manila: National Historical Institute, 1976.

_____. El Filibusterismo. Leon Ma. Guerrero (trans.). London: Longman Group Ltd., 1965.

_____. Noli Me Tangere. Leon Ma. Guerrero (trans.). London: Longman Group Ltd., 1961.

_____. Noli Me Tangere. Ma. Soledad Lacson-Locsin (trans.) and Raul L. Locsin (ed.) Makati: Bookmark, Inc. 1996.

_____. Noli Me Tangere. Antolina T. Antonio and Patricia Melendrez-Cruz (trans.) Quezon City: ASEAN Committee on Culture and Information. 1991.

_____. Epistolario Rizalino. Teodoro M. Kalaw (ed.) Manila. 1938.

Robinson, Douglas. Becoming a Translator: An Introduction to the Theory and Practice of Translation (Second Edition). London: Routledge. 2007.

<http://art4art.info/audio/Becomming_a_Translator.pdf>

San Juan, Jr. Epifanio. "From Jose Garcia Villa to Amado V. Hernandez: Sketch of a Historical Poetics" Nationalist Literature: A Centennial Forum. Ed. Elmer A. Ordoñez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

_____. Toward A People's Literature: Essays in the Dialectics of Praxis and Contradiction in Philippine Writing. Quezon City: University of the Philippines Press, 2005.

_____. "The Filipino People Against US Imperialism: The Example of Carlos Bulosan." Nationalist Literature: A Centennial Forum. Ed. Elmer A. Ordoñez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

- Santiago, Alfonso O. Sining ng Pagsasaling-wika (sa Filipino mula sa Ingles): Ikatlong Edisyon. Lunsod ng Quezon: Rex Book Store, 2003.
- Savory, Theodore. The Art of Translation. London: Jonathan Cape, 1957.
- Saymo, Apolinario. World Literature. Bulacan: Trinitas Publishing, 2004.
- Sinclair, Upton. The Jungle. New York: Bantam Books, 2003 (reprint).
- Tekorienė, D. at Maskaliūnienė, N. British and American Dictionaries. Vilnius: Vilniaus universiteto leidykla, 2004.
- Tiamson-Rubin, Ligaya et al. Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas. Lunsod ng Quezon: Rex Book Store, 2002.
- Tiamson-Rubin, Ligaya. "Intelektwalisasyon at Istandardisasyon ng Filipino sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan" Gawad Surian sa Sanaysay Gantimpalang Collantes (1992-1998). Lunsod ng Maynila, 1998.
- Torres-Yu, Rosario. "Kritisismong Panlipunan sa mga Akda ni Amado V. Hernandez" Kilates: Panunuring Pampanitikan sa Pilipinas. Ed. Rosario Torres-Yu. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.
- Valdez, Maria Stella S. "Isang Panimulang Pagsusuri sa Ilang Kontrobersya Tungkol sa Bagong Ortograpiyang Filipino Ayon sa Dulog ng Sikolohiya." Gawad Surian sa Sanaysay Gantimpalang Collantes (1992-1998). Lunsod ng Maynila, 1998.
- _____. "Ang Pambansang Wika Ayon sa Uri: Ilang Tala Tungkol sa Tagisan at Kontrobersya" Wikang Filipino sa Larangang Akademiko:

Kolokyum '96, '97, '98". Lunsod ng Maynila, Komisyon sa Wikang Filipino, 1998.

Villafuerte, Patrocinio at Rolando Bernales. Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal na Pagtalakay. Lunsod ng Malabon: Mutya Publishing House, 2009.

Villegas, Enedina G. "Ponolohikal at Morpolohikal na Panghihiram ng Filipino sa Rehistro ng Agham at Matematika" Wikang Filipino sa Larangang Akademiko: Kolokyum '96, '97, '98". Lunsod ng Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 1998.

Walliman, Nicholas. Your Research Project: A Step-by-step Guide for the First-time Researcher. London: Sage Publications, 2001.

Young Chul, Rho. "Isang Komparatibong Pagpaplanong Pangwika sa Kaso ng Korea at Filipinas" Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL. Ed. Pamela Constantino. Lunsod ng Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), at Pambansang Komisyon para sa Sining at Kultura, 2005.

Zgusta, Ladislav. Manual of Lexicography. Prague: Academia Publishing House of Czechoslovak Academy of Sciences, 1971.

Mga Website

Delahoyde, Michael. Introduction to Literature. c.2000. Washington State University. 8 March 2010 <<http://www.wsu.edu/~delahoyd/marxist.crit.html>>

Esch, Stacy Tartar. Fundamental Questions about Literature. West Chester University. 8 March 2010

<<http://brainstorm-services.com/wcu-lit/fundamentals-lit.html>>

Summers, Della. CORPUS LEXICOGRAPHY - The importance of representativeness in relation to frequency. 2005. Pearson Education. 8 March 2010.

<[http://www.pearsonlongman.com/Dictionaries/pdfs/Corpus lexicography.pdf](http://www.pearsonlongman.com/Dictionaries/pdfs/Corpus_lexicography.pdf)>

Susnienė, Dalia at Rūta Virbickaitė. Toward A Systematic Dictionary: Compiling A Glossary Of Terms. 2008. KTU Panevėžys Institute Centre of Languages.

8 March 2010 <www.ppf.ktu.lt/23Susniene.doc>

"lexicography." Merriam-Webster Online Dictionary. 2010. Merriam-Webster Online.

8 March 2010 <<http://www.merriam-webster.com/dictionary/lexicography>>

"lexicography." Nation Master Online Encyclopedia. c.2001. Nation Master Online.

8 March 2010 <<http://www.nationmaster.com/encyclopedia/Lexicography>>

"lexicography." Bamboo Web Online Dictionary and Encyclopedia. c.2008.

Bamboo Web Online. 8 March 2010

<<http://www.bambooweb.com/articles/l/e/Lexicography.html>>

Mga Dyornal

Gonzalez, Andrew. "Ang Intelektwalisasyon ng Wika: Muling Pagtingin." TALISIK

(Opisyal na Dyornal ng Sentro ng Kahusayan sa Filipino, Philippine Normal University) Tomo 1, Bilang 1 (2001): 16-37.

Maskaliūnienė, N. "Making a Terminological Dictionary: Practice and Problems." Languages, Technologies and Cultural Diversity: 3rd International Conference Materials/Kaunas University of Technology. Kaunas: Technologija (2004).

Suarez, Debra. "The Paradox of Linguistic Hegemony and the Maintenance of Spanish as a Heritage Language in the United States" Journal of Multilingual and Multicultural Development 23 (2002): 512-530.

Zhi-min, Liang. "The reflection of translation study—Theory and practice" US-China Foreign Language Volume 7, No.10, Serial No.73 (2009): 27-29.

Mga Dokumento

Alliance of Concerned Teachers. 8-point Education Reform Agenda. January 31, 2008. <<http://www.actphils.com/2007/8pt-agenda>>

Kagawaran ng Edukasyon. Kautusang Pangkagawaran Blg. 59, Serye ng 2008.

Kagawaran ng Edukasyon. Patnubay sa Operasyunalisasyon ng Filipino sa Batayang Edukasyon sa Level Sekondari (2002).

Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education/CHED). Memorandum Blg. 4, Serye ng 1997.

_____ . Memorandum Blg. 59, Serye ng 1996.

Komisyon sa Wikang Filipino. Pinal na Borador: Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa. Mayo 20, 2008.

Mga Tanging Proyekto, Tesis at Disertasyon

Ampil, Roberto De Lara. Preperensya sa Pagtutumbasan ng mga Salita sa Agham-Panlipunan sa Antas-Tersyarya. Di Nalimbag na Tesis. Philippine Normal University, 2005.

Atienza, Monico. Ang Kilusang Pambansa-Demokratiko at Ang Mga Hakbang at Aktibidad nito sa Wikang Pambansa. Nalimbag na Tesis. University of the Philippines, 1992.

Casanova, Arthur P. Debelopment at Ebalwasyon ng Isang Monolingwal na Diksiyunaryong Filipino sa Drama at Teatro. Nalimbag na Disertasyon. Philippine Normal University, 1998.

De Villa, Ma. Theresa L. "Teorya at Praktika ng Pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero 1968-1982." Nalimbag na Tesis. University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies, 2002.

Dulfo, Virginia C. "Trilingwal na Glosaryo ng mga Katawagang Pang-agrikultura, Ingles-Waray-Filipino." Di Nalimbag na Natatanging Proyekto. Philippine Normal University, 2007.

Garcia, Jose Armando Aquino. "Debelopment ng Isang Monolingwal na Diksiyunaryong Filipino sa Musika." Di Nalimbag na Tesis. Philippine Normal University, 2003.

Enriquez, Virgilio G. "Ang Pagsusulat at Paglalathala sa Wikang Filipino sa Mga Piling Larangan ng Sikolohiya" Di Nalimbag na Tesis. University of the Philippines, 1983.

- Esguerra, Helen Z. "Glosaryo ng mga Terminong Pang-Narsing." Di Nalimbag na Natatanging Proyekto. Philippine Normal University, 2005.
- Espiritu-Reblando, Mary Jane. "Filipino sa Masaklaw na Edukasyon: Tungo sa Pagbuo ng Diksyonaryo sa Komunikasyon." Di Nalimbag na Tesis. College of Arts and Literature-University of the Philippines, 2004.
- Falcutila, Rogelio at Rosalia A. Pacaanas. "Glosaryo ng mga Terminong Pang-Edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counseling at Human Growth, Learning and Development." Di Nalimbag na Natatanging Proyekto. Philippine Normal University, 2006.
- Maraya, Liezl F. "Glosaryo ng mga Katawagang Teknikal na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Basic Computer." Di Nalimbag na Natatanging Proyekto. Philippine Normal University, 2003.
- Mendigo, Natividad A. "Diksyunaryo ng Paggawa sa Pilipinas." Di Nalimbag na Tesis. Institute of Library and Information Science-University of the Philippines, 2003.
- Sebastian, Romeo Arambulo. "Thesaurus on Philippine Literature." Di Nalimbag na Tesis. Institute of Library Science-University of the Philippines, 1991

APENDIKS A.

GLOSARYO NG PANITIKAN

Hinati sa tatlong bahagi ang glosaryo. Ang una at ikalawang bahagi ay inilagay para sa mabilisang paghahanap ng mga salitang lahok, kaya mga salitang lahok lamang at katumbas nito ang nakatala sa mga bahaging ito.

Sa unang bahagi, terminong Ingles (kung mayroon) ang nasa pangunahing lahok. Kasunod ng bawat terminong Ingles ang terminong Filipino na katumbas nito (kung mayroon).

Sa ikalawang bahagi, terminong Filipino (kung mayroon) ang nasa pangunahing lahok. Kasunod ng bawat terminong Filipino ang terminong Ingles na katumbas nito (kung mayroon).

Sa ikatlong bahagi matatagpuan ang depinisyon ng bawat salitang lahok. Terminong Filipino ang ginawang pangunahing lahok (maliban kung walang katumbas ang termino sa Filipino). Kasunod ng terminong Filipino ang katumbas nito sa Ingles (kung mayroon man) at ang depinisyon nito sa Filipino.

UNANG BAHAGI

**Ang salitang may salungguhit ang siyang pangunahing salitang lahok na makikita sa ikatlong bahagi ng glosaryo.*

A

1. acrostic poem – tulang akrostik
2. act – yugto
3. Aestheticism – Estetisismo
4. Aesthetics – Estetika
5. alienation effect – paglalayo
6. allegory – alegorya
7. alliteration – aliterasyon
8. allusion – alusyon
9. alternate universe fiction – kathang alternatibong uniberso
10. anachronism – anakronismo
11. anagnorisis
12. anagram
13. anaphora – anapora
14. androgynous
15. anecdote – anekdota
16. antagonist – antagonista
17. anthology – antolohiya
18. anticlimax – kontra-kasukdulan

19. antihero – kontra-bayani
20. antistrophe
21. antithesis – antitesis
22. aphorism – kawikaan
23. apocalyptic fiction – kathang apokaliptiko
24. apologue – pabula
25. apostrophe – pagtawag
26. archaism – salitang lipas
27. archetype – arketipo
28. assonance – asonansya
29. autobiography – awtobayograpiya
30. avant-garde – taliba
31. awit

B

32. ballad – balada
33. baroque
34. bathos
35. battle hymn – kumintang
36. biblical epic – pasyon
37. bildungsroman
38. biography – talambuhay
39. blank verse – bersong blangko

40. burlesque – burlesk

C

41. cacophony – disonansya

42. caesura – sesura

43. canon of literature – kanon ng panitikan

44. caricature – karikatura

45. catharsis – katarsis

46. chapter – kabanata

47. choral character – tauhanang koro

48. chorus – koro

49. classics – akdang klasiko

50. Classicism – Klasisismo

51. cliché – palasak

52. climax – kasukdulan

53. colonialism – kolonyalismo

54. comedy – komedya

55. comic relief – pampatawa

56. conflict – tunggalian

57. connotation – konotasyon

58. consonance

59. couplet

D

- 60. Dadaism – Dadaismo
- 61. Deconstruction – Dekonstruksyon
- 62. denotation – denotasyon
- 63. denouement – kakalasan
- 64. deus ex machina
- 65. Dialogic Criticism – Kritisismong Dayalohiko
- 66. dialogue – dayalogo
- 67. diary – talaarawan
- 68. didactic – didaktiko
- 69. diegesis
- 70. dirge – punebre
- 71. dissonance – disonansya
- 72. dramatic monologue – monologong dramatiko
- 73. dramatic poem – tulang dramatiko
- 74. dramatis personae
- 75. duplo
- 76. dystopian – distopyano

E

- 77. elegy – elehiya
- 78. empathy – empatiya
- 79. epic – epiko

80. epigram
81. epigraph – epigrapo
82. epilogue – epilogo
83. epistolary – epistolaryo
84. epithalamion
85. epithet – taguri
86. escapist – eskapista
87. essay – sanaysay
88. Ethnocentrism – Post-kolonyalismo
89. euphemism – paglumanay
90. euphony – aliw-iw
91. excerpt – sipi
92. Existentialism – Eksistensyalismo
93. Expressionism – Ekspresyunismo

F

94. fable – pabula
95. fanfiction
96. farce – parsa
97. Feminism – Feminismo
98. fiction – katha
99. figurative language – matalinhangang pananalita
100. figures of speech – tayutay

- 101. flashback – analepsis
- 102. flash fiction – kuwentong dagli
- 103. flash poetry – tulang dagli
- 104. flat character
- 105. folklore – pokloriko
- 106. folk song – awiting bayan
- 107. folk tale – kuwentong-bayan
- 108. foreshadowing – pagpapahiwatig
- 109. Formalism – Pormalismo
- 110. frame story – kuwentong-kuwadro
- 111. free verse – malayang taludturan
- 112. funeral song – dung-aw o punebre
- 113. futuristic fiction – kathang panghinaharap

G

- 114. genre
- 115. gothic
- 116. grotesque – kakatwa

H

- 117. haiku
- 118. hamartia – matinding pagkakamali
- 119. hegemony – hegemonya

120. humanism – humanismo
121. hymn – dalit
122. hyperbole – pagmamalabis

I

123. idiom – sawikain
124. image – imahe
125. Imagism – Imahismo
126. Impressionism – Impresyunismo
127. in medias res – patumbalik-isip
128. incunabula
129. intertextuality – intertekstwalidad
130. irony – kabalintunaan

K

131. kalusan
132. karagatan
133. korido

L

134. ladino
135. lampoon – panunuya
136. legend – alamat

137. leit motif
138. line – taludtod
139. literary theory – teoryang pampanitikan
140. literature – panitikan
141. litotes – pagtanggap
142. love song – kundiman
143. lullaby – oyayi
144. lyric poem – tulang liriko

M

145. machiavellian
146. magic realism – mahiko reyalismo
147. manga
148. Mary Sue
149. Marxism – Marxismo
150. maxim – kawikaan
151. melodrama
152. memoirs
153. metaphor – pagwawangis
154. metonymy – pagpapalit-tawag
155. metrical romance – tulang romansa
156. Minimalism – Minimalismo
157. mock epic – epikong huwad

158. Modernism – Modernismo
159. moro-moro
160. mother goose rhyme – tugmang pambata
161. motif – leit motif
162. musical film – pelikulang musikal
163. musical/musical play – dulang musikal
164. myth – mito

N

165. narrative poem – tulang pasalaysay
166. narrator – mananalaysay
167. Naturalism – Naturalismo
168. neocolonialism – neokolonyalismo
169. New Criticism – Bagong Kritisismo
170. news – balita
171. newspaper – pahayagan
172. non-fiction – hindi katha
173. novel – nobela
174. novella

O

175. octave – oktaba
176. ode – oda

177. onomatopoeia – onomatopeya
178. opera
179. operetta – opereta
180. oral literature – panitikang pasalindila
181. other/otherness – bukod/pagkabukod
182. oxymoron

P

183. pangangaluluwa
184. panunuluyan
185. parable – parabula
186. paradox – kabalighuan
187. parody – parodiya
188. passion – pasyon
189. passion play – senakulo
190. pastiche
191. pastoral
192. pen name – saqisag-panulat
193. peripety – pagbabagong-palad
194. persona
195. personification – personipikasyon
196. perspective – pananaw
197. placard poetry – tulang plakard

198. play – dula
199. prose – tuluyan
200. prose poem – tulang tuluyan
201. plot – banghay
202. poem – tula
203. poetic joust – balagtasang o tulang patnigan
204. poetry – panulaan
205. point of view – pananaw
206. Pop Art – Sining Popular
207. post-apocalyptic fiction – kathang post-apokaliptiko
208. Postcolonial Literature – Panitikang Post-kolonyal
209. Postcolonialism – Post-kolonyalismo
210. Post-modernism – Postmodernismo
211. posthumous award – karangalang posthumous
212. prequel
213. prologue – prologo
214. protagonist – protagonista
215. protest poetry – tulang plakard
216. proverb – kawikaan
217. pseudonym – sagisag-panulat
218. Psychoanalytic Criticism – Kritisismong Sayko-analitiko
219. psychological story – kuwentong sikolohiko
220. pulp fiction

221. puppet show – karilyo

223. pun – parikala

Q

224. Queer Theory

R

225. Realism – Reyalismo

226. Renaissance – Muling Paqsilang

227. repetition – pag-uulit

228. resolution – kakalasan

229. reversal of fortune – pagbabagong-palad

230. rhetorical question – tanong retorikal

231. rhyme – tugma

232. rhythm – indayog

233. riddle – bugtong o palaisipan

234. Romanticism – Romantisismo

235. round character

S

236. saga

237. saga novel – nobelang saga

238. sarcasm – kabalintunaan

239. sarswela
240. saynete
241. satire – panunudyo
242. scene – tagpo
243. science fiction – kathang siyentipiko
244. sequel – karugtong
245. series – serye
246. short story – maikling kuwento
247. simile – pagtutulad
248. Social Realism – Reyalismo
249. soliloquy – monologong walang pinatutungkulan
250. soliranin
251. sonnet – soneto
252. speech – talumpati
253. spin-off – paghalaw
254. stanza – saknong
255. stock character – palasak na tauhan
256. story of local color – kuwento ng katutubong kulay
257. strophe
258. Structuralism – Istrukturalismo
259. Surrealism – Sureyalismo
260. sympathy – simpatya
261. synecdoche – pagpapalit-saklaw

262. synopsis – sinopsis

263. syuzhet

I

264. talindaw

265. tanaga

266. text poem – tulang dagli

267. Theater of the Absurd – Teyatro ng Absurdo

268. thriller

269. tibag

270. tone – himig

271. tragedy – trahedya

272. tragic flaw – matinding pagkakamali

273. trilogy – trilohiya

U

274. utopia – utopya

V

275. verisimilitude

276. verse – berso

277. viewpoint – pananaw

W

278. wedding song – diona

279. word play – parikala

IKALAWANG BAHAGI

**Ang salitang may salungguhit ang siyang pangunahing salitang lahok na makikita sa ikatlong bahagi ng glosaryo.*

A

1. akdang klasiko ~ classics
2. alamat ~ legend
3. alegorya ~ allegory
4. aliterasyon ~ alliteration
5. aliw-iw ~ euphony
6. alusyon ~ allusion
7. anagnorisis <Gyo.>
8. anagram
9. anakronismo ~ anachronism
10. analepsis ~ flashback
11. anapora ~ anaphora
12. androgynous
13. anekdota ~ anecdote
14. antagonista ~ antagonist
15. antistrophe
16. antitesis ~ antithesis
17. antolohiya ~ anthology
18. arketipo ~ archetype
19. asonansya ~ assonance
20. awit
21. awiting-bayan ~ kantahing-bayan ~ folk song
22. awtobayograpiya ~ autobiography

B

23. Bagong Kritisismo ~ New Criticism
24. balada ~ ballad
25. balagtasan ~ poetic joust

26. balangkas ng banghay ~ fabula <Ltn.>
27. balita ~ news
28. banghay ~ plot
29. baroque
30. bathos
31. berso ~ verse
32. bersong blangko ~ blank verse
33. bildungsroman <Alm.>
34. bugtong ~ riddle –
35. bukod/pagkabukod ~ other/otherness ~ iba/pagkaiba
36. burlesk ~ burlesque

C

37. consonance
38. couplet

D

39. Dadaismo ~ Dadaism
40. dalit ~ hymn
41. dayalogo ~ dialogue
42. Dekonstruksyon ~ Deconstruction
43. denotasyon ~ denotation
44. deus ex machina <Ltn.>
45. didaktiko ~ didactic
46. diegesis
47. diona ~ wedding song
48. disonansya ~ cacophony ~ dissonance
49. distopyano ~ dystopian
50. dramatis personae <Ltn.>
51. dula ~ play
52. dulang musikal ~ musical play ~ musical

53. dung-aw ~ funeral song

54. duplo

E

55. Eksistensyalismo ~ Existentialism

56. Ekspresyunismo ~ Expressionism

57. elehiya ~ elegy

58. empathy ~ empatiya

59. epigram

60. epigrapo ~ epigraph

61. epiko ~ epic

62. epikong huwad ~ mock epic

63. epilogo ~ epilogue

64. epistolaryo ~ epistolary

65. epithalamion

66. eskapista ~ escapist

68. Estetismo ~ Aestheticism

F

69. fanfiction

70. Feminismo ~ Feminism

71. flat character

G

72. genre

73. gothic

H

74. haiku <Hpn.>

75. hegemonya ~ hegemony

76. himig ~ tono ~ tone

77. hindi katha ~ non-fiction
78. humanismo ~ humanism

I

79. imahe ~ image
80. Imahismo ~ Imagism
81. Impresyunismo ~ Impressionism
82. incunabula <Ltn.>
83. indayog ~ ritmo ~ rhythm
84. intertekstwalidad ~ intertextuality
85. Istrukturalismo ~ Structuralism

K

86. kabalighuan ~ paradox
87. kabalintunaan ~ pagtuya ~ pag-uyam ~ ironiya ~ irony ~ sarcasm
88. kabanata ~ tsapter ~ chapter
89. kakalasan ~ resolusyon ~ resolution ~ denouement
90. kakatwa ~ grotesque
91. kalusan
92. kanon ng panitikan ~ canon of literature
93. karaqatan
94. karangalang posthumous ~ posthumous award
95. karikatura ~ caricature
96. karilyo ~ puppet show
97. karugtong ~ sequel
98. kasukdulan ~ rurok ~ climax
99. katarsis ~ pagpupurga ~ catharsis
100. katha ~ fiction
101. kathang alternatibong uniberso ~ alternate universe fiction
102. kathang apokaliptiko ~ apocalyptic fiction
103. kathang post-apokaliptiko – post-apocalyptic fiction

104. kathang siyentipiko ~ science fiction ~ sci-fi
105. kathang panghinaharap ~ futuristic fiction
106. kawikaan ~ salawikain ~ kasabihan ~ adage ~ aphorism ~ proverb ~ maxim
107. Klasisismo ~ Classicism
108. kolonyalismo ~ colonialism
109. komedya ~ comedy
110. konotasyon ~ connotation
111. kontra-bayani ~ antihero
112. kontra-kasukdulan ~ anticlimax
113. korido
114. koro ~ chorus
115. Kritisismong Dayalohiko ~ Dialogic Criticism
116. Kritisismong Sayko-analitiko ~ Psychoanalytic Criticism
117. kumintang ~ tikam ~ hiliraw ~ tagumpay ~ battle hymn
118. kundiman ~ love song
119. kuwento ng katutubong kulay ~ story of local color
120. kuwentong-bayan ~ folk tale
121. kuwentong dagli ~ kathang dagli ~ flash fiction
122. kuwentong-kuwadro ~ frame story
123. kuwentong sikolohiko ~ psychological story

L

124. ladino
125. leit motif <Aln.> ~ motif –

M

126. machiavellian
127. mahiko reyalismo ~ magic realism
128. maikling kuwento ~ katha ~ short story
129. malayang taludturan ~ free verse
130. mananalaysay ~ narrator

131. manga <Hpn.>
 132. Marxismo ~ Marxism
 133. Mary Sue
 134. matalinhagang pananalita ~ figurative language
 135. matinding pagkakamali ~ hamartia <Gyo.> ~ tragic flaw
 136. melodrama
 137. memoirs
 138. Minimalismo ~ Minimalism
 139. mito ~ myth
 140. Modernismo ~ Modernism
 141. monologong dramatiko ~ madamdaming monologo ~ dramatic monologue
 142. monologong walang pinatutungkulan ~ soliloquy
 143. moro-moro
 144. Muling Pagsilang ~ Renasyimento ~ Renaissance

N

145. Naturalismo ~ Naturalism
 146. neokolonyalismo ~ colonialism
 147. nobela ~ kathambuhay ~ novel
 148. nobelang saga
 149. novella

O

150. oda ~ ode
 151. oktaba ~ octave ~ octet
 152. onomatopeya ~ onomatopoeia
 153. opera
 154. opereta ~ operetta
 155. oxymoron
 156. oyayi ~ hele ~ duayya <Ilk.> ~ lullaby

P

157. pabula ~ fable ~ apologue
158. pagbabagong-palad ~ peripetia ~ peripety ~ reversal of fortune
159. paghalaw ~ spin-off
160. paglalayo ~ alienation effect ~ distancing effect ~ estrangement effect 161. paglumanay ~ eupemismo ~ euphemism
162. pagmamalabis ~ hyperbole
163. pagpapahiwatig ~ foreshadowing
164. pagpapalit-saklaw ~ synecdoche
165. pagpapalit-tawaq ~ metonymy ~ metonimiya
166. pagtangga ~ pagtatatwa ~ litotes
167. pagtawaq ~ apostrophe
168. pagtutulad ~ simile
169. pag-uulit ~ repetition
170. pagwawangis ~ metaphor ~ metapora
171. pahayagan ~ dyaryo ~ newspaper
172. palaisipan ~ riddle
173. palasak ~ cliché
174. palasak na tauhan ~ stock character ~ stereotype
175. pampatawa ~ comic relief
176. pananaw ~ viewpoint ~ point of view ~ perspective
177. panulaan ~ poetry
178. panunudyo ~ pagtuya ~ satira ~ satire
179. panitikan ~ literatura ~ literature
180. panitikang pasalindila ~ oral literature
181. panunuluyan
182. panunuya ~ lampoon
183. pangangaluluwa
184. parabula ~ parable
185. parodiya ~ parody
186. parsa ~ farce
187. pastoral

188. pasyon ~ biblical epic
189. parikala ~ paglalaro ng mga salita ~ pun ~ word play
190. pastiche
191. patumbalik-isip ~ in medias res <Ltn.> –
192. pelikulang musikal ~ musical film
193. persona
194. personipikasyon ~ pagbibigay-katauhan ~ personification
195. pokloriko ~ folklore
196. Pormalismo ~ Formalism
197. Post-kolonyal na Panitikan ~ Postcolonial Literature
198. Post-kolonyalismo ~ Etnosentrismo ~ Oryentalismo ~ Postcolonialism ~ Ethnocentrism ~ Orientalism
199. Postmodernismo ~ Post-modernism
200. prequel
201. prologo ~ prologue
202. protagonista ~ protagonist
203. pulp fiction ~ pulp magazine
204. punebre ~ dirge ~ funeral song

Q

205. Queer Theory

R

206. Reyalismo ~ Panlipunang Reyalismo ~ Realism ~ Social Realism
207. Romantisismo ~ Romanticism
208. round character

S

209. saga
210. sagisag-panulat ~ alyas ~ pen name ~ pseudonym
211. saknong ~ estropa ~ stanza

- 212. salitang lipas ~ archaism
- 213. sanaysay ~ essay
- 214. sarswela
- 215. saynete
- 216. sawikain ~ idyoma ~ idiom
- 217. senakulo ~ passion play
- 218. serye ~ series
- 219. sesura ~ caesura ~ hinto
- 220. simpatya ~ sympathy
- 221. Sining Popular ~ Pop Art
- 222. sinopsis ~ synopsis
- 223. sipi ~ excerpt
- 224. soliranin
- 225. soneto ~ sonnet
- 226. strophe
- 227. Sureyalismo ~ Surrealism
- 228. syuzhet ~ suzhet <Rso.>

I

- 229. talaarawan ~ journal ~ diary ~ dyornal
- 230. talambuhay ~ biography
- 231. taliba ~ avant-garde
- 232. talindaw
- 233. talumpati ~ speech
- 234. tagpo ~ eksena ~ scene
- 235. taguri ~ bansag ~ epithet
- 236. taludtod ~ linya ~ line
- 237. tanaga
- 238. tanong-retorikal ~ rhetorical question
- 239. tauhang koro ~ choral character
- 240. tayutay ~ figure of speech ~ figurative language

241. teoryang pampanitikan ~ dulong pampanitikan ~ literary theory –
242. Teyatro ng Absurdo ~ Theater of the Absurd
243. thriller
244. tibag
245. trahedya ~ tragedy
246. trilohiya ~ trilogy
247. tugma ~ rhyme
248. tugmang pambata ~ mother goose rhyme
249. tula ~ poem
250. tulang akrostik ~ acrostic poem
251. tulang dagli ~ tulang text ~ flash poem ~ flash poetry ~ text poem
252. tulang dula ~ tulang dramatiko ~ dramatic poem
253. tulang liriko ~ tulang pandamdamin ~ lyric poem
254. tulang pasalaysay ~ narrative poem
255. tulang patnigan ~ poetic joust
256. tulang plakard ~ panulaang protesta ~ placard poem ~ placard poetry ~ protest poetry
257. tulang romansa ~ metrical romance
258. tulang tuluyan ~ tulang prosa ~ prose poem
259. tuluyan ~ prosa ~ prose
260. tunggalian ~ conflict

U

261. utopia ~ utopya

V

262. verisimilitude

Y

263. yugto ~ act

IKATLONG BAHAGI

Binubuo ng dalawang bahagi ang bawat salitang lahok o *entry*. Ang unang naka-*bold* na salita na katabi ng bilang ang siya mismong salitang lahok. Terminong Filipino ang siyang nakatala bilang pangunahing salitang lahok (maliban kung walang katumbas sa Filipino ang terminong Ingles), at kasunod nito ang katumbas ng salitang lahok sa Ingles. Kapag ang salitang lahok ay galing sa wikang di Ingles, nasa loob ng < > ang daglat ng wikang pinagmulan nito. Ginamit ang mga sumusunod na daglat para ito: Aln. (Aleman), Gyo. (Griyego), Hpn. (Hapon) Ltn. (Latin) at Rso. (Ruso/*Russian*). Ang parirala/pangungusap na hindi naka-*bold* at hindi rin naka-*italics* ang siyang depinisyon sa Filipino ng salitang lahok. Sa ilang pagkakataon, inilagay sa panaklong ang naka-*italics* na karagdagang paliwanag/halimbawa ukol sa salitang lahok. Ang ikalawa at ikatlong bahagi ay para sa mabilisang paghahanap ng mga salitang lahok (walang depinisyon sa mga bahaging ito).

Halimbawa:

lahok	katumbas	kahulugan/depinisyon
↓	↓	↓
arketipo	~	archetype

– tumutukoy sa mga padron (*pattern*) ng salaysay, tauhan, tema at imahe na paulit-ulit na natutunghayan sa iba't ibang akdang pampanitikan sa buong daigdig. {*Ang tauhang ahas o serpyente ay maituturing na isang tauhang arketipo sapagkat maraming mito at epiko sa buong daigdig ang nagtataglay nito.*

karagdagang paliwanag/halimbawa

A

1. akdang klasiko ~ classics – sa kontekstong Filipino, mga akdang bahagi ng kanon ng panitikan [tingnan ang bilang 92]; sa kontekstong Kanluranin, mga akdang isinulat ng mga sinaunang (*ancient*) manunulat ng klasikal na sibilisasyong Griyego at Romano, partikular sa pagitan ng taong 3000 bago dumating si Kristo (B.C.) hanggang 600 taon pagkatapos mamatay si Kristo (A.D.); sa pandaigdigang konteksto, mga akdang pampanitikan na kinikilalang (*recognized as*) mahusay at de-kalidad (*of good quality*) ng mga kritiko, at binabasa at pinag-aaralan sa maraming bansa sa daigdig. {*Sa Pilipinas, ang maikling kwentong “Tata Selo” ni Rogelio R. Sicat at nobelang “Dekada Sienta” ni Lualhati Bautista ay itinuturing na mga akdang klasiko. Ang epikong “Aeneid” ng*

Romanong si Virgil at ang “Iliad at Odyssey” ng Griyegong si Homer ay mga akdang klasiko ng mga sibilisasyong Kanluranin. Kabilang sa mga pandaigdigang akdang klasiko ang pinakamahabang epiko sa buong mundo, ang “Mahabharata” ng India.}

2. alamat ~ legend – isang uri ng kuwentong nagsasalaysay sa pinagmulan ng isang bagay o kaya’y ang pinagsimulan ng mga katangian (*characteristics*) nito, karaniwang may elemento ng kababalaghan o supernatural na mga pangyayari.

3. alegorya ~ allegory – isang uri ng kuwento na maaaring tuluyan (*prose*) o patula na nagtataglay ng dalawang pagpapakahulugan: isang batay sa literal na pagbasa at isang batay sa malalimang pagbasa. {*Ang nobelang “1984” ni George Orwell ay isang halimbawa ng alegorya sapagkat, sa literal na pagbasa, inilalarawan nito ang posibleng maging kalagayan ng tao sa napakamodernong daigdig sa hinaharap, ngunit sa malalimang pagbasa, inilalahad nito ang buhay ng tao sa ilalim ng isang makapangyarihan at tusong diktadura kahawig ng kay Stalin o kaya’y kay Hitler. Gayundin, ang maikling kwentong bernakular na “Miliminas” ay isa ring halimbawa ng alegorya. Sa panimulang pagbasa, inilalarawan dito ang isang bansang kathang-isip o “fictional” lamang kung saan laganap ang katiwalian (corruption) at pandarambong (plunder) sa salapi ng bayan, ngunit sa malalimang pagsusuri, ang kabuuan ng istorya ay isang alegorya sa kalagayan ng Pilipinas sa kasalukuyang panahon. Ang nobelang “The Forever War” naman ni Joe Haldeman ay alegorya ng Digmaan sa Vietnam o Vietnam War noong dekada 60.}*

4. aliterasyon ~ alliteration – tumutukoy sa pag-uulit ng tunog ng katinig (*consonant*) sa simula ng mga salita – sa isang taludtod (*line*) ng tula, *slogan* o pahayag – o iba pang bahagi ng salita na may katinig na binibigkas nang may diin. {*Ang slogan ng grupo ng kababaihan na Gabriela Partylist na “Bata, Babae, Bayan, Ipaglaban!” ay isang aliterasyon.}*

5. aliw-iw ~ euphony – wikang swabe (*smooth*), maganda at tila musika (*melodious*) sa pandinig na karaniwang matutunghayan (*can be seen*) sa mga tula.

6. alusyon ~ allusion – isang teknik sa pagsulat kung saan binabanggit sa akdang pampanitikan ang isang karakter sa mitolohiya, tao, lugar, o bagay sa kasaysayan o mula sa isa pang akdang pampanitikan upang higit na maging masining (*artistic*) o malalim ang paglalarawan sa mga sitwasyon at pangyayari sa salaysay/istorya. {*Sa*

Kabanata 10 ng “*El Filibusterismo*” ni Jose Rizal, matatagpuan ang maraming alusyon sa mga personalidad sa kasaysayan gaya nina Cleopatra, Mark Anthony, Julius Caesar at Sulla. Ginamit niyang alusyon ang mga katauhang ito upang ilarawan ang karangyaan (*lavishness*) at luho (*luxury*) ng mga alahas na ipinagbibili ni Simoun na halos kapantay ng karangyaan at luho ng mga pinuno ng sinaunang Ehipto gaya ni Cleopatra at ng sinaunang Roma gaya nina Julius Caesar. Sa Kabanata 13 naman ng “*El Filibusterismo*” ay may alusyon sa mga pigura sa daigdig ng agham gaya nina Secchi, Lavoisier at Tyndall. Samantala, isang pangyayari naman sa kasaysayan ng Pilipinas ang binanggit ni Rizal bilang alusyon sa Kabanata 30: ang aklasan sa Cavite o “*Cavite Mutiny*” na nagbunsod ng pagkagarote ng tatlong paring martir na sina Mariano Gomez, Jose Burgos at Jacinto Zamora. Sa nobelang “*Mga Ibong Mandaragit*” ni Amado V. Hernandez, matatagpuan naman ang mga alusyon na tumutukoy sa mga pangyayari at tauhan na mula sa dalawang nobela ni Jose Rizal. Sa akda ni Dante Alighieri na “*Inferno*,” makikita naman ang maraming alusyon sa mga tauhan sa mitolohiya gaya nina Phaethon at Icarus sa Canto XVII: 106-111 nito. Ganito ring mga alusyon ang mababasa sa buong “*Florante at Laura*” ni Francisco Balagtas. Ang pamagat ng dulang “*Bagong Cristo*” ni Aurelio Tolentino na binanggit sa sanaysay na “*Radical Philippine Literature, 1907-1934: A Preliminary Study*” na nasa antolohiyang “*Nationalist Literature: A Centennial Forum*” ay gumamit naman ng alusyon na mula sa Bibliya. Upang higit na maunawaan ang dahilan ng paggamit ng mga alusyon sa isang pampanitikan, mainam basahin ang aklat na “*Si Rizal: Nobelista (Pagbasa sa Noli at Fili Bilang Nobela)*,” ni Virgilio Almario, partikular ang sanaysay na “*Ang Siste ni Rizal*” sa nasabing antolohiya.}

7. anagnorisis <Gyo.> – ang isang partikular na sandali (*moment*) sa isang dula o iba pang akda kung saan may kagulat-gulat (*shocking*) na matutuklasan ang isang pangunahing tauhan: maaaring matuklasan niya ang tunay na katauhan ng isa pang karakter o ang aktwal na pinapanigan/kinakampihan ng nasabing tauhan, bagay na magdudulot ng pagpapaigting (*intensification*) ng tunggalian (*conflict*). {Sa “*Noli Me Tangere*,” ang *anagnorisis* ay ang pagkatuklas ni Elias sa katotohanan na si Crisostomo Ibarra ay kaapu-apuhan ni Don Pedro Eibarramendia, ang Kastilang nagdulot ng kasawian (*suffering*) sa kanyang mga ninuno.}

8. anagram – isang uri ng parikala o “pun” [tingnan ang bilang 189] sa pamamagitan ng pagbabali-baligtad o muling pagsasaayos ng lahat ng titik sa isang salita o parirala upang makabuo ng panibagong salita o set ng mga salita na may katulad ding bilang ng titik. {*Ang sagisag-panulat o “pen name” ng Pambansang Alagad ng Sining/“National Artist” na si Virgilio Almario ay isang anagram ng kanyang apelyido: RIO ALMA. Ang “rio” ay “ilog” sa Espanyol at ang “alma” naman ay kaluluwa.*}

9. anakronismo ~ anachronism – sinadya (*deliberate*) o di sinadyang pagtukoy, paglalarawan o pagbanggit ng isang akdang pampanitikan sa isang bagay, aklat, lugar, kaisipan, tao, pangyayari atbp. na di pa umiiral sa panahon o itinakdang *time setting* ng nasabing akdang pampanitikan. {*Sa dulang “Julius Caesar” ni Shakeaspeare, ang pagbanggit niya sa “orasan” o “clock” ay isang anakronismo dahil wala pang “clock” sa panahon ni Julius Caesar. Ang mga anakronismo ay makikita rin sa mga likhang-sining o artwork at maging sa mga pelikula. Halimbawa, sa pamosong “The Last Supper” ni Leonardo Da Vinci, makikita ang ilang piraso ng kahel o “orange.” Sa panahon ni Kristo ay wala pang “orange” sa Jerusalem kaya masasabing anakronismo ang ginawa ni Da Vinci. Samantala, ipinakita sa “The Nativity Story” ang isang bukirin ng mga mais sa Nazareth. Isa rin itong anakronismo dahil hanggang sa huling bahagi ng ika-15 siglo (“century”) ay sa Central America/Mesoamerica lamang may mais.*}

10. analepsis ~ flashback – teknik sa pagsasalaysay kung saan inilalahad (*narrated*) ang mga nakaraang pangyayari at kung gayo’y pansamantalang pinuputol ang kronolohikal na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari upang mabigyang-linaw (*clarify*) ang kaligiran (*background*) ng kasalukuyang sitwasyon, ang mga motibo ng tauhan o ang kaligiran ng isang tunggalian. {*Ang malaking bahagi ng unang kabanata ng nobelang “Desaparesidos” ni Lualhati Bautista, partikular ang pahina 3-8 nito ay isang mahabang “flashback.” Samantala, ang buong maikling kwentong “Alamat ng Sapang Bato” ni Fanny Garcia na mababasa sa antolohiyang “Sandaang Damit” ay isa ring mahabang flashback. Ang tanyag na nobelang “Cien Años de Soledad” o “One Hundred Years of Solitude” ni Gabriel Garcia Marquez ay nagsimula rin sa isang “flashback.”*}

11. anapora ~ anaphora – tumutukoy sa pag-uulit ng mga salitang magkakasunod sa simula ng mga pangungusap o parirala sa layuning bigyang-diin ang mensahe ng

pahayag. {Sa *Pasyon*, makikita ang dalawang saknong na may anapora: “Apoy na di matatapos/apoy na galit ng Diyos/apoy sa gawa mong buktot/apoy ang siyang susunog.” “Haring malupit sa hayop/Haring hindi na nag-isip,/haring taksil at balawis/haring halimaw na ganid,/haring hindi na nahapis/sa dugo nang inocentes.}

12. androgynous – tauhang ang itsura ay hindi mawari kung babae o lalaki at/o may mga katangiang pambabae at panlalaki. {*Ang karakter ni Hudas sa pelikulang “The Passion of the Christ” ni Mel Gibson ay “androgynous.”*}

13. anekdota ~ anecdote – isang uri ng maikling akdang tuluyan na nagsasalaysay ng isang partikular na pangyayari sa paraang hindi gaanong detalyado (*unelaborated*) na karaniwang naglalayong magbigay ng aral at/o aliw sa mambabasa.

14. antagonista ~ antagonist – tauhan sa isang maikling kuwento, dula, tula atbp. na nanlansi (*duped*), nagbunsod ng kabiguan (*caused the defeat*), at gumawa ng anumang masama laban sa pangunahing tauhan na tinatawag na protagonist [tingnan ang bilang 202]; maaari ring isang bagay, pangyayari o makapangyarihang nilalang (*creature*) o bagay gaya ng kamatayan, diyablo, sakit o iba pang hamon (*challenge*) na nagsisilbing hadlang (*obstacle*) sa normal, masaya at/o kaaya-ayang (*pleasant*) pamumuhay ng protagonist. {*Hindi laging masama ang katangian o ugali ng isang antagonista sapagkat may mga salaysay rin kung saan ang protagonist ang masama. Sa ganitong mga pagkakataon, ang antagonista ay isang mabuting karakter. Samantala, sa ibang akda, maaaring hindi tao ang antagonista. Halimbawa, sa nobelang “The Jungle” ni Upton Sinclair, ang antagonista ay ang mismong sistemang kapitalista na walang ibang ibinigay sa buhay ng pangunahing tauhan na si Jurgis Rudkus, isang migranteng manggagawa, kundi pasakit, kagutuman, paghihirap at pagdurusa.*}

15. antistrophe – sa dulang Griyego, tumutukoy sa pabalik na pagkilos (*movement*) ng koro [tingnan ang bilang 114] mula sa kaliwa tungong kanan ng entablado (*stage*); ginagamit din ito para tukuyin ang awit na kinakanta ng koro habang isinasagawa ang nasabing aksyon.

16. antitesis ~ antithesis – tumutukoy sa pagkakaiba o pagsasalungatan ng mga kahulugan ng magkakatabing parirala o sugnay (*clause*) na nagpapakita ng paralelismo o pagkakahawig sa palabuan (*syntax*). {*Ang pahayag na “Bulagsak gumasta ngunit*

matipid magtrabaho” ay isang halimbawa ng antithesis. Nagsasalungatan (opposing) ang kahulugan ng “bulagsak” at “matipid” ngunit iisa ang kayarian o “structure” ng dalawang parirala (phrase) na pinaghiwalay lamang ng “ngunit.”}

17. antolohiya ~ anthology – tawag sa isang koleksyon ng isang partikular na akdang pampanitikan gaya ng tula, sanaysay o maikling kwento na tinipon ayon sa tema, panahon ng pagkasulat at iba pang kaugnay na aspekto at inilathala (*published*) bilang isang aklat. {*Ang “Poetika/Pulitika” ay isang antolohiya ng mga tulang pulitikal ni Bienvenido Lumbera.*}

18. arketipo ~ archetype – tumutukoy sa mga padron (*pattern*) ng salaysay (*narrative*), tauhan, tema at imahe na paulit-ulit na natutunghayan o nakikita sa iba’t ibang akdang pampanitikan sa buong daigdig. {*Ang tauhang ahas o serpyente ay maituturing na isang tauhang arketipo sapagkat maraming mito at epiko sa buong daigdig ang nagtataglay nito. Sa mga kwentong-bayan, isang arketipo rin ang pagkakaroon ng mga matatandang tauhan na nagtataglay ng karunungan at/o kapangyarihan, ang “wise old man” na nagsisilbing gabay (guide) ng pangunahing tauhan sa kanyang misyon: sa “Star Wars,” si Yoda; sa “Lord of the Rings,” si Gandalf; sa “Harry Potter,” si Dumbledore, sa “Ibong Adarna,” ang mga ermitanyo (hermit); sa “Florante at Laura,” si Antenor; sa “Noli Me Tangere,” si Pilosopong Tasio; sa “El Filibusterismo,” marahil ay si Padre Florentino.*}

19. asonansya ~ assonance – tumutukoy sa pag-uulit ng tunog ng patinig (*vowel*) sa simula ng mga salita o sa bahaging may diin (*stress*) sa isang taludtod (*line*) ng tula. {*Narito ang isang halimbawang taludtod na gumamit ng asonansya: “amihang aliwalas, aso’t alapaap.”*}

20. awit – isang uri ng tulang pasalaysay o *narrative poem* [tingnan ang bilang 254] na may temang karaniwa’y romantisista [tingnan ang bilang 207], may labindalawang pantig (*syllable*) sa bawat taludtod (*line*) at apat na taludtod sa isang saknong (*stanza*), inaawit nang marahan (*slowly*) at hango sa o impluwensyado ng mga salaysay at epiko ng mga bansang kanluranin gaya ng Gresya, Italya, Pransya at Espanya.

21. awiting-bayan ~ kantahing-bayan ~ folk song – katutubong awitin na karaniwang inaawit sa isang partikular na natatanging okasyon gaya ng kasal o sa pagsasagawa ng mga karaniwang aktibidad gaya ng pagtanim. {*May iba’t ibang uri ng awiting-bayan sa*

iba't ibang lalawigan at rehiyon. Kung minsan, ang isang partikular na awitin ay maaaring magkaroon ng ibang termino sa iba't ibang lugar gaya ng "oyayi" na "duayya" sa Ilokano}

22. awtobayograpiya ~ autobiography – talambuhay (*biography*) na sinulat ng taong pinapaksa nito; nakatuon sa pagsasalaysay ng kanyang pagsibol at pagbabago bilang indibidwal.

B

23. Bagong Kritisismo ~ New Criticism – isang dulog (*approach*) sa panunuring pampanitikan na sumibol sa Estados Unidos noong dekada 40 at ngayon pa lamang namamalasak (*becoming popular*) sa Pilipinas; gaya ng *Aestheticism* at Pormalismo, layunin nito na suriin ang mga akdang pampanitikan sa paraang diumano'y "obhetibo" (*objective*) at kung gayo'y di dapat magbigay-tuon (*focus*) sa mga aspektong kontekstwal gaya ng talambuhay o mga intensyon ng may-akda; sadyang isinasantabi (*disregards*) rin nito sa pagsusuri ang mga usaping panlipunan (*social issues*) na tinataglay (*contained by*) ng akda.

24. balada ~ ballad – isang uri ng pasalindilang awiting-bayan [tingnan ang bilang 21] na nilikha ng mga simpleng mamamayan; karaniwang nagsasalaysay ng mga malulungkot na pangyayari, pagpaslang (*murder*), labanan, mahahalagang kaganapan sa kasaysayan at mga aklasan (*rebellions*).

25. balagtasang ~ poetic joust – isang uri ng tulang patnigan [tingnan ang bilang 255] na naglalahad ng dalawang magkasalungat na panig ukol sa isang makabuluhang usapin na karaniwang kinatatampukan ng dalawang mambabalagtas (makatang magtatanggol sa isang partikular na panig) at isang tagahatol o taga-awat (*moderator*).

26. balangkas ng banghay ~ fabula <Ltn.> – tumutukoy sa pinakaubod o *core* ng isang salaysay o istorya na siyang natitira kapag inalis ang masining na paraan ng pagpapahayag sa teksto. {*Ang fabula ng "Tata Selo" at iba pang mga kwentong ukol sa magsasaka ay simple lamang: Matagal nang nagsasaka ang magbubukid sa lupang hindi kanya. Palalayasin siya ng propitaryo o landlord. Magagalit ang magsasaka kaya papatayin o paghihigantihan niya ang landlord. Madali ring ibigay ang fabula ng mga teleserye o soap opera sa Pilipinas: May dalawang pamilya: ang mayamang pamilya ng*

asendero at ang dukhang pamilya ng magbubukid. Magkakaibigan ang anak ng asendero at anak ng dukhang pamilya. Hahadlangan ng pamilya ng asendero ang pag-iibigan ng dalawa. Gagawin niyang miserable ang buhay ng pamilya ng dukha. Sa kabila ng lahat, maikakasal ang anak ng asendero at ang anak ng dukha at sila'y mamumuhay na nang masaya.}

27. balita ~ news – isang uri ng akdang tuluyan na nag-uulat sa mga pangyayaring makabuluhan (*significant*) para sa isang partikular na komunidad, sa malaki-laking bahagi ng populasyon o sa buong daigdig na karaniwang inilalathala (*published*) nang araw-araw sa mga pahayagan o kaya'y sa mga *website* sa internet.

28. banghay ~ plot – tumutukoy sa plano, disenyo, paraan o padron ng paglalahad ng mga pangyayari sa isang dula, maikling kuwento at iba pang katha o *fiction*; ang pagkakaayos ng mga pangyayari at karakterisasyon sa paraang nakahihikayat (*encouraging*) sa mambabasa o manonood; sumasagot ito sa tanong na: “Bakit ito nangyari?,” “Bakit ito nangyayari?” at “Ano ang susunod na mangyayari – at bakit?” o kaya'y “May mangyayari ba?”

29. baroque – tawag sa estilo ng pagsulat na puno ng detalye, kagila-gilalas na pagmamapuri (*conceit*) at matinding emosyunalismong relihiyoso.

30. bathos – tumutukoy sa hindi sinasadyang pagdausdos (*descent*) ng pagpapahayag o pagsasalaysay sa pagtatangkang (*attempt*) maglarawan ng kalunus-lunos (*miserable*), marubdob o matayog (*passionate* o *glorious*) na kalagayan na nauuwi lamang sa pagtukoy sa bagay na walang kabuluhan (*trivial*) at baligho (*ridiculous*).

31. berso ~ verse – terminong kasingkahulugan ng “tula” o kaya'y “saknong.” {*Ang unang programa ng Light Rail Transit Authority/LRTA at ng Embahada ng Espanya sa Pilipinas na nagtataguyod ng pagbasa ay pinamagatang “Berso sa Metro.” Tampok dito ang ilang sipi o “excerpt” sa ilang tulang Kastila gaya ng “Tu Risa” ni Pablo Neruda at ang salin nito sa Filipino.}*

32. bersong blangko ~ blank verse – uri ng tula na may sukat at natural na indayog (*rhythm*) ngunit walang tugma.

33. bildungsroman <Alm.> – isang nobela na pumapaksa sa paghubog sa pagkatao ng isang indibidwal mula pagkabata hanggang pagtanda na nagsasalaysay sa kanyang paghahanap sa kanyang sariling pagkakakilanlan o identidad. {*Ang “Walo at Kalahating*

Dekada ng Isang Buhay” ni Genoveva Edroza-Matute, “*David Copperfield*” ni Charles Dickens at “*A Portrait of the Artist as a Young Man*” ni James Joyce ay pawang halimbawa ng bildungsroman.}

34. bugtong ~ riddle – isang uri ng maikling tula na karaniwang binubuo lamang ng dalawang taludtod at naglalarawan sa isang tao, bagay, hayop, halaman, lugar, pangyayari atbp. sa anyong palaisipan na naglalayong pahulaan sa mga tagapakinig ang tinutukoy.

35. bukod/pagkabukod ~ other/otherness ~ iba/pagkaiba – isang pangunahing konsepto ng post-kolonyal na dulog sa panunuring pampanitikan na ginagamit upang tukuyin ang pagkabanyaga at inaakalang kababaan (*inferiority*) ng mga mamamayan at mga bansang sinakop (kolonisado) sa pananaw ng kultura ng mga mananakop (kolonisador); maaari ring gamitin ang konseptong ito sa iba pang dulog sa panunuring pampanitikan gaya ng Feminismo, kung saan ang babae naman ang nasa katayuang “bukod” sa pananaw ng lipunang patriyarkal. {*Ang konsepto ng other/otherness ay bahagyang makikita rin sa nobelang “Gapô” ni Lualhati Bautista, kung saan inilarawan kung paano itinuturing na inferior at mistulang aliping patay-gutom sa limos, katiting na sahod at mga itinambak na tira-tirang imported na produkto ng mga Amerikano ang mga Pilipino partikular ang mga manggagawa sa mga base militar ng Estados Unidos sa Pilipinas.*}

36. burlesk ~ burlesque – mapanudyo (*derisive*) o eksaheradong panggagagad/imitasyon ng isang akdang pampanitikan o musikal, na mas mabalasik (*stronger*) at mas malawak (*broader*) kaysa sa estilo ng parodiya.

C

37. consonance – ang pag-uulit ng serye ng dalawa o higit pang katinig na may pagkakaiba lamang sa nakapaloob na patinig (*intervening vowel*). {*Narito ang isang halimbawa ng consonance: Bato at buto/Taba at tuba/Tila tula.*}

38. couplet – tawag sa dalawang magkasunod at magkatugmang taludtod sa isang saknong ng tula. {*Ang ikapitong saknong sa Florante at Laura ay nagtataglay ng dalawang “couplet:” Ito’y gubat manding sa pinto’y malapit/Abernong Reyno ni Plutong masungit/ang nasasakupang lupa’y dinidilig/ng Ilog Kositong kamandag ang tubig.*}

D

39. Dadaismo ~ Dadaism – kilusang pangkultura (*cultural movement*) na nagsimula sa Zürich, Switzerland sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig; mariin nitong tinutulan ang digmaang pandaigdig sa pamamagitan ng pagsasantabi (*rejection*) ng mga namamayaning pamantayan (*prevailing standards*) sa sining na ginagamit ng mga tradisyunal na intelektwal na aktibong sumuporta o kaya’y nanahimik lamang sa pagsambulat (*outbreak*) ng digmaan; isinusulong nito ang paglikha ng mga likhang-sining na magulo, walang kaayusan, anarkista (*anarchist*) at absurdo sa layuning tuligsain ang kawalang-saysay at kawalang-kabuluhan ng “modernong mundo” na noo’y mistulang gumuho dahil sa pagsambulat ng digmaang pandaigdig. {*Ang paglinang sa pamamaraang “collage” ay isa sa mga pamana ng Dadaismo, bukod pa sa impluwensyang hatid nito sa Sureyalismo at Sining Popular o “Pop Art.”*}

40. dalit ~ hymn – isang uri ng awiting-bayan na inaawit ng mga katutubong di Kristyano sa pagsamba sa mga anito at/o sa kani-kanilang mga diyos. {*Sa panahon ng Kastila hanggang sa kasalukuyang panahon, ang mga himnong panrelihiyon gaya ng mga awiting nagbibigay-papuri sa Diyos o sa Mahal na Birheng Maria ay karaniwang inihahanay sa mga dalit.*}

41. dayalogo ~ dialogue – tawag sa pag-uusap ng mga tauhan sa isang maikling kuwento, nobela at iba pa. {*Ang “Noli Me Tangere” ay hitik sa mga makabuluhang dayalogo gaya ng matatagpuan sa Kabanata 14, 19, 25, 33, 45, 49 at 53, kagaya rin ng “El Filibusterismo” na katatagpuan din ng mga gayong dayalogo sa Kabanata 7, 15, 27 at 33. Ang mga dayalogo ay nagsisilbing pansalit sa paglalarawan ng mga pangyayari sa isang salaysay. Sa pamamagitan ng mga dayalogo ay nabubunyag ang tunay na katauhan o personalidad ng mga tauhan, ang bisa at kabuluhan ng kanilang mga kaisipan, ang kanilang mga motibo, katwiran at hangarin. Kung gayon, ang mga dayalogo ang nagbibigay-buhay sa mga tauhan at sa salaysay.*}

42. Dekonstruksyon ~ Deconstruction – isang dulog sa panunuring pampanitikan na tumutukoy sa pagsusuri sa teksto taglay ang paniniwalang ang kahulugan ng teksto ay mahihinuha lamang sa pagsipat lagpas pa sa panlabas na anyo o istruktura at kahulugan ng akda, sa pamamagitan ng paglalantad sa mga balatkayo (“disguises”) na

nagkukubli sa tunay na kahulugan nito, at sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga nagsasalungatang konsepto at moda ng kaisipan sa akda.

43. denotasyon ~ denotation – tawag sa aktwal na kahulugan ng isang salita, kaiba sa konotasyon (ang *implied* o salitang iniuugnay lamang dito); ang kahulugan ng salita na matatagpuan sa diksyunaryo.

44. deus ex machina <Ltn.> – tumutukoy sa teknik ng mga Griyegong mandudula (*playwright*) na ginagamit upang wakasan ang dula sa pagdating ng isang diyos na ibinababa sa pamamagitan ng isang kagamitang mekanikal, at siyang nagpapasya at nag-aatas upang malutas ang mga suliranin ng mga tauhan; sa kasalukuyan, ang pariralang ito ay ginagamit upang tukuyin ang anumang pilit (*forced*) at kagila-gilalas (*improbable*) na teknik sa paglutas ng suliranin sa salaysay gaya ng pagsulpot ng di inaasahang pamana, ang pagkatuklas ng isang nawawalang liham, ang pagbagsak ng pader sa antagonist atbp.

45. didaktiko ~ didactic – uri ng panitikan na nagbibigay-diin sa pagbibigay ng kaalaman at gabay sa wastong kaasalan o pamumuhay sa mambabasa, nang walang gaanong pagsasaalang-alang sa kasiningan ng kayarian ng akda. {*Ang obra maestra ni Rousseau na “Emile” ay isang halimbawa ng panitikang didaktiko. Inilalarawan sa “Emile” ang wastong edukasyong ginagabayan ng pilosopiyang Naturalista. Sa Pilipinas, ang aklat na “Pagsusulatan ng Dalawang Binibini na Sina Urbana at Feliza” ni Padre Modesto de Castro ay isang magandang halimbawa ng panitikang didaktiko. Makikita sa aklat na “Panitikan ng Pilipinas” nina Villafuerte et al. ang buod ng akda ni Padre de Castro. Ang ilang bahagi ng nobelang “Mga Ibong Mandaragit” ni Amado V. Hernandez, partikular ang mga mahahabang diskurso ni Dr. Sabio ukol sa sosyalismo ay maituturing na didaktiko.*}

46. diegesis – ang “daigdig” ng salaysay

47. diona ~ wedding song – isang uri ng awiting-bayan na kinakanta sa kasalan.

48. disonansya ~ cacophony ~ dissonance – wikang itinuturing na magaspang, masagwa at tila masakit sa pandinig, bunga ng nagsasalungatang tunog na mahirap bigkasing nang magkakasunod at ng negatibong konotasyon ng mga salita.

49. distopyano ~ dystopian – uri ng panitikan na kabaligtaran ng utopyano, naglalarawan sa mga negatibong katangian ng isang dystopia (isang lugar na

kabaligtaran ng *utopia* kung saan ang buhay ay katuparan ng pinakamasamang bangungot sa halip na pinakamatayog na pangarap) upang bigyang-babala ang mga mambabasa sa mga posibleng masasamang pagbabago at kaganapan sa pulitika at lipunan na dapat o kaya'y maaaring iwasan. {*Ang nobelang "1984" ni George Orwell at "Brave New World" ni Aldous Huxley ay kapwa dystopian. Sa ganitong konteksto, maituturing din na dystopian ang "El Filibusterismo" sapagkat nilayon ni Jose Rizal na bigyang-babala ang mga Pilipino sa mga katulad ni Simoun: huwad na rebolusyunaryo, isang tirano na ang turing sa mamamayan ay laruang susian o tau-tauhan, naghahangad ng himagsikan hindi dahil sa dalisay na hangaring kamtin ang katarungan kundi upang makapaghiganti lamang.*}

50. dramatis personae <Ltn.> – tawag sa talaan ng mga tauhan na may papel/gampanin sa isang drama o dula.

51. dula ~ play – isang uri ng akdang pampanitikan na nagsasalaysay ng mga pangyayaring umiinog sa kaunti o maraming tauhan, binubuo ng isa at higit pang yugto o bahagi at itinatanghal sa teyatro o anumang lugar kung saan maaaring magtipon ang marami-raming tao gaya ng lansangan.

52. dulang musikal ~ musical play ~ musical – anumang dula na ang mga dayalogo ay inaawit at sinasaliwan ng musika. {*Ang sarswela at opereta ay ilan lamang sa halimbawa ng mga dulang musikal.*}

53. dung-aw ~ funeral song – isang uri ng awiting-bayan na kinakanta ng isang kaanak ng yumao upang papurihan ang namatay o kaya'y magpahayag ng pagdadalamhati sa pagkawala ng mahal sa buhay. {*Dung-aw ang paawit na bersyon ng elehiya.*}

54. duplo – isang uri ng dulang patnigan na isinasagawa kapag may lamay sa patay o kaya'y sa paggunita sa unang taon ng pagkamatay (tinatawag na *ibis-luksa*); pumapaksa sa patulang pagtatalo ng mga binata at dalaga (na tinatawag na *bilyako* at *bilyaka*), bukod pa sa mga minor na karakter na magkukunwaring hari, embahador, duke, hukom atbp., na sinisimulan sa pagpapahayag ng bintang ng pagnanakaw sa isang bilyako na magtatanggol sa kanyang sarili sa paraang patula at ipapasa ang bintang sa iba.

E

55. Eksistensyalismo ~ Existentialism – isang dulog sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa kakayahan ng bawat indibidwal na manindigan o maging responsable sa kanyang pagpapasya, sa gitna ng mundong batbat ng matinding pangamba at takot; nagsimula ito bilang isang *school of thought* ng pilosopiya sa Europa. {*Ang nobelang “Gapô” ni Lualhati Bautista ay maaaring suriin gamit ang dulog na eksistensyalismo sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga katauhan nina Michael Taylor, Jr., Magda atbp. at kung paano sila umiba ng landas sa mga pangkaraniwang biktima ng mga base militar ng Amerikano sa Pilipinas sa pamamagitan ng kanilang mga mahahalagang pasya sa nobela.*}

56. Ekspresyunismo ~ Expressionism – kilusan sa sining at panitikan na naglalayong mag-aklas laban sa mga paksa at estilo ng tradisyong Reyalismo; ang mga akdang ekspresyunista ay karaniwang nakatuon sa pagpapahayag ng isang personal na larawang-diwa na karaniwa’y bagabag at lubhang madamdaming bisyon ng buhay ng tao at ng lipunan, at gumagamit ng maraming simbolikal na pangyayari at tagpuang hindi makatotohanan.

57. elehiya ~ elegy – isang uri ng tulang liriko na nagpaparangal sa isang yumao at/o pumapaksa sa kamatayan, matinding kabiguan, lumbay, pighati, panaghoy, kawalang-pag-asa, pagkawala ng isang bagay, pagluluksa, kalungkutan at iba pang kaugnay na damdamin. {*Sa antolohiyang “Poetika/Pulitika” ni Bienvenido Lumbera ay matatagpuan ang tatlong elehiya na pinamagatang “Elehiya para kay Renato Constantino,” “Kamatayan at Pagkabuhay ni Ka Pepe” at “Alay Kay Kumander Tangkad.” Samantala, ang “Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan” na makikita sa antolohiyang “Isang Dipang Langit: Kalipunan ng mga Tula ni Amado V. Hernandez” ay maituturing ding isang elehiya na pumapaksa sa pighati at pagluluksa ng may-akda dahil sa inagaw na kalayaan ng kanyang lupang tinubuan. Kahawig ito ng tema ng “Elegy Written in a Country Churchyard” ni Thomas Gray. Pinaghalo naman sa tulang “Explico Algunas Cosas” o “A Few Things Explained” na mababasa sa antolohiyang “Selected Poems: Pablo Neruda” ang tema ng pagluluksa sa pagkawala ng kalayaan at pagpanaw/pagpaslang sa mga kaibigan ng makata.*}

58. empathy ~ empatiya – tumutukoy sa marubdob na pakikisangkot ng mambabasa sa kanyang binabasa na tila baga siyang aktwal na kalahok sa salaysay, kasama sa pagkilos ng tauhan at nararamdaman ang mga emosyong kanyang nababasa.

59. epigram – maikling tula, berso o pahayag na naglalayong tuligsain o libakin ang isang kaisipan o pangyayari o kaya’y magbigay ng aral, karaniwang may halong pagpapatawa o sarkasmo. *{Isang magandang halimbawa ng epigram ang matatagpuan sa ikalawa’t huling saknong ng tulang “Reyna” na nasa antolohiyang “Isang Dipang Langit: Katipunan ng mga Tula ni Amado V. Hernandez.” Narito ang tinutukoy na saknong na nanlilibak sa mga nag-aakalang ang pag-aasawa ay langit tulad ng pangako ng maraming mangingibig: Ang binibini ay naging ginang,/reyna na ngayon;/nguni’t ang langit...di matagpuan sa barung-barong. Marami ring matatagpuang epigram sa aklat ng tula ni Alejandro G. Abadilla na pinamagatang “Tanagabadilla.” Sa “Noli Me Tangere,” ang pahayag na ito ni Pilosopong Tasio sa Kabanata 53 ay isa ring halimbawa ng epigram: “Hindi na kailangan ng mga mamamatay ang gamot; kayong mga maiiwan, kailangan ninyo ng gamot.”}*

60. epigrapo ~ epigraph – parirala o pahayag (*quotation*) na inilalagay sa simula ng isang akdang pampanitikan, halimbawa’y sa simula ng kabanata ng nobela, o sa simula ng sanaysay. *{Sa unang kabanata ng “El Filibusterismo” ni Rizal ay makikita ang isang halimbawa ng epigraph: “Sic itur ad astra.” Ang nasabing pahayag ay hango sa epikong “Aeneid” ni Virgil. Nangangahulugan ito na “Ganyan ang daan patungo sa mga bituin.”}*

61. epiko ~ epic – isang uri ng mahabang tulang pasalaysay na pumapaksa sa kagilangilalas at supernatural na pagsilang, paglaki, pakikidigma, pagkamatay at muling pagkabuhay ng pangunahing tauhan, na karaniwang inaawit (*chanted*) ng mga katutubo sa Pilipinas bago dumating ang mga Kastila. *{Sa kasalukuyang panahon, ang mga epiko ng Pilipinas ay karaniwang mababasa sa pormang tuluyan sapagkat halos patay na pasalindilang panitikan/oral literature sa maraming lugar sa Pilipinas at mangilangilan pa lamang mananaliksik ang nagtangkang mag-transcribe ng mga epiko mula sa mga buhay na tagasalaysay/mang-aawit ng mga epiko. Malaking ambag sa pagsusuri ng mga epiko ang “The Morphology of the Folktale” ni Vladimir Propp.}*

62. epikong huwad ~ mock epic – isang uri ng parodiya na tahasang gumagagad sa mabulaklak na pananalita at maseremonyang porma ng epiko sa layuning mailapat ang

mga pamamaraang ito sa pagsasalaysay ng paksang payak at walang gaanong kabuluhan gaya halimbawa ng pag-aaway-away dahil sa ninakaw na pelukang kulot.

63. epilogo ~ epilogue – ang huling bahagi ng isang akdang pampanitikan, partikular ng nobela, na karaniwang nagbibigay ng mabilisang pagsasalaysay sa kinahinatnan ng mga tauhan, bukod pa sa nangyari sa mga pangunahing karakter. *{Ang “Noli Me Tangere” ay may epilogo. Sa epilogo nito ay mabilis na inihayag ni Rizal ang kinahinatnan nina Maria Clara, Padre Damaso, Padre Salvi, Linares, Donya Victorina, Don Tiburcio, alferes, Donya Consolacio, Kapitan Tiago atbp.}*

64. epistolaryo ~ epistolary – uri ng panitikang inilahad sa anyo ng mga liham o kaya’y pagsusulatan ng dalawa o higit pang tauhan. *{Ang “Urbana at Feliza” ni Padre Modesto de Castro ay isang halimbawa ng panitikang epistolaryo. Ang Kabanata 28 ng “Noli Me Tangere” na pinamagatang “Mga Liham” o “Mga Korespondensya” ay maihahanay rin sa panitikang epistolaryo.}*

65. epithalamion – tulang sinulat upang ipagdiwang ang isang kasal.

66. eskapista ~ escapist – akdang naglalahad ng mga pangyayaring madalas ay taliwas sa mga pangkaraniwang reyalidad sa daigdig; naglalayong ilayo nang pansamantala ang mga tao sa mga masasalimuot na problema sa daigdig para mabigyan sila ng pansamantalang aliw/libangan nang walang pagsasaalang-alang sa mga suliraning panlipunan. *{Maituturing na eskapista ang maraming panoorin sa telebisyon – gaya ng mga telenovelang laging nauuwi sa magandang wakas, sa pagkakasundo ng lahat ng mga nag-aaway – na nagbibigay-aliw lamang sapagkat inilalayo nila ang mata ng tao sa mga nagnanaknak na kanser ng lipunan gaya ng katiwalian sa pamahalaan na maaari sanang matalakay o malantad sa pamamagitan ng mga makabuluhang palabas.}*

67. Estetika ~ Aesthetics – malawak na sangay (*branch*) ng pilosopiya na may kinalaman sa (*dealing with*) mapanuring pagsipat (*critical analysis*) sa mga pamantayan (*standard*) ng kagandahan, sa sining at sa inaakalang mabuting panlasa kaugnay nito, at sa paglikha at pagpapahalaga (*appreciation*) sa kagandahan.

68. Estetisismo ~ Aestheticism – isang dulog (*approach*) sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa kagandahan o kasiningan bilang pinakamahalagang aspekto sa pagsusuri ng isang akdang pampanitikan. *{Pinanghahawakan ng mga tagapagtaguyod*

ng *Aestheticism* ang pariralang pinasikat ni *Theophile Gautier*: “*l’art pour l’art*” na nangangahulugang “*art for art’s sake*” o sining sa ngalan ng sining lamang/dalisay na sining. Naniniwala sila na ang mga akdang pampanitikan ay hindi nangangailangang magtaglay ng aral o kamalayang panlipunan, sapagkat para sa kanila, kasiningan/kagandahan ng porma ang pinakamahalagang katangian ng isang akdang pampanitikan.}

E

69. fanfiction – di opisyal at di lisensyadong mga kathang salaysay (*fictional stories*) tungkol sa mga sikat na tao o kaya’y mga tauhan mula sa mga popular na maikling kwento o nobelang nailimbag, na isinulat ng mga tagahanga o *fan* ng nasabing sikat na tao o ng mga nabanggit na tauhan. {*Dahil sa popularidad ng mga nobelang “Twilight” at “New Moon” ni Stephanie Meyer, na kapwa naisapelikula na, maraming lumitaw na “fanfiction” sa internet tungkol sa mga pangunahing tauhan sa mga aklat na ito na sina Edward Cullen, isang lalaking bampira (vampire); Jacob Black, isang lalaking taong-lobo (werewolf); at Bella Swan, isang dalagang pinag-aagawan nina Edward at Jacob.*}

70. Feminismo ~ Feminism – isang dulong sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa gampanin, tungkulin, papel at paninindigan ng babae sa panitikan, lipunan at kultura, partikular sa madalas na pagdanas ng mga babae ng kaapihan at pangmamaliit sa mga lipunang patriyarkal. {*Ang nobelang “Dekada 70” ni Lualhati Bautista ay maaaring suriin gamit ang feminismo sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa gampanin ni Amanda bilang ina ng kanyang mga anak na iba-iba ang ugali at kamalayang panlipunan, bilang asawa ng isip-patriyarkal na si Julian, at bilang ina na mamamayan din ng bansa kaya’t di maiiwasang paminsan-minsa’y makisangkot din sa pakikibaka para sa pagbabagong panlipunan na nauna nang pinanghawakan ng kanyang mga anak.*}

71. flat character – tauhan na nilikha upang magkintal lamang ng isang kaisipan; nagtataglay ng lantad at di nagbabagong personalidad. {*Si Doña Victorina ng “Noli Me Tangere” at “El Filibusterismo” ay maituturing na isang flat character sapagkat nilikha lamang siya ni Rizal upang katawanin ang lahat ng mga Pilipinong namumuhi sa*

kanilang mga kalahi. *Lantad at di nagbabago ang personalidad ni Doña Victorina sa kabuuan ng dalawang nobela ni Rizal.*}

G

72. genre – pangkalahatang tawag sa “uri ng panitikan.” *{Ang tula, nobela at maikling kuwento ay ilan lamang sa napakaraming “genre” ng panitikan.}*

73. gothic – uri ng panitikang pumapaksa sa mga tao, bagay at pangyayaring kahindik-hindik, kagimbal-gimbal at supernatural. *{Ang mga “kuwentong fantastiko” na pinapauso ng ilang manunulat mula sa Unibersidad ng Pilipinas na mababasa sa antolohiyang pinamagatang “Kathang-Isip” ay maihahanay sa mga panitikang “gothic.”}*

H

74. haiku <Hpn.> – isang uri ng tulang hango sa Hapon na binubuo ng tatlong taludtod na ang una’t huli’y may limang pantig at ang ikalawa’y may pitong pantig.

75. hegemonya ~ hegemony – ang kapangyarihang pulitikal, ekonomiko, ideolohikal o kultural na ginagamit ng isang dominanteng pangkat upang makapangibabaw sa iba pang pangkat nang walang pagsasaalang-alang (*regardless*) sa tahas (*explicit*) na pagpayag/pagsang-ayon (*consent*) ng mga pangkat na pinangingibabawan. *{Ang hegemonya ng isang tao, pangkat o bansa ay siyang nagiging dahilan ng mga tunggalian sa lipunan na sinasalamain naman ng ilang akdang pampanitikan. Magagamit ang teoryang Marxismo sa pagsusuri ng mga ganitong akdang pampanitikan [tingnan ang bilang 132].}*

76. himig ~ tono ~ tone – tumutukoy sa saloobin o damdamin na ipinakikita o inilalahad ng estilong ginamit sa tula, maikling kwento at ibang akdang pampanitikan. *{Ang himig ng tulang “Kung Tuyo na Ang Luha Mo, Aking Bayan” ni Amado V. Hernandez ay magkahalong kalungkutan, hinanakit at protesta. Samantala, ang tulang “Sa Tabing Dagat” naman ni Idefonso ay may himig ng pag-ibig.}*

77. hindi katha ~ non-fiction – sa pangkalahatan, terminong ginagamit para tukuyin ang isang akdang pampanitikan na naglalarawan o ibinatay sa totoong buhay o sa mga totoong pangyayari, partikular sa anyong tuluyan; sumasaklaw sa talambuhay atbp. katulad na genre.

78. humanismo ~ humanism – isang dulog (*approach*) sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa likas na kabutihan, dignidad, kakayahan at pagiging rasyunal (*rational*) ng mga tao.

!

79. imahe ~ image – isang malinaw na impresyong biswal o anupamang kongkretong detalye na malinaw na naihahayag at tila baga nararamdaman, nakikita, naririnig, naaamoy, nalalalahan at nasasalat na ng mambabasa sa linaw at bisa ng pagkakarawan. {*Ang tulang “Ang Dalaw” ni Amado V. Hernandez ay malinaw na kakikitaan ng imahe ng bilangguan at ng ganap na kalungkutan ng isang bilangong walang dalaw.*}

80. Imahismo ~ Imagism – isang dulog sa pagsulat at pagsusuri ng tula na nagbibigay-diin sa paglalahad ng kahulugan sa pamamagitan ng paglalarawan ng malinaw at tiyak na mga imahe na tila ba natatanaw na ng mambabasa sa kanyang tabi sa kalinawan at katiyakan. {*Ang tulang “Alambreng May Tinik, Bombang Tubig at Usok na Malupit” ni Remi Alvarez-Alva, isang tula tungkol sa Edsa People Power I ay maaaring suriin gamit ang dulog na Imahismo sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa masining at biswal na paglalarawan ni Alvarez-Alva sa imahe ng mga kasangkapan ng talunang diktadura: “barbed wire,” “water cannon” at “tear gas.”*}

81. Impresyunismo ~ Impressionism – estilo ng pagsulat na nagbibigay-diin sa paglalarawan sa halip na pagpapakahulugan (*interpretation*) ng mga impresyon, nararamdaman, sensasyon at emosyon ng tauhan; karaniwang naglalahad ng ilang detalye upang ipakita ang impresyon o epekto ng mga pangyayari o eksena sa tauhan.

82. incunabula <Ltn.> – tumutukoy sa lahat ng aklat na nilimbag sa panahong kaiimbento pa lamang sa relatibong modernong palimbagan (*movable printing type*).

83. indayog ~ ritmo ~ rhythm – ang may-sukat (*measured*) na pagdaloy ng serye (*series*) ng mga tunog na makikita sa pagkakaiba-iba ng haba at diin (*accentuation*). {*Ang mga tula, may sukat man o wala, may tugma man o wala, ay may natural na indayog o ritmo dahil sa pagkakaiba-iba ng sukat at diin ng mga salita sa loob ng taludtod.*}

84. intertekstwalidad ~ intertextuality – tumutukoy sa pagbanggit o pagtukoy ng isang teksto sa isa pang bukod na teksto.

85. Istrukturismo ~ Structuralism – isang dulog sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin na ang teksto ay walang permanenteng kahulugan kundi bukas sa iba't ibang interpretasyon batay sa pagpapakahulugan sa mga salita sa teksto ng may-akda at ng mga mambabasa; nakasalig ito sa paniniwalang ang mga kahulugan ng mga salita ay arbitraryo (ayon lamang sa panlasa ng may-akda o mambabasa) kaya sa halip na hanapin ang kahulugan ng teksto, ang pagsusuring Istrukturista ay naglalayong sipatin ang mga tunggalian at paglalaban-laban sa loob ng teksto at sa mga pinagbatayang istruktura ng mga kaisipan na lumilikha ng kahulugan.

K

86. kabalighuan ~ paradox – kakatwang (*unusual*) kombinasyon ng mga kaisipang nagsasalungatan (*inconsistent/incompatible*) sa layuning maglantad ng isang kagulat-gulat na katotohanan o di pangkaraniwang kabatiran (*insight*). {*Narito ang isang katutubong halimbawa ng kabalighuan: “Ang nagmamadali ay lalong nahuhuli.”*}

87. kabalintunaan ~ pagtuya ~ pag-uyam ~ ironiya ~ irony ~ sarcasm – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] na naglalarawan sa mga tao, bagay, sitwasyon atbp. sa paraang kasalungat o kabaligtaran ng aktwal na nais ipakahulugan ng sumulat o nagsalita. {*Sa unang kabanata ng “El Filibusterismo” tinawag na “maawain” o “pious” ni Simoun si Emperador Tito/Titus ng Imperyong Romano na nagpakulong sa maraming Hudyo o Jew. Ang pahayag na iyon ni Simoun ay isang halimbawa ng “irony.” Ang paggamit ni Rizal ng pamagat na “Maligayang Pasko!” sa Kabanata 8 ng “El Filibusterismo” ay isa ring kabalintunaan sapagkat ang buong kabanata ay naglahad ng mga kasawian ng pamilya ni Kabesang Tales, partikular ang pagpapaalila ni Juli at ang pagkapipi ni Tandang Selo.*}

88. kabanata ~ tsapter ~ chapter – tawag sa yunit ng pagkakahati-hati ng nobela na karaniwang pumapaksa sa isang aspekto o bahagi ng banghay o *plot*.

89. kakalasan ~ resolusyon ~ resolution ~ denouement – tawag sa mga panghuling bahagi ng salaysay o istorya na naglalarawan sa huling kinahinatnan, resulta o bunga ng pangunahing plano o motibo ng protagonista; karaniwang kasunod ito ng rurok o

climax ng salaysay. {Sa “*El Filibusterismo*” ni Jose Rizal, ang kakalasan ay matatagpuan sa mga huling bahagi ng *Kabanata 36*, kung saan inilarawan ng mga nahuling tulisan ang isang kasapakat na Kastila na diumano’y siyang utak ng nabigong pagsabog na dapat sana’y magiging hudyat ng isang rebolusyon at sa *Kabanata 37*, kung saan nahinuha ng mga nag-uusap-usap sa tahanan ng pamilya Orenda na si Simoun ang may pakana ng mga kaguluhan, ang Kastilang inilarawan ng mga nahuling tulisan sa *Kabanata 36*, partikular ang tangkang pagpapasabog sa lugar ng handaan ng kasal nina Juanito Pelaez at Paulita Gomez kung saan naroon ang lahat halos ng mga opisyal na Kastila, mga Pilipinong elite at mga abusadong prayle sa nobela.}

90. kakatwa ~ grotesque – mga karakter sa akdang pampanitikan na nakatatakot ang itsura ngunit nakaaawa rin, gaya halimbawa ng mga tauhang may malalang kapansanan at/o pisikal na kapintasan ngunit nagtataglay ng mga mabuting katangian. {Ang kubang may busilak na puso na si Quasimodo na siyang pangunahing tauhan sa nobelang “*Hunchback of Notre Dame*” ni Victor Hugo ay isa sa mga halimbawa ng mga tauhang “grotesque.” Circa 2000 nang kopyahin ng telenovelang “*Kampanerang Kuba*” (ABS-CBN Channel 2) ang karakter ni Quasimodo. Ang pamosong “*Phantom of the Opera*” at ang “*Beast*” sa “*Beauty and the Beast*” ay pawang mga tauhang “grotesque” din.

91. kalusan – isang uri ng awiting-bayan na pumapaksa sa mga karanasan sa pagtatrabaho ng mga manggagawa at magsasaka. {Ang “*Magtanim Ay Di Biro*” ay isang halimbawa ng kalusan.}

92. kanon ng panitikan ~ canon of literature – tumutukoy sa mga akdang pampanitikan na sinulat ng mga may-akda, na kinikilalang “pangunahin” at bahagi ng mga klasiko (*classics*) ng nakararaming kritiko, iskolar at mga guro ng panitikan. {Sa Pilipinas, ang “*Florante at Laura*,” “*Noli Me Tangere*,” “*El Filibusterismo*,” “*Dekada Sienta*,” at “*Tata Selo*” ay ilan lamang sa bahagi ng kanon ng panitikan.}

93. karagatan – isang uri ng dulang patnigan na isinasagawa kapag may lamay sa patay o kaya’y sa araw ng paggunita sa unang taon ng pagkamatay (tinatawag na “*ibis-luksa*”); pumapaksa sa patulang pagtatalo ng mga binata upang kunwari’y maikasal sa isang dalaga sa pangkat; walang tiyak na *script* sapagkat ispontanyo ang salaysay.

94. karangalang posthumous ~ posthumous award – karangalang ibinigay sa isang tao sa panahong siya’y yumao o patay na. {Ang “National Artist Award” o “Gawad Alagad ng Pambansang Sining” ay ibinigay ng diktadurang Marcos kay Amado V. Hernandez sa panahong patay na siya. Samakatwid, iyon ay isang karangalang posthumous.}

95. karikatura ~ caricature – mapagmalabis o exsaheradong paglalarawan sa mga pangunahing katangian at/o pag-uugali ng isang tauhan na naglalayong makapagpatawa at/o pailalim na tumuligsa sa pinatutungkulan; karaniwang ginagamit ito sa mga dibuho o “drawing” ngunit may mga akdang pampanitikan na gumagamit din nito. {Ayon sa mga kritiko, ang tauhang “Big Brother” sa nobelang 1984 ni George Orwell ay isang karikatura ni Josef Stalin. Samantala, si Doña Victorina ay maituturing na karikatura ng mga “indio” na galit sa kapwa “indio” noong panahon ng Kastila. May mga nagsisipagsabi ring si Maria Clara ay karikatura naman ng mga Pilipinang kimi, konserbatibo, walang lakas ng loob na tumutol sa diskriminasyon, tradisyunal atbp.}

96. karilyo ~ puppet show – isang uri ng palabas na panlansangan na gumagamit ng mga tau-tauhang yari sa ginupit-gupit na karton; kung minsan, kapag gabing sakdal-dilim, itinatanghal ito sa likod ng puting tabing na tinatanglawan ng lampara ang likuran upang ang makita ng mga manonood ay ang itim na anino ng mga karilyo (tinatawag na *shadow theater*). {Sa bawat pagsisimula ng palabas o bahaging introduksyon ng “Hiraya Manawari,” na isang pambatang palabas sa Filipino noong circa 1990s sa ABS-CBN Channel 2, ipinakikita ang tagpong may karilyo, partikular ang “shadow theater.”}

97. karugtong ~ sequel – isang akdang pampanitikan na isinulat upang ipagpatuloy ang salaysay o kwento ng isang mas naunang akda. {Ang “El Filibusterismo” ay sequel ng “Noli Me Tangere.”}

98. kasukdulan ~ rurok ~ climax – tumutukoy sa pangyayari o bahagi ng salaysay (*narrative*) o banghay (*plot*) na pinakakapana-panabik, karaniwang kakikitaan ng pinakamasidhing (*momentous*) mga tunggalian na nagbubunga ng pagkabungit sa (*in the verge*) tagumpay o kabiguan ng protagonista, at nagbabadya ng nalalapit na kakalasan o resolusyon ng kwento. {Sa “El Filibusterismo” ni Jose Rizal, matatagpuan ang kasukdulan sa Kabanata 35, kung saan lumamlam ang lamparang may naglalaman ng nitroglisirina na “regalo” ni Simoun kina Juanito at Paulita, at akmang

itataas ni Padre Irene ang mitsa nito sa pag-aakalang muling lalakas ang liwanag nito kapag ginawa iyon, nang biglang sinunggaban ito ni Isagani sabay talon sa ilog, bagay na bumigo sa planong hudyat ni Simoun sa isang malawakang pag-aalsang magpapabagsak sa mga Kastila – ang inaasahang malaking pagsabog na kikitil sa maraming Kastilang makapangyarihan sa pamahalaan at simbahan.}

99. katarsis ~ pagpupurga ~ catharsis – tawag sa damdaming idinudulot ng panonood ng isang trahedya; kalmado, maaliwalas o payapang pakiramdam pagkatapos manood ng trahedya na tila бага nagsisilbing lunas sa kirot ng damdamin (*may therapeutic effect*).

100. katha ~ fiction – sa pangkalahatan, terminong ginagamit para tukuyin ang isang akdang pampanitikan na likhang-isip (*imaginative work*) lamang, partikular sa anyong tuluyan; sumasaklaw sa nobela, maikling kwento at novella.

101. kathang alternatibong uniberso ~ alternate universe fiction – isang uri ng *fanfiction* [tingnan ang bilang 69] kung saan binabago ang isa o ilang bahagi ng banghay o *plot* (halimbawa, mamamatay sa *alternate universe fiction* ang isang karakter na buhay sa orihinal na salaysay). {*May mga “alternate universe fiction” din na hinahalaw o kinukuha lamang ang mga karakter mula sa orihinal na salaysay at binabago ang konteksto o sitwasyong kinalalagyan ng mga tauhan. Halimbawa, may isang “alyernate universe fiction” kung saan ang mga sikat na karakter mula sa mga nobelang “Twilight” at “New Moon” ni Stephanie Meyer – na kapwa naisapelikula na – na sina Edward Cullen, isang lalaking bampira (vampire); Jacob Black, isang lalaking taong-lobo (werewolf); at Bella Swan, isang dalagang pinag-aagawan nina Edward at Jacob, ay inilagay sa ibang konteksto. Sa halip na sina Edward at Bella ang magkarelasyon, naging sina Edward at Jacob na ang magkasintahan sa “alternate universe fiction.”}*

102. kathang apokaliptiko ~ apocalyptic fiction – isang uri ng kathang siyentipiko o *science fiction* [tingnan ang bilang 104] na pumapaksa sa napipintong wakas ng sibilisasyon sa pamamagitan ng giyerang nukleyar (*nuclear war*), salot (*plague*), o iba pang malaking kapahamakan o trahedya, likas man o gawa ng tao, na sumasaklaw sa buo o malaking bahagi ng sangkatauhan. {*Ang mga pelikulang “The Day The World*

Stood Still, “2012” at “*The Day After Tomorrow*” ay pawang halimbawa ng mga kathang Apokaliptiko.}

103. kathang post-apokaliptiko – post-apocalyptic fiction – isang uri ng kathang siyentipiko o *science fiction* [tingnan ang bilang 104] na pumapaksa sa inaasahang kalagayan ng daigdig pagkatapos ng wakas ng modernong sibilisasyon (ang kontemporaryong sibilisasyon) na idinulot ng giyerang nukleyar (*nuclear war*), salot (*plague*), o iba pang malaking kapahamakan o trahedyang, likas man o gawa ng tao, na sumaklaw sa buo o malaking bahagi ng sangkatauhan. {*Ang mga pelikulang “Doomsday,” at “Resident Evil” ay pawang halimbawa ng mga kathang Apokaliptiko.*}

104. kathang siyentipiko ~ science fiction ~ sci-fi – kathang nagsasalaysay ng mga haka-hakang (*imaginary*) pangyayari na maaaring maging posible alinsunod sa mga napatunayan nang batas ng agham at kalikasan; karaniwang pumapaksa sa mga pangkat ng tao at/o lugar na may mas mahusay na teknolohiya kaysa sa panahong kontemporaryo. {*Ang serye ng pelikulang “Star Wars” ay isa sa mga pinakapopular na kathang siyentipiko. Kung tutuusin, ang paglipad ng mga sasakyan sa kalawakan na simbilis ng liwanag ay imposible sa kasalukuyang panahon, ngunit kung susundin ang batas ng agham, maaaring dumating ang panahon na makalikha na nga ng mga gayong uri ng sasakyan. “Science fiction” ang “Star Wars.” “Science” sapagkat gumagamit ito ng paglalarawang alinsunod sa mga batas ng agham at “fiction” sapagkat haka-haka lamang ang maraming “modernong teknolohiyang” inilalarawan dito, bagamat, alinsunod nga sa batas ng agham at kalikasan ay posibleng mangyari sa hinaharap ang mga gayong bagay.*}

105. kathang panghinaharap ~ futuristic fiction – isang uri ng maikling kuwento na naglalahad ng mga pangyayaring maaaring maganap sa hinaharap (*futuristic scenarios*), partikular ang may kaugnayan sa ultramodernong teknolohiya, batay o sumasalamin sa mga pangyayari sa kasalukuyan; kombinasyon ng *science fiction* at reyalismo [tingnan ang bilang 104 at 206].

106. kawikaan ~ salawikain ~ kasabihan ~ adage ~ aphorism ~ proverb ~ maxim – maikli, makabuluhan at malamang (*pithy*) pahayag ukol sa mga katotohanan sa pang-araw-araw na buhay na tinatanggap at pinaniniwalaan ng madla. {*Ang sumusunod ay isang halimbawa ng kawikaang Portuges: “Ang mga pagbisita ay laging nagbibigay ng*

kasiyahan: kundi man ang pagdating, ang paglisan/pag-alis.” Narito naman ang isang kawikaang mula kay Jose Rizal na higit na magiging malinaw sa Ingles: “A people can be free without being independent, and a people can be independent without being free.” Narito ang tipikal na kasabihang Filipino: “Aanhin pa ang damo, kung patay na ang kabayo?”}

107. Klasisismo ~ Classicism – isang dulog sa panunuring pampanitikan at paraan ng pagsulat na nagbibigay-diin sa pagpapahalaga at pagsandig sa estilo, tuntunin, moda, kumbensyon, pamantayan, tema at sensibilidad ng mga may-akdang Klasikal (sinaunang Griyego at Romano) at sa impluwensya nila sa mga akda ng iba pang mga manunulat. *{Ang mga pangalan ng lugar at tauhan, sa “Florante at Laura” ni Francisco Balagtas, gayundin ang paggamit nito ng mga alusyong mula sa mitolohiyang Griyego ay maliwanag na impluwensya ng 3. Klasisismo lalo pa nga’t ang edukasyon ni Balagtas ay hitik sa engkuwentro sa mga akdang Klasikal.}*

108. kolonyalismo ~ colonialism – ang pagbuo at pagpapanatili (*maintaining*) ng mga tao mula sa isang teritoryo ng mga kolonya sa iba pang teritoryo, kung saan tuwiran o direktang sinasakop ng mga kolonisador o *colonizer* ang istrukturang panlipunan, kultura, pamahalaan at ekonomya ng kolonya o *colony*, bagay na nagpapawalang-saysay sa kalayaan ng dating malaya/nagsasariling teritoryo na naging kolonya. *{Ang kolonyalismo ay may malakas na impluwensya sa panitikan. Ang mga akdang gaya ng “Things Fall Apart” ni Chinua Achebe at “Noli Me Tangere” ni Jose Rizal ay reaksyon o ganting-tugon ng mga mamamayan sa mga bansang kolonya laban sa pang-aabuso ng mga kolonisador.}*

109. komedya ~ comedy – isang uri ng dula na masaya, magaan, palabiro, nakatutuwa at/o katawa-tawa ang kabuuang himig o paksa. *{Ang “Sa Pula, Sa Puti” ni Francisco “Soc” Rodrigo ay isang halimbawa ng komedya.}*

110. konotasyon ~ connotation – kahulugan ng isang salita na iniuugnay (*associated*) sa isang salita na iba pa sa aktwal na kahulugan nito; gingamit ito ng mga manunulat upang higit na maging makulay at interesante ang salaysay. *{Sa kulturang Pilipino, ang salitang “Hudas” ay may konotasyong “taksil” o “traydor.” Gayundin, ang salitang “buwaya” ay may konotasyong “mandarambong” o “ganid.” Ang pamagat ng nobela ni Amado V. Hernandez na “Luha ng Buwaya” ay gumamit ng konotasyon.}*

111. kontra-bayani ~ antihero – isang pangunahing tauhan at/o protagonista sa isang modernong nobela o dula na napakalayo sa imahe at karakter ng isang pangkaraniwang bayani o *hero* sa salaysay; sa halip na dignidad, kapangyarihan at kabayanihan, mga negatibong katangian ang makikita sa *antihero* gaya ng kawalang-pitagan, kahinaan o kawalan ng katapatan. {*Si Simoun ng “El Filibusterismo,” bagamat may taglay na kapangyarihan, ay maituturing na isang kontra-bayani dahil sa kanyang katusuhan at pagmanipula sa taumbayan.*}

112. kontra-kasukdulan ~ anticlimax – tumutukoy sa sinadyang pagdausdos, pagbulusok o pababang pag-imbulog (*descent*) ng pagpapahayag o pagsasalaysay mula sa bagay na seryoso at matayog tungong walang kabuluhan (*trivial*) at hamak (*lowly*), sa layuning makapagpatawa o mang-uyam.

113. korido – isang uri ng tulang pasalaysay na may temang karaniwang romantisista at relihiyoso, nagtataglay ng mga di makatotohanang elemento gaya ng kapangyarihan ng mahika, inaawit nang mabilis, may walong pantig sa bawat taludtod at apat na taludtod sa isang saknong at hango sa mga salaysay at epiko ng mga bansang kanluranin gaya ng Gresya, Italya, Pransya at Espanya

114. koro ~ chorus – tao o grupo ng mga tao na bahagi ng mga sinaunang Griyegong dula at naging bahagi na rin ng iba pang dulang kanluranin (*western*), na gumagampan ng ilang hindi pangunahing (*minor*) papel sa dula at “pasingit-singit” lamang sa kabuuan nito.

115. Kritisismong Dayalohiko ~ Dialogic Criticism – dulog sa panunuring pampanitikan na nagpapahayag na ang isang akdang pampanitikan ay hindi isang tekstong ang mga kahulugan ay nilikha ng mga impersonal na pwersang panlinggwistika, pang-ekonomya o pangkultura, kundi isang pook para sa dayalohikong interaksyon ng maraming tinig o paraan ng diskurso, na ang bawat isa’y hindi lamang berbal kundi panlipunan ding penomenon at kung gayo’y produkto ng napakaraming aspekto na tiyak (*specific*) sa isang uri, pangkat sa lipunan at pamayanang lingguwistiko.

116. Kritisismong Sayko-analitiko ~ Psychoanalytic Criticism – isang uri ng dulog sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa mga malalalim na tunggalian pangkaisipan (*psychic conflicts*) na karaniwang idinudulot ng pagsupil sa katutubong

saloobin (*instinct*) ng tao, at nakasandig sa pag-iral ng tatlong aspekto ng kaisipan o *pysche* ng tao: ang “*id*,” (anarkiko, nakakubli at supil na pagkatao, ang “labas sa kamalayan” o “*unconscious*”) “*ego*” (ang nakalantad na mga tuntuning moral at mga pagbabawal, ang bahagi ng “kamalayan” o “*conscious*”) at “*superego*” (ang lipunan o pangkabuuang sistemang moral).

117. kumintang ~ tikam ~ hiliraw ~ tagumpay ~ battle hymn – isang uri ng awiting-bayan na kinakanta sa panahon ng digmaan para bigyan ng inspirasyon ang mga mandirigma.

118. kundiman ~ love song – isang uri ng awiting-bayan na pumapaksa sa pag-ibig. {*Ang kundiman ay di lamang pumapaksa sa pag-ibig ng isang lalaki sa babae kundi maging sa pag-ibig ng isang tao sa kanyang magulang, bayan, Diyos atbp.*}

119. kuwento ng katutubong kulay ~ story of local color – maikling kuwento kung saan nangingibabaw ang pagkakalarawan ng isang tiyak na pook, pag-uugali, paniniwala, pamumuhay, at pamantayan ng mga taong naninirahan doon.

120. kuwentong-bayan ~ folk tale – isang uri ng akdang tuluyan na pumapaksa sa mga gawain, pamahiin, tradisyon, kultura at sibilisasyon ng isang partikular na bansa o lugar, sa paraang makatotohanan o kaya’y may bahid ng kababalaghan.

121. kuwentong dagli ~ kathang dagli ~ flash fiction – napakaikling kuwentong binubuo lamang ng humigit-kumulang sa 300 salita. {*Ang antolohiyang “Sakit ng Kalingkingan: 100 Dagli sa Panahon ng Krisis” ni Rolando Tolentino ay isang koleksyon ng mga kuwentong dagli.*}

122. kuwentong-kuwadro ~ frame story – salaysay o kwentong naglalahad ng panimulang pangunahing kwento upang gawing lunsaran (“*starting point*” o “*springboard*”) ng set ng iba pang mga kwento, samakatwid baga’y “isang kwento sa loob ng kwento.” {*Ang pamosong “Arabian Nights” o “Sanlibo’t Isang Gabi,” kung saan ang kwento ni Aladin at Alibaba ay ilan lamang sa mga kabilang na kwento, at ang “Canterbury Tales” ni Geoffrey Chaucer ay kapwa naglalaman ng mga kuwentong-kuwadro.*}

123. kuwentong sikolohiko ~ psychological story – maikling kuwentong nagbibigay-diin sa pag-iisip o sikolohiya (*psychology*) ng tauhan sa kuwento.

L

124. ladino – tawag sa mga makata noong panahon ng Kastila na bihasa sa paggamit ng Tagalog at Español at nagsusulat ng mga tulang bilinggwal.

125. leit motif <Aln.> ~ motif – isang terminong tumutukoy sa isang tugtuging iniuugnay sa isang partikular na bagay, karakter o emosyon, gaya ng madalas mangyari sa mga opera (ang tugtuging mataas ang tono’y iniuugnay sa tagumpay o kaya’y sindak); malao’y ginamit na rin ito bilang termino sa panitikan upang tukuyin ang paulit-ulit na tema sa isang pangkat ng isang partikular na *genre* o kaya’y ang paboritong tema ng isang partikular na may-akda. {*Ang pag-aaklas, himagsikan o rebolusyon ay isa sa mga leit motif ng mga nobelang sinulat ng mga Pilipino gaya ng pinatutunayan ng “Mga Ibong Mandaragit” ni Amado V. Hernandez, “El Filibusterismo” ni Jose Rizal, “Power of the People” ni Carlos Bulosan, “Dekada Sitenta” ni Lualhati Bautista at “Dugo sa Bukang-liwayway” ni Rogelio Sicat. Samantala, ang buong Bibliya naman ay kakikitaan din ng iba’t ibang motif gaya ng paglalaban ng masama at mabuti (good versus evil). Ang serye o series ng Harry Potter ni J.K. Rowling ay may ganito ring motif.*}

M

126. machiavellian – tauhang gumagamit ng katusuhan, panlilinlang at pagdadalawang-mukha (*duplicity*) upang makamit ang kanyang layunin; naniniwala na “Kahit anong pamamaraan ay maaaring gamitin upang makamit ang layunin” (“*The end justifies the means.*”). {*Ang terminong “machiavellian” ay nagmula sa pangalan ni Niccolo Machiavelli (isang taga-Florence, Italya) na nagsulat ng aklat na “The Prince,” kung saan inisa-isa niya ang mga praktikal na gabay sa pagtatayo ng matibay na gobyernong may kamay na bakal.*}

127. mahiko reyalismo ~ magic realism – isang uri ng dulong sa pagsulat ng panitikan na gumagamit ng magkahalong mga makatotohanan at di-kapani-paniwalang pangyayari upang makabuo ng salaysay na may bahid kapwa ng realismo at pantasya. {*Ang nobelang “Cien Años de Soledad” (One Hundred Years of Solitude) na isinalin na rin sa Filipino ni Dr. Venancio Mendiola sa pamagat na “Isandaang Taong Lumbay” ay*

isa sa pinakatanyag na akdang pampanitikan na gumamit ng “magic realism” upang mailarawan ang sitwasyon ng Latin America sa panahon ng mga diktadura.}

128. maikling kuwento ~ katha ~ short story – isang uri ng akdang pasalaysay na naglalahad ng isang suliranin o tunggalian na umiinog sa iilang tauhan at isang banghay lamang.

129. malayang taludturan ~ free verse – uri ng tula na hindi sumusunod sa pagkakaroon ng sukat at tugma ng mga tulang karaniwan o tradisyunal at sa halip ay kakikitaan ng sariling padron ng likas na indayog o *rhythm*.

130. mananalaysay ~ narrator – tawag sa taong nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kabuuan ng isang akdang pampanitikan (nakasulat man o pasalingdila). *{Sa Ebanghelyo Ayon kay San Lucas, ang mananalaysay ng buhay, pangangaral, pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo ay walang iba kundi si San Lucas din. Samantala, sa aklat naman ni Propeta Jeremias, ang tagapagsalaysay ng kanyang mga karanasan bilang propeta ay mismong si Propeta Jeremias. Kaiba naman ang aklat ni Propeta Jonas kung saan ang mananalaysay ay tila walang kinalaman sa salaysay, kundi isa lamang taong nagsasalaysay ng kanyang nasaksihan o mga bagay na ipinaalam sa kanya.}*

131. manga <Hpn.> – sa kontekstong Hapones, anumang inilimbag o inilathalang *cartoon (printed cartoon)*, samakatwid baga’y kahit anong komiks; sa mas malawak na konteksto, terminong ginagamit para tukuyin ang mga komiks na mula sa bansang Hapon na naiiba sa uri ng paksa, karakterisasyon at estilo ng pagguhit kung ihahambing sa mga Kanluraning komiks.

132. Marxismo ~ Marxism – isang dulong sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa tunggalian ng mga mang-aapi at inaapi, nagsasamantala at pinagsasamantalahan, naghahari at pinaghaharian sa lipunan na madalas na sinasalamin o tinatalakay ng mga akdang pampanitikan. *{Ang mga maikling kwentong gaya ng “Tata Selo” ni Rogelio Sicut at “Walang Panginoon” ni Deogracias Rosario na tumatalakay sa tunggalian ng mga magsasaka at mga panginoong maylupa/landlord ay maaaring lapatan ng pagsusuring gumagamit ng Marxismo.}*

133. Mary Sue – sa “fanfiction,” [tingnan ang bilang 69], isang kathang-isip (*fictional*) na tauhan na nagtataglay ng perpektong-perpektong katangian, palasak (*hackneyed*) na

mga gawi (*mannerisms*), na tila baga umiiral (*existing*) lamang para bigyang-katuparan ang mga pangarap o pantasya ng mga may-akda o mambabasa.

134. matalinhagang pananalita ~ figurative language – tawag sa pagsalungat sa karaniwang pag-unawa at paggamit ng mga salita upang makalikha ng natatanging kahulugan ng mga salita o makapagbunsod ng kakaibang epekto sa pinatutungkulan nito.

135. matinding pagkakamali ~ hamartia <Gyo.> ~ tragic flaw – tumutukoy sa isang pagkakamali sa pagpapasya ng protagonista dahil sa pagiging walang malay sa isang bagay o ignorante, o bunsod ng kanyang mga kapintasang moral (*moral shortcomings*). {Halimbawa, sa dulang “*Oedipus Rex*,” pinatay ni *Oedipus* ang kanyang ama dahil sa bugso ng damdamin at pinakasalan niya ang kanyang ina nang wala siyang nalalaman. Samantala, sa “*El Filibusterismo*” naman ni *Rizal*, binulag si *Simoun* ng kanyang masidhing paghahangad na makapaghiganti kaya’t pinatindi niya ang pagkabulok ng naghaharing sistema, bagay na nakapinsala rin sa taumbayan. Ang gayong kapintasan ay nagbunga rin ng kanyang pagiging padalus-dalos sa mga pagpapasya gaya ng lubos na pagtitiwala kay *Basilio* na malao’y nagsiwalat kay *Isagani* ng planong pagpapasabog sa handaan sa kasal nina *Juanito* at *Paulita*.}

136. melodrama – isang uri ng dula na malungkot ang simula ngunit nagwawakas nang masaya; nagsasalaysay ng mga naghahalinhinang pangyayaring malulungkot at masasaya o nagpapaluha’t nagpapasaya. {Kapag itinuring na dula ang mga telenovelang Filipino, maihananay ang mga ito sa melodrama.}

137. memoirs – awtobayograpiyang nakatuon sa mga taong nakasalamuha at mga pangyayaring nasaksihan ng may-akda. {Isang magandang halimbawa ng “*memoirs*” ang “*Living to Tell the Tale*” ni *Gabriel Garcia-Marquez*.}

138. Minimalismo ~ Minimalism – kontemporaryong estilo ng pagsulat na nagtatangkang alisin ang lahat ng retorika (masining na pagpapahayag) at damdamin o kaya’y gamitin lamang ang pinapayak na porma ng mga ito.

139. mito ~ myth – isang uri ng kwentong nagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng mga diyos, diyosa at mga karaniwang taong nakasalamuha nila.

140. Modernismo ~ Modernism – isang dulong sa pagsulat ng panitikan na sumibol sa Europa at kumalat hanggang sa Asya bunsod ng Unang Digmaang Pandaigdig; layunin

nitong kumawala sa mga tradisyunal na paraan ng pagpapahayag at humanap ng mga bagong paraan ng paglalarawan ng karanasan bunsod ng pagkawala ng kumpiyansa ng mga tao sa dating kaayusan at katatagan ng Europa na winasak ng Unang Digmaang Pandaigdig; kakikitaan ito ng eksperimentasyon sa porma gaya ng kawalan ng kronolohikal na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, pasikut-sikot na salaysay, di pagbibigay-tuon sa aral/moralidad, at pagpapahalaga sa mga suhetibo, relatibo at di-tiyak na pag-uugali; inilapat ito sa panulaan sa pamamagitan ng kapayakan at pagiging tahas/direkta sa paggamit ng mga salita. *{Ang Surrealismo, teatro ng absurdo, at estilong “stream of consciousness” ay pawang aspekto ng Modernismo sa panitikan.}*

141. monologong dramatiko ~ madamdaming monologo ~ dramatic monologue – bahagi ng isang akdang pampanitikan kung saan ipinapahayag ng isang tauhan ang kanyang pinakatatagong kaisipan at damdamin, mga bagay na nakakubli sa buong salaysay, maaaring sa pamamagitan ng pagtula o tila pagtatalumpati sa harap ng iba pang tauhan na nakikinig lamang. *{Sa Kabanata 34 ng “Noli Me Tangere” ay matatagpuan ang monologong dramatiko ni Crisostomo Ibarra. Inihayag niya ang matinding galit kay Padre Damaso habang nakikinig ang lahat. Gaya ng karaniwang monologong dramatiko, sa pamamagitan ng monologo sa Kabanata 34 ay naihayag sa mambabasa ang mga tagong katotohanan ukol sa tauhan, sa kanyang pinagmulan at sa kanyang mga damdamin.}*

142. monologong walang pinatutungkulan ~ soliloquy – isang talumpati, na kadalasa’y mahaba, kung saan mag-isang inihahayag ng tauhan ang kanyang mga kaisipan at nararamdaman, habang walang nakikinig. *{Sa huling kabanata ng “El Filibusterismo” ay mababasa ang ganitong soliloquy ni Padre Florentino: “Nasaan ang mga kabataang handang mag-alay ng kanilang oras, ninanais, at sipag para sa kapakanan ng bansa? Nasaan ang mga kabataang handang magpatulo (shed) ng dugo upang hugasan ang gayong pagkamuhi [galit]? malinis at walang bahid-dungis ang buhay na alay upang ang handog ay maging karapat-dapat. Nasaan kayong mga kabataan na magpapatuloy ng buhay na nagmula sa aming mga ugat (vein), ang kalinisan ng mga ideyang naririto sa aming isipan at ang sipag na nandirito sa aming mga puso. Naghihintay kami sa inyo, mga kabataan!”}*

143. moro-moro – isang uri ng komedya na patula at/o musikal na nagsasalaysay sa paglalaban ng mga Kristyano at Muslim at karaniwang nagtatapos sa pagkatalo at/o pagpapabinyag ng huli; karaniwang hango sa mga awit at korido ang salaysay ng moro-moro. {*Sa ibang sanggunian, ginagamit na pamalit sa terminong moro-moro ang “komedya.” Ang gayong pagpapalit ay hindi makabubuti sapagkat marami pang ibang uri ng komedya.*}

144. Muling Pagsilang ~ Renasyimento ~ Renaissance – kilusan sa kultura (*cultural movement*) na sumaklaw (*spanned*) sa ika-14 hanggang sa ika-17 siglo (*century*), na nagsimula sa lunsod ng Florence (saka ngayon ng Italya) at malao’y lumaganap sa buong Europa; panahong kakikitaan ng muling pamumulaklak o pagsigla ng kaalamang batay sa mga padron (*pattern*) at pamantayan (*standard*) ng mga klasikal na sibilisasyon ng sinaunang Gresya at Roma, at malawakang popularisasyon ng paggamit ng iba pang wika sa panitikan – liban sa Griyego at Latin na pawang namamayaning wika ng mga intelektwal bago ang panahon ng Muling Pagsilang – bunsod ng pagkaimbento sa imprenta (*printing press*) ni Johannes Gutenberg. {*Ang Ingles na mandudula o “playwright” na si William Shakespeare at ang Olandes o “Dutch” na mananaysay o “essayist” na si Desiderius Erasmus ay ilan lamang sa mga tampok na manunulat sa panahon ng Muling Pagsilang.*}

N

145. Naturalismo ~ Naturalism – isang dulong sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa inaakalang pangingibabaw ng mga pwersa ng kalikasan (gaya ng bagyo, tagtuyot, ipu-ipo, karagatan atbp.) at ang mga epekto nito sa buhay at pag-iral ng tao. {*Sa panimulang pagbasa, ang nobelang “The Old Man and The Sea” ni Ernest Hemingway ay maaaring suriin gamit ang dulong na Naturalismo sapagkat ipinakita rito ang mga karaniwan at di pangkaraniwang pagtatangka ng isang matandang mangingisda na daigin, lupigin o kaya’y pagtagumpayan ang mga pwersa ng kalikasan gaya ng mga malalaking isda sa karagatan.*}

146. neokolonyalismo ~ colonialism – hindi tuwirang kolonyalismo [tingnan ang bilang 108]; tawag sa hindi tuwiran o indirektang pananakop ng isang pangkat ng mga tao sa istrukturang panlipunan, kultura, pamahalaan at ekonomya ng neokolonya/teritoryong malakolonya o *neocolony*, bagay na nagbubunsod para

maituring na huwad o peke ang kalayaan at pagsasarili ng nasabing teritoryo. *{Ang pangingibabaw ng Ingles sa larangan ng pamahalaan sa bansang Pilipinas ay isang epekto ng neokolonyalismo.}*

147. nobela ~ kathambuhay ~ novel – isang uri ng akdang pasalaysay na naglalahad ng maraming suliranin at tunggalian na umiinog sa maraming tauhan, isang pangunahing banghay (*plot*) at iba pang mga banghay (*subplot*).

148. nobelang saga ~ saga novel – isang uri ng nobela na sumasaklaw sa mahabang kasaysayan ng isang malaking angkan. *{Ang isa sa obra maestra ng manunulat na Ruso na si Leo Tolstoy, ang “War and Peace” ay isang halimbawa ng nobelang saga.}*

149. novella – salaysay na umiinog lamang sa isang pangyayari, mas maikli kaysa sa isang nobela at mas mahaba sa isang pangkaraniwang maikling kuwento.

O

150. oda ~ ode – isang uri ng tulang liriko na pumapaksa sa matatayog na damdamin o kaisipan gaya ng pag-asa, kalayaan, katarungan o kapayapaan, o kaya’y isinulat upang parangalan ang isang tao o pangkat ng mga tao sa isang masayang okasyon/araw ng pagdiriwang; karaniwang binibigkas sa harap ng maraming tao o ipinapahayag sa madla. *{Ang tulang “Katipunan” ni Amado V. Hernandez at ang “Manggagawa” ni Jose Corazon de Jesus ay pawang halimbawa ng oda.}*

151. oktaba ~ octave ~ octet – set ng walong taludtod, gaya ng unang walong taludtod na pinagdurugtong ng sala-salabat (*interlacing*) na tugma sa tradisyunal na soneto.

152. onomatopeya ~ onomatopoeia – isang kasangkapan sa pagtula na gumagamit sa pasalitang katumbas ng o terminong tumutukoy sa mga tunog sa kapaligiran gaya ng *Tsug! Tsug! Tsug!* para sa tren o *balisbis* para sa tubig na dumadaloy sa batis. *{Sa tulang “Ang Martilyo” ni Jose Corazon de Jesus, na matatagpuan sa antolohiyang “Nationalist Literature: A Centennial Forum,” ginamit nang paulit-ulit ang “Pik-pok...pik-pok...pik-pok...” upang tukuyin ang martilyo, ang simbolo ng kilusang paggawa o “workers’ movement.”}*

153. opera – isang uri ng dula kung saan ang mga mang-aawit at mga musikero (*musician*) ay nagtatanghal sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga dayalogong mula sa teksto (na tinatawag na *libretto*) at piyesa ng mga nota (*musical score*) na

naiimpluwensyahan ng musikang klasikal (musika nina Beethoven, Mozart, Vivaldi, Verdi atbp.); karaniwang may seryosong paksa, sinasaliwan (*accompanied*) ito ng isang orkestra.

154. opereta ~ operetta – isang uri ng opera na magaan ang paksa at musika, samakatwid baga’y hindi gumagamit ng musikang klasikal. {Sa “*El Filibusterismo*,” binanggit ang pagdating sa Pilipinas ng isang operetang Pranses na pinamagatang “*Les Cloches de Corneville*.”}

155. oxymoron – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] na nagtatambal (*combines*) ng dalawang termino na karaniwa’y magkasalungat ang kahulugan. {Sa dulang “*Romeo and Juliet*” ni Shakeaspeare, matatagpuan ang ganitong pahayag na nagtataglay ng maraming “oxymoron”: “*O heavy lightness! Serious vanity! Mis-shapen chaos of well-seeming forms! Feather of lead, bright smoke, cold fire, sick health!*” Kung isasalin: “*O mabigat na kagaanan! Seryosong kawalang-kabuluhan! Baluktot na kaguluhan ng maayos na porma! Balahibong gawa sa tingga, malinaw na usok, malamig na apoy, maysakit na kalusugan!*”}

156. oyayi ~ hele ~ duayya <llk.> ~ lullaby – isang uri ng awiting-bayan na kinakanta sa pagpapatulog ng sanggol o bata. {Ang “*Ugoy ng Duyan*” ni Lucio San Pedro ay isang halimbawa ng modernong oyayi. Dalawang halimbawa ng oyayi ang nasa “*Panitikang Pambata: Kasaysayan at Halimbawa*” ni Rivera.}

P

157. pabula ~ fable ~ apologue – isang uri ng kuwento na ang mga karakter ay mga hayop na nagsasalita, kumikilos at nag-iisip na parang tao; naglalayon itong magbigay ng aral sa paraang nakalilibang.

158. pagbabagong-palad ~ peripetiya ~ peripety ~ reversal of fortune – tumutukoy sa biglaang pagbabago ng kapalaran (*fortune*) ng protagonista bunsod ng di inaasahang pagkakatuklas ng isang matagal nang nakakubling katotohanan atbp. {Sa “*El Filibusterismo*” ni Jose Rizal, maaaring tawaging “peripety” ang pagkatuklas ng mga Kastilang awtoridad sa tunay na katauhan ni Simoun. Dahil sa pagkatuklas na ito, tinugis nila si Simoun, at mula sa dating kinalalagyang pedestal sa lipunan ay dagli siyang naging pugante sa “batas.”}

159. paghalaw ~ spin-off – ang proseso ng paglikha/paghalaw (*deriving*) ng mga bagong programa sa radyo, programa sa telebisyon, nobela o pelikula sa mga dati nang umiiral (*existing*). {*Ang telenovelang “Kampanerang Kuba” ng ABS-CBN Channel 2 ay isang spin-off ng nobelang “Hunchback of Notre Dame” ni Victor Hugo. Samantala, ang “May Bukas Pa,” isang sikat na kontemporaryong teleserye ng nasabi ring network ay mistulang spin-off naman ng cartoon at lumang pelikulang “Marcelino, Pan Y Vino,” na tungkol din sa mga pakikipagsapalaran ng isang batang pinagpapakitaan ni Kristo. Ang mga pelikulang “Wolverine” at “Magneto” ay kapwa spin-off naman ng serye ng pelikulang “X-Men.”*}

160. paglalayo ~ alienation effect ~ distancing effect ~ estrangement effect – isang teknik sa pagsulat at/o pagtatanghal ng dula kung saan ang mga karaniwang aspekto ng kalagayan ng lipunan ay pinagmumukhang kakatwa o di pangkaraniwan upang mahadlangan ang madamdaming pakikisimpatya ng manonood sa mga tauhan, sa layuning mapakilos sila upang baguhin ang lipunan sa halip na tanggapin na lamang ang kanilang napanood na paglalarawan nito.

161. paglumanay ~ eupemismo ~ euphemism – pahayag na maganda sa pandinig na ginagamit na pamalit sa isa pang pahayag na lubhang tahas at itinuturing na deretsahan, masagwa at nakahihiya ng nakararami. {*Sa wikang Filipino, sa halip na sabihing “namatay,” ginagamit ang “sumakabilang-buhay.” Sa Ingles, ang mga dukha ay tinatawag na “indigent” o “marginalized.”*}

162. pagmamalabis ~ hyperbole – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] na nagbibigay-diin sa katangian ng tao, bagay, emosyon, pangyayari atbp. sa pamamagitan ng eksaherado (*exagerrated*) o mapagmalabis na paglalarawan. {*Ang huling dalawang taludtod ng saknong 278 ng “Florante at Laura” ni Balagtas ay nagtataglay ng ganitong “hyperbole” ukol sa tila perpektong kagandahan ni Laura: “anupa’t sinumang palarang manood/patay o himala kung hindi umirog.” Ipinapahayag nito ang eksaheradong paglalarawan sa kagandahan ni Laura: diumano’y lahat ay mapapaibig sa kanyang kagandahan, maliban kung ang tumatanaw ay patay o kaya’y magkaroon ng isang himala. Samantala, palasak naman sa “Pasiong Mahal” – ang pasyon na inaawit tuwing Semana Santa/Mahal na Araw – ang “hyperbole” ukol sa labis na kalungkutan o pag-iyak na nasa pariralang ito: “luha’y baha ang katulad.”*}

163. pagpapahiwatig ~ foreshadowing – himaton (*clue/hint*) sa salaysay na nagpapahiwatig ng pangyayari sa hinaharap {*Sa Kabanata 21 ng “El Filibusterismo” ay makikita ang maraming “foreshadowing” ukol sa planong himagsikan ni Simoun, na napansin ngunit ipinagkibit-balikat lamang ni Camaroncocado.*}

164. pagpapalit-saklaw ~ synecdoche – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] kung saan ginagamit ang ngalan ng bahagi ng isang bagay upang tukuyin ang kabuuan nito, o *vice-versa*. {*Sa mga kontemporaryong patalastas, ang “wheels” ay ginagamit na pantukoy sa mga kotse.*}

165. pagpapalit-tawag ~ metonymy ~ metonimiya – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] kung saan ang katawagan sa katangian (*attribute*) ng isang bagay o kaya’y isang kaugnay na kaisipan o konsepto ay ipinapalit sa mismong bagay na tinutukoy. {*Ang pangalan ng may-akda ay karaniwang ginagamit na pamalit sa lahat ng kanyang mga isinulat. Halimbawa, maaaring sabihin ang ganito “Binabasa mo rin ba si Neruda?” bilang pamalit sa buong pahayag na “Nagbabasa ka rin ba ng mga sinulat ni Pablo Neruda?” Palasak din ang pagtukoy sa monarkiya, hari o reyna sa pamamagitan ng salitang “Ang Korona.” Katulad din ito ng madalas na paggamit ng mga taga-media sa salitang “Palasyo” para tukuyin ang pangulo ng Pilipinas o ang tanggapan ng pangulo ng Pilipinas, kung paanong sa Estados Unidos, ang anumang desisyon ng pangulo nila ay sinasabing pasya ng “White House.”}*}

166. pagtanggap ~ pagtatatwa ~ litotes – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] kung saan ang isang pangungusap o pahayag ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pagtatatwa o pagtanggap sa kabaligtaran nito (*denying its opposite*). {*Sa halip na sabihing ang isang tao ay maganda/gwapo, maaaring sabihing siya’y “hindi pangit.” Ang nasabing pahayag ay isang halimbawa ng litotes.*}

167. pagtawag ~ apostrophe – taimtim, mapitagan (*solemn*) o madamdaming pakikipag-usap o pagtawag (*invocation*) sa isang makapangyarihang nilalang, patay na tao (karaniwa’y itinuturing na bayani o dakila), kaisipan (gaya ng “pag-asa”) o kaya’y penomenon (gaya ng “kamatayan”) na karaniwang ginagamit sa mga tula. {*Ang mga tulang “Invocacion a Rizal” at “Maria Clara” ni Fernando Ma. Guerrero ay kapwa nagtataglay ng “apostrophe” kina Rizal at Maria Clara. Samantala, ang ika-80 sakanong naman ng “Florante at Laura” ni Balagtas ay isang “apostrophe” sa pag-ibig.*}

168. pagtutulad ~ simile – di tahasang paghahambing ng dalawang magkaibang bagay sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang “tulad,” “mistula,” “animo,” “mistula,” “parang” atbp.

169. pag-uulit ~ repetition – pag-uulit ng isang salita o parirala upang bigyang-diin ang isang bagay sa tula o salaysay.

170. pagwawangis ~ metaphor ~ metapora – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] na tahasan (*explicit*), tuwiran o direktang naghahambing sa dalawang bagay, tao, kalagayan, lugar atbp. {*Ang tulang “Ang Guryon” ni Idefonso Santos ay nagtataglay ng metapora ukol sa buhay at guryon: “ang buhay ay guryon, marupok, malikot/Dagiti’t dumagit saanman sumuot...” Samantala, narito naman ang isang metapora ukol sa magdamag at kulambo (mosquito net) mula tulang “Isang Dipang Langit” ni Hernandez: “...ang buong magdamag ay kulambong luksa/ng kabaong waring lungga ng bilanggo.”}*

171. pahayagan ~ dyaryo ~ newspaper – isang uri ng babasahing naglalaman ng balita, lathalain (*feature*) at mga pitak (*column*) na naghahayag ng opinyon hinggil sa iba’t ibang paksa.

172. palaisipan ~ riddle – isang uri ng akdang tuluyan na nagpapatalas ng isip sa pamamagitan ng maikling salaysay na nagtatapos sa isang katanungan na inaasahang masasagot ng tagapakinig. {*Sa isang episode ng “Jewel in the Palace,” isang sikat na kontemporaryong “Koreanovela” na isina-Filipino na, inilahad ang palaisipang ito: Isa siyang babae. Nagtuturo siya. Pinakikinggan ng lahat. Isang eksperto sa nutrisyon. Kapag namatay siya, magluluksa ang buong bayan. Kapag malakas siya, ginagabayan ng kanyang karunungan ang bayan. Sino siya? Ang sagot ay ang emperatris na ina ng hari, na nagsisilbing tagapayo ng hari sa lahat ng bagay mula sa kanyang kakainin hanggang sa kung dapat bang tanggalin sa posisyon ang isang opisyal.*}

173. palasak ~ cliché – isang kasabihan, ekspresyon, kaisipan o isang elemento ng likhang-sining (*artistic work*) na gamit na gamit o gasgas na kaya’t nawawalan na ng bisa o epekto sa paulit-ulit na paggamit. {*Ang paggamit ng pariralang “para sa bayan,” “makabayan,” o “labanan ang kahirapan” sa mga patalastas at talumpati ng mga pulitiko sa Pilipinas ay maituturing na mga cliché.*}

174. palasak na tauhan ~ stock character ~ stereotype – isang pangkaraniwan at madaling makilalang tauhan na madalas na makita sa isang partikular na *genre*, lalo na

sa dula. {Sa mga teleseryeng Filipino, maituturing na stock character ang inaapi-aping katulong, ang lalaking anak ng asendero na napapaibig sa isang babaeng anak-mahirap at ang mga aristokratiko at matapobreng magulang ng lalaking mayaman.}

175. pampatawa ~ comic relief – bahagi ng akda kung saan matutunghayan ang katawa-tawang tauhan, talumpati o eksena sa loob ng isang seryoso o trahiko (*tragic*) na salaysay. {Ang eksena ng mga mangmang na hermana na nagpaparamihan ng indulhensya na matatagpuan sa bungad ng Kabanata 18 ng “Noli Me Tangere” ay isang halimbawa ng comic relief. Nakapagitna ito sa madamdaming kwento ni Basilio at ng paghahanap ng kanyang ina sa kanyang nawawalang kapatid na si Crispin. Ganito ring tipo ng comic relief ang matatagpuan sa bungad ng Kabanata 30 ng “El Filibusterismo” kung saan inilahad ang katawa-tawang paggamit ni Hermana Penschang sa agua bendita para sa kanyang sakit ng tiyan, bago isalaysay ang malungkot na kwento ni Juli.}

176. pananaw ~ viewpoint ~ point of view ~ perspective – tumutukoy sa pangkalahatang pamaraan ng pagpapahayag sa salaysay; tatlong pananaw ang pinakagamitin: ang pananaw na *omniscient* (batid ang lahat) kung saan ipinahihiwatig na batid ng tagasalaysay ang lahat-lahat ng tungkol sa mga tauhan, ang pananaw na *first person* (unang panauhan) kung saan ang tagasalaysay ay siya ring pangunahing tauhan, at ang pananaw na *third-person* (ikatlong panauhan) kung saan isinasalaysay ang mga pangyayari gamit ang “siya...,” “sila...” atbp. sa paraang walang halong sariling kuru-kuro o obserbasyon ng nagsasalaysay {Ang “Noli Me Tangere” ay gumamit ng pananaw na “omniscient.” Mapatutunayan ito sa pamamagitan ng mga bahaging gaya ng huling pangungusap sa ika-25 kabanata (“Sa Bahay ng Pilosopo”) ng nasabing nobela. Samantala, walang dudang nasa unang panauhan ang pananaw na ginamit ni Genoveva Edroza-Matute sa kanyang awtobayograpikal na nobelang “Walo at Kalahating Dekada ng Isang Buhay.”}

177. panulaan ~ poetry – tumutukoy sa isa sa dalawang sangay (*branch*) ng panitikan na sumasaklaw sa pagkatha ng akdang binubuo ng pangkat ng mga salitang maaaring mayroon o walang sukat at tugma, ngunit laging may aliw-iw (*euphony*) at indayog (*rhythm*).

178. panunudyo ~ pagtuya ~ satira ~ satire – matalino (*witty*) at masining na sulating banayad na nagpapatama sa mga masasamang ugali, bisyo at kapintasan ng lipunan o ng isang partikular na sektor nito; isang uri ng sulating nagpoprotesta sa paraang nababalutan ng kinis at yumi (*refinement*) ng pananalita ang galit ng manunulat sa lipunan o pangkat ng mga tao na pinatatamaan. *{Ang sanaysay ni Marcelo H. del Pilar na pinamagatang “Caiigat Kayo” ay isang mahusay na panunudyo laban sa mga prayle na naghahangad na maipagbawal ang “Noli Me Tangere” ni Rizal dahil sa diumano’y imoral ito. Ilan sa mga matalinong pahayag ni del Pilar sa nasabing “satire” ang pagtatanong niya sa mga prayle na, bakit nila nais ipagbawal sa taumbayan ang bagay na binasa nila (nakatitiyak si del Pilar na binasa nila ito, dahil kung hindi’y paano nila ito tutuligsain)? Sa mga kontemporaryong manunulat, isa sa mga gumagamit ng satira sa kanyang pitak o “column,” ang kolumnista ng Philippine Daily Inquirer na si Manuel “Manolo” Quezon III. Ilang halimbawa nito’y ang mga kwento niya tungkol kay Kapitan Calabasa at sa iba pang kasamahan niya na may katawa-tawa ring pangalan na sumisimbolo sa mga tiwaling pulitiko sa bansa.}*

179. panitikan ~ literatura ~ literature – sangay ng karunungan na sumasaklaw sa paglikha, pagbasa, pag-aaral at pagpapahalaga sa mga nakasulat na pamana ng sangkatauhan na katangi-tangi ang anyo, estilo at kasiningan; sumasalamin sa pananaw, diwa, karanasan, mithiin, pangarap, interes, uri ng pamahalaan, relihiyon, paraan ng pamumuhay, kultura, kalinangan, kabihasan/sibilisasyon, at iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, kawalang-pag-asa, siphayo, sindak at pangamba ng sangkatauhan.

180. panitikang pasalindila ~ oral literature – uri ng panitikang nagpasalin-salin muna sa bibig ng mga tao (partikular sa panahong hindi pa naiimbento ang palimbagan o kaya’y bihira pang gamitin ang paraang pasulat sa kodipikasyon ng panitikan) bago naisulat maraming taon pagkatapos na una itong lumitaw sa paraang pasalindila.

181. panunuluyan – isang uri ng dulang inaawit at palipat-lipat ang “tagpuan” na nagsasalaysay sa bigong paghahanap ng matutuluyan nina San Jose at Birheng Maria sa panahong kagampan o malapit nang isilang ang Panginoong Hesukristo.

182. panunuya ~ lampoon – mabalasik (*virulent*) o magaspang (*scurrilous*) na anyo ng panunudyo (*satire*) na mas madalas makita sa mga larawang karikatura (*graphic caricature*) kaysa sa pangkaraniwang sulatin. {*Sa Philippine Daily Inquirer, ang mga tagadibuho ng “editorial” cartoon gaya ni Jess Abrera ay magaling lumikha ng “lampoon.” Sa internet, naging palasak noong 2009 ang mga larawang “lampoon” na nagpapatama sa mga isyu ng katiwalian. Karaniwang nililikha ang mga gayong larawan gamit ang Adobe Photoshop. Isang halimbawa ang poster ng pelikulang “Bad Boys II” na dinikitan ng mukha ng mga personaheng sangkot (involved) sa mga usapin/isyu ng katiwalian.*}

183. pangangaluluwa – isang uri ng pangkatang pag-awit na isinasagawa sa o bago ang Araw ng mga Patay sa Pilipinas (Nobyembre 1) na may layuning manghingi ng limos.

184. parabula ~ parable – isang uri ng kuwento na gumagamit ng simbolismo at talinghaga upang makapagturo ng aral sa mga tao, karaniwa’y payak at maikli.

185. parodiya ~ parody – isang uri ng akdang pampanitikan na sadyang nanggagaya sa paraan ng pagpapahayag, estilo, saloobin, tono at kaisipan ng isang may-akda upang tuyain o bigyang-pasaring ang ginagad. {*Ang “Dasalan at Tocsohan” ni Marcelo H. del Pilar na naisulat sa Tagalog na impluwensyado pa ng ortograpiyang Español, ay isang magandang halimbawa ng parodiya. Ginagad ni del Pilar ang estilo ng pagsulat ng mga prayle sa layuning mailantad at tuligsain ang masasamang gawain ng mga ito. Ang buong “Dasalan at Tocsohan” ay inilimbag nina Villafuerte at Bernales sa aklat na “Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal na Pagtalakay.”*}

186. parsa ~ farce – isang uri ng mapagmalabis o eksaheradong komedya na nagpapakita ng mga lubhang katawa-katawa, mapanudyo, mapang-uyam, karaniwa’y baligho (*absurd*) at himig-sarkastiko. {*Kung igagawa ng dula ang talambuhay nina Doña Victorina at Don Tiburcio de Espadaña, isang parsa ang kalalabasan sapagkat, sa malalimang pagbasa, mahihinuhang ang kanilang mga karakter ay sadyang nilikha ni Rizal upang tuligsain ang katawa-tawang kalabisan ng mga elitistang indio na naghahangad maging Kastila.*}

187. pastoral – isang uri ng tulang liriko na pumapaksa sa payak na buhay ng mga tao sa mga nayon o kabukiran.

188. pasyon ~ biblical epic – isang mahabang akdang patula na binubuo ng mga saknong na may tiglilimang taludtod na wawaluhin ang pantig; maaaring awitin nang walang saliw na instrumento (*acapella*) at maaari rin namang kantahin sa saliw ng gitara, silindro (*harmonica*) atbp.; nagsasalaysay sa buhay, pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo; pumapaksa rin sa paglikha ng daigdig, mga propesiya sa pagkagunaw nito at ilang mga salaysay na wala sa Bibliya ngunit bahagi ng pasalindilang tradisyon at iba pang kasulatan ng Simbahang Katoliko. *{Nilikha ng mga Kastilang misyonero ang pasyon upang makahikayat ng mas maraming katutubo sa pagpapabinyag sa Simbahang Katoliko: batid nilang mahilig sa pagtula ang mga sinaunang mamamayan ng Pilipinas. Nagsilbi ring katesismo para sa mga bago pa lamang nagiging Kristyano ang iba't ibang bersyon ng pasyon.}*

189. parikala ~ paglalaro ng mga salita ~ pun ~ word play – matalinong paglalaro ng mga salita na may intensyong manudyo, magpatawa o kaya'y ipakita ng manunulat ang kanyang malawak na kaalaman sa mga salita. *{Sa Kabanata 1 ng Noli Me Tangere ay mababasa ang pun na mas malinaw kung sa orihinal na Español sisipatin: “Que loto ni que loteria!” na nangangahulugang “Anong lotus o loterya!” Sa Kabanata 34, mababasa naman ang ganitong pun: “Quien necese de peritos es un perrito!” na nangangahulugang “Ang nangangailangan ng mga munting eksperto ay ang isang tuta!”}*

190. pastiche – isang uri ng pampanitikang *genre* na nanggagagad (*imitates*) ng nilalaman ng ibang katha, estilo ng manunulat, o palasak na akda sa ibang panahon; kombinasyon o pagsasama-sama ng iba't ibang uri ng katha.

191. patumbalik-isip ~ in medias res <Ltn.> – estilo ng pagpapasimula ng maikling kuwento o nobela sa pamamagitan ng pag-uumpisa sa kalagitnaan ng kronolohikal na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

192. pelikulang musikal ~ musical film – isang uri ng pelikula kung saan ang mga dayalogo ay inaawit at sinasaliwan ng musika. *{Ilan sa mga popular na pelikulang musikal ang “Mamma Mia,” “Sound of Music” at “Evita.”}*

193. persona – ang tao, bagay, hayop atbp. na nagsasalita sa tula. *{Sa tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez, isang bilanggong pulitikal o political prisoner ang persona, samantalang sa tulang “Tinig ng Teenager” ni Teo S. Baylen, ang persona*

ay isang teenager na nagpapahayag ng kanyang galit at sumbat sa mapanghusgang lipunan.}

194. personipikasyon ~ pagbibigay-katauhan ~ personification – isang uri ng tayutay [tingnan ang bilang 240] na “nagbibigay” o “nagpapahiram” ng katangiang pantao sa isang hindi tao. {Sa tulang “Ginto” ni Amado V. Hernandez, mababasa ang ganito sa ikalimang saknong: “Sa likod ng siyam na buwang hilahil/sapaw na ang uhay ng mayamang butil at yumuyuko na/ang puno sa bigat ng gayong dalahin...” Sa literal na pagpapakahulugan, hindi maaaring “makayuko” ang palay sapagkat wala naman itong literal na ulo at leeg, ngunit sa tula’y ginagamit ang salitang “yumuyuko” upang bigyang-diin ang pamumunga ng palay. Sa ikalawang kabanata (p.9) ng nobelang “Desaparesidos” ni Lualhati Bautista, mababasa ang ganitong pangungusap: “Walang kurap si Anna sa pagkakatitig sa mga form na iniluluwa ng copying machine.” Ang “iniluluwa” sa nasabing pangungusap ay isang halimbawa ng personipikasyon. Matutunghayan din ang paggamit ng personipikasyon sa saknong 26 ng “Florante at Laura” ni Balagtas: “Bakit, kalangita’y bingi ka sa akin/ang tapat kong luhog ay hindi mo dinggin?” Sa bahaging ito, ang paggamit ng “bingi” para ilarawan ang “kalangitan” ay isang halimbawa ng personipikasyon.}

195. pokloriko ~ folklore – uri ng panitikang gaya ng mga alamat, mito, kasabihan, kawikaan, bugtong, awiting bayan atbp. na sumasalamin sa katutubong paraan ng pamumuhay ng isang partikular na bansa o pangkat ng mga tao sa panahon bago ang “modernong sibilisasyon” (sa konteksto ng Pilipinas, ito ang panahon bago dumating ang mga Kastila).

196. Pormalismo ~ Formalism – isang dulong sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa pagsusuri sa mismong likhang-sining/akdang pampanitikan sa halip na pagsipat sa may-akda o sa kanyang mga kaisipan at intensyon; pinanghahawakan nito ang kahalagahan at pangingibabaw ng porma (gaya ng *aestheticism*) ng akda – ang kayarian/istruktura ng akda, ang mga imahe, metapora atbp.

197. Post-kolonyal na Panitikan ~ Postcolonial Literature – panitikang isinulat ng mga mamamayan sa mga dating kolonya sa wika ng kanilang mga dating mananakop/kolonisador. {Sa kontekstong Pilipino, ang mga nobelang gaya ng “The Power of the People” (c.1950) ni Carlos Bulosan at “The Pretenders” (1962) ni F. Sionil

Jose ay kapwa maituturing na Panitikang Post-Kolonyal sapagkat isinulat ang mga ito sa Ingles sa panahong malaya na ang Pilipinas sa Estados Unidos. Gayundin, ang mga tulang Español na naisulat sa panahon ng pananakop ng Amerikano gaya ng “Invocacion a Rizal” (1901) ni Fernando Ma. Guerrero at “Al yanqui” (1899) ni Cecilio Apostol ay bahagi rin ng Panitikang Post-Kolonyal sapagkat isinulat ang mga ito sa wikang Español sa panahong malaya na ang Pilipinas sa España. Bahagyang tinalakay ang Panitikang Post-kolonyal sa antolohiyang “Essays on the Philippine Novel in English” na inedit ni Joseph A. Galdon at sanaysay na “Lost Paradise: American Colonialism and the Filipino Writer in Spanish” ni Nora T. Jolipa sa antolohiyang “Nationalist Literature: A Centennial Forum” na inedit naman ni Elmer A. Ordoñez.}

198. Post-kolonyalismo ~ Etnosentrismo ~ Orientalismo ~ Postcolonialism ~ Ethnocentrism ~ Orientalism – isang dulog sa panunuring pampanitikan na nakatuon sa pagtanaw sa panitikan at sa mga karanasan ng mga mamamayan sa mga dating kolonya sa konteksto ng sarili nilang kultura, sa halip na sa perspektibo ng panitikan at kritikang Kanluranin na nangibabaw sa panahon ng kolonyalismo; sinasalansang at binabaka nito ang mga suhetibo (*subjective*) at di makatwirang pananaw ng mga bansang mananakop at ang labis na pagkarahuyo at “pagsamba” ng mga mamamayan ng mga dating kolonya sa mga pamantayang Kanluranin (*Western standards*). {*Ang mga nobelang gaya ng “Things Fall Apart” ni Chinua Achebe at “Noli Me Tangere” ni Jose Rizal ay mainam sipatin gamit ang dulog na Post-kolonyalismo. Sa antolohiyang “Gawad Surian sa Sanaysay: Gantimpalang Collantes (1992-1998)” ay mababasa ang premyadong sanaysay (1996) ni Maria Stella S. Valdez na pinamagatang “Isang Post-Kolonyal na Pagbasa Kina Andres Bonifacio at Jose Rizal sa Himagsikan ng 1898: Mga Nawawalang Teksto, Mga Pahiwatig ng Konteksto.” Samantala, ilang sanaysay sa aklat na “Si Rizal: Nobelista (Pagbasa sa Noli at Fili Bilang Nobela)” ni Virgilio Almarino ang maituturing din na Post-kolonyalista.}*

199. Postmodernismo ~ Post-modernism – sa pinakamasaklaw na pagpapakahulugan, ang dulog sa pagsulat at pagsipat sa panitikan na nagsimula mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (pagkatapos ng tinaguriang panahong Modernista); karaniwang sumasalansang sa mga pamaraan sa tradisyunal na pagsulat, walang banghay, mahilig sa eksperimento, paghahalu-halo, panggagaya o parodiya ng

mga lumang porma, nagrebelde sa awtoridad at hindi kakikitaan ng kabuluhan (*meaning*) ang mga akdang post-modernista; sa panunuring pampanitikan, sinasalaming ng Post-modernismo ang mga dulong na gaya ng Istrukturalismo, Post-istrukturalismo, Dekonstruksyon at Post-kolonyalismo. {*Ang “Ultraviolins” ni Khavn dela Cruz ay isang halimbawa ng akdang post-modernista.*}

200. prequel – akdang nagsisilbing karagdagan (*supplement*) sa isang akdang mas naunang natapos at mas maaga rin ang panahon o *time setting*. {*Sa serye ng pelikulang “Star Wars,” mas naunang ginawa at ipinalabas ang Star Wars IV, V at VI kaysa sa I, II at III kaya’t maituturing na prequel ng Star Wars IV, V at VI ang Star Wars I, II at III. Ganito rin ang kaso ng “Hobbits” na prequel ng tatlong magkakasunod na pelikulang “Lord of the Rings.”*}

201. prologo ~ prologue – ang panimulang bahagi ng isang akda na parte na mismo ng akda, bukod pa sa “pagpapakilala” o “preface” nito; maaaring may dayalogo o wala, kakikitaan ito ng mga pangyayari at/o paglalahad ng mga detalye na makatutulong upang bigyan ng pangkalahatang pagtanaw ang mambabasa sa kabuuan ng akda.

202. protagonista ~ protagonist – tawag sa pangunahing tauhan sa isang maikling kuwento, dula, tula atbp. {*Hindi laging mabuti ang katangian o ugali ng isang protagonista. Halimbawa, sa “El Filibusterismo,” ang protagonistang si Simoun ay tuso, mapaghiganti at ekspertong manipulator (manipulator) o manggagamit.*}

203. pulp fiction ~ pulp magazine – mumurahing magasin na naglalaman ng mga maikling kwento na naging palasak/popular mula mga unang dekada ng 1900s (sa mga bansang Kanluranin) hanggang sa dekada 50 (sa mga bansang kolonya/neokolonya gaya ng Pilipinas). {*Ang terminong “pulp” ay tumutukoy sa magaspang at mahilatsang (“fibrous”) materyales mula sa kahoy na ginagamit sa paggawa ng papel.*}

204. punebre ~ dirge ~ funeral song – awit na nagpapahayag ng matinding dalamhati o pagluluksa sa pagkamatay ng isang kaibigan o mahal sa buhay.

Q

205. Queer Theory – isang bagong teorya sa panunuring pampanitikan na nagbibigay-diin sa usapin ng sekswalidad, karanasan at paglalarawan sa panitikan ng mga tauhang gay (bakla at tomboy) o yaong tinatawag na bahagi ng “ikatlong kasarian” (“third sex”).

R

206. Realismo ~ Panlipunang Realismo ~ Realism ~ Social Realism – isang dulong sa pagsulat ng panitikan kung saan binibigyang-pansin ng manunulat ang paglalarawan sa mga tao at tagpo na lubhang kapani-paniwala at makatotohanan ang pag-iral; nagsimula ito bilang kilusan sa sining at panitikan sa Europa noong ika-19 na siglo na nagsulong ng pagsasantabi sa mga modelong Klasisista at Romantisista [tingnan ang bilang 107 at 207] at pagbibigay-diin sa makatotohanang paglalarawan ng tunay na buhay gamit ang mga tagpong realistiko na madalas ay nakatuon sa mga masasamang karanasan ng sangkatauhan sa panahon ng kapitalistang paglago ng mga industriya; bilang isang dulong sa panunuring pampanitikan, binibigyang-pansin nito ang pagkamakatotohanan ng isang akda, samakatwid baga’y ang pagsalamin ng panitikan sa mga kaganapan sa lipunan. {*Ang nobelang “The Jungle” (1906) ni Upton Sinclair na tumalakay sa mga kalunus-lunos na karanasan at buhay na batbat ng hapis ng mga migrante sa Amerika na dumarating sa Estados Unidos na puno ng pag-asa ngunit malao’y unti-unting nilalamon at pinapatay ng walang-pusong sistemang kapitalista. Sa kontekstong Pilipino, ang nobelang “Noli Me Tangere” at “El Filibusterismo” ni Jose Rizal, gayundin ang mas naunang “La Loba Negra” ni Padre Jose Burgos ay walang dudang realista sapagkat makatotohanang inilarawan sa mga nobelang ito ang kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng kolonyalismong Kastila. Matutunghayan sa sanaysay na “Burgos and Rizal” ni Petronilo Daroy ang detalyadong impormasyon ukol sa nobela ni Burgos, na nasa antolohiyang “Rizal: Contrary Essays.”}*

207. Romantisismo ~ Romanticism – isang kilusang laganap sa panitikang Europeo noong huling hati ng ika-18 at maagang bahagi ng ika-19 na siglo at ganap na nakaimpluwensya sa panitikan ng Pilipinas noong panahon ng mga Kastila at namamayani pa rin sa maraming akdang pampanitikan hanggang sa kasalukuyang panahon; bilang isang dulong sa pagsulat ng panitikan, binibigyang-diin nito ang paghahayag ng emosyon o damdamin sa halip na rason o katwiran; pinalalaganap nito ang kaisipang nakatuon sa imahinasyon at emosyon sa halip na rason o katwiran at ang paglalarawan sa mga karanasang mala-panaginip, tila di makatotohanan at kakatwa (*exotic*) sa halip na mga makatotohanang tagpo na gaya ng isinusulong ng

Reyalismo; bilang isang dulog sa panunuring pampanitikan, sinisipat nito ang mga masasayang tagpo, di gaanong mabibigat na suliranin, romantikong pag-iibigan ng magkasintahan, kawalan ng tunggalian ng mga uri (*class conflict*), di kapani-paniwalang mabilis na pagbangon ng isang dukha tungo sa alta sosyedad ng karangyaan at kayamanan at masayang wakas ng isang akda, mga elementong madalas ay kabaligtaran sa halip na salamin ng mga nangyayari sa tunay na buhay. {*Ang mga Pilipinong pelikula at telenovela noon hanggang ngayon ay kakikitaan ng matinding impluwensya ng Romantisismo, partikular ang palasak na tema ng pag-iibigan ng isang mayamang anak ng asendero at isang dukhang supling naman ng mga tagabukid, at ang madaling hulaang masayang wakas ng halos lahat ng pelikula, maliban marahil sa mga pelikula ni Lito Lapid kung saan madalas na namamatay ang bida. Ang mga kwentong pambata gaya ng "Cinderella," tanyag na pelikulang "Slum Dog Millionaire" at ang koridong "Ibong Adarna" ay pawang kakikitaan din ng mga elementong romantisista.*}

208. round character – tauhan na may masalimuot na personalidad; karaniwang detalyadong inilalarawan sa salaysay; kagaya ng mga tao sa tunay na buhay, nagagawa niyang sorpresahin ang mga mambabasa sa kanyang mga plano at gawain. {*Si Simoun ng "El Filibusterismo" ay maituturing na isang round character.*}

S

209. saga – mahahabang akdang tuluyang pasalaysay (*prose narratives*) mula sa Iceland at sa Scandinavia (Denmark, Norway, Sweden at Finland) na tungkol sa isang sikat na bayani, angkan/pamilya, o mga matatagumpay na pakikipaglaban ng mga hari at mandirigma (*warrior*).

210. sagisag-panulat ~ alyas ~ pen name ~ pseudonym – alternatibo o pamalit at kathang (*fictional*) pangalan na ginagamit ng may-akda upang ikubli ang kanyang tunay na pangalan sa layuning makapagdagdag ng prestihiyo o kasikatan bunsod ng pangkaraniwang hilig ng tao sa mga personaheng misteryoso, at mas madalas, upang makaligtas sa sensura, panganib, pagkakulong at pang-uusig na maaaring dulot ng inaakalang radikal na akda dahil sa mapanikil na patakaran ng pamahalaan. {*Ang mga propagandistang gaya nina Rizal at del Pilar at mga Katipunerong manunulat gaya nina*

Jacinto at Bonifacio ay gumamit ng mga sagisag-panulat. Noong ikulong ng gobyerno ni Elpidio Quirino ang premyadong makata at lider ng mga manggagawa na si Amado “Ka Amado” V. Hernandez dahil sa gawa-gawang kasong “rebellion complex,” kinailangan ni Ka Amado na gumamit ng sagisag-panulat upang mailathala pa rin ng ilang mga pahayagan at magasin ang kanyang mga kwento at tula sa kabila ng sensura. Isa sa mga ginamit niyang sagisag-panulat ang “Julio Abril.”}

211. saknong ~ estropa ~ stanza – pangkat ng mga taludtod (*line*) sa isang tula. {*Sa mga tulang may sukat at tugma sa Pilipinas, karaniwan na ang saknong na binubuo ng apat na taludtod.*}

212. salitang lipas ~ archaism – ang paggamit sa panitikan ng mga salita at pagpapahayag (*expression*) na hindi na gamitin o talagang hindi na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. {*Ang “Bibliang Tagalog” na inilabas ng Philippine Bible Society ay punumpuno ng mga salitang lipas mula sa sinaunang Tagalog. Ang paggamit ng “kata” – na nangangahulugang “tayong dalawa” – sa tulang “Sa Tabing Dagat” ni Ildefonso Santos ay isa ring halimbawa ng “salitang lipas.”}*}

213. sanaysay ~ essay – isang uri ng akdang tuluyan na binubuo ng tatlo o higit pang talata na pumapaksa sa isang partikular na makabuluhang kaisipan gaya ng demokrasya at katarungan, o kaya’y mga personal na karanasan ng isang tao na maaaring maghatid ng aral sa mga mambabasa. {*Isa sa pinakamaikli at pinakamahusay na sanaysay na naisulat sa Pilipinas ang “Ningning at ang Liwanag” ni Emilio Jacinto. Tinalakay ng sanaysay na ito ang pagkakaiba ng ningning/kislap ng salapi at ng liwanag/katwiran.*}

214. sarswela – isang uri ng melodramang musikal na namalasa/naging popular sa mga unang taon ng pananakop ng mga Amerikano, karaniwang paimbabaw na pumapaksa sa pag-iibigan ng magkasintahan ngunit sa aktwal ay hitik sa mga mensaheng sosyo-pulitikal, partikular ang pakikibaka ng mga mamamayan laban sa kolonyalismo; madalas na kinatatampukan ng mga pangalang simbolikal. {*Ang sarswelang “Napun, Ngeni at Bukas” o “Kahapon, Ngayon at Bukas” ni Aurelio Tolentino ay ipinagbawal ng mga Amerikano dahil sa pagpapalaganap ng nasyonalismo at indirektang pag-uudyok sa mga Pilipino na labanan ang mga bagong mananakop.*}

Gumamit ito ng mga pangalang simbolikal gaya ng “Inangbayan,” “Bagongsibol,” “Malaynatin” at “Asalhayop.”}

215. saynete – isang uri ng dula na pumapaksa sa kaugalian ng isang lahi.

216. sawikain ~ idyoma ~ idiom – salita o grupo ng mga salitang patalinhaga ang gamit; nagbibigay ng di tuwirang kahulugan ng salita o grupo ng mga salitang kasangkot o *involved*. *{Ang sawikaing “balitang-kutsero” ay nangangahulugang balitang “gawa-gawa” o “inimbento” lamang kaya’t walang katotohanan. Pansinin na iba ito sa literal na kahulugan ng pahayag na nangangahulugang “kwento/salaysay ng isang kutsero.”}*

217. senakulo ~ passion play – isang uri ng dulang panrelihiyon na pumapaksa sa buhay, pagpapakasakit, kamatayan at kung minsang’y hanggang sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo na karaniwang itinatanghal sa lansangan o sa teyatrong itinayo sa mga lansangan o harapan ng simbahan.

218. serye ~ series – tumutukoy sa magkasunod o magkakasunod na kwento, nobela atbp. ng isang may-akda na naglalayong ituloy ang salaysay o banghay (*plot*) ng unang kwento, nobela atbp. na nailimbag. *{Ang “Harry Potter” ni J.K. Rowling ay isang serye ng mga nobela tungkol sa buhay na pinagdaanan ng isang salamangkero o “wizard” na nag-aral sa paaralang pang-salamangkero na tinatawag na “Hogwarts.” Ang mga popular na Pilipinong komiks gaya ng “Darna” ni Mars Ravelo ay inilimbag din sa paraang paserye. Ang mga palabas sa telebisyon na hindi natatapos sa isang araw lamang ay maituturing din na serye, kung kaya’t ang mga “telenovela” ay tinatawag na rin ngayong “teleserye.”}*

219. sesura ~ caesura ~ hinto – sandaling paghinto, pagtigil o antala sa isang taludtod ng tula. *{Sa unang taludtod ng unang saknong sa tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez na naghahayag ng ganito: “Ako’y ipiniit ng linsil na puno,” ang sesura ay nasa pagitan ng salitang “ipiniit” at “ng.” Kapansin-pansin na ang dalawang bahagi na hinati/pinaghiwalay ng sesura ay may magkatulad na bilang ng pantig.}*

220. simpatya ~ sympathy – tumutukoy sa pakikiisang-damdamin ng mambabasa sa karakter ng kanyang binabasa.

221. Sining Popular ~ Pop Art – kilusan sa sining na nagsimula sa Gran Britanya at Amerika noong huling bahagi ng 1950 na na nagpasimuno at nagbigay-diin sa

pagtalakay sa mga akdang pampanitikan ng mga elemento ng pang-araw-araw na buhay, kulturang popular at *mass media*, popular culture, and the mass media sa layuning tuligsain ang mga kumbensyunal na sining at sa maraming pagkakataon, upang itaas din ang kamulatan ng mga mamamayan sa mga isyung panlipunan sa wika at antas na higit nilang nauunawaan. {*Ang mga aklat ni Rolando Tolentino na "Sa loob at labas ng mall kong sawi kaliluha'y siyang nangyayaring hari: ang pagkatuto at pagtatanghal ng kulturang popular" ay isang matagumpay na pagtatangkang pasibulin ang Pop Art sa Pilipinas.*}

222. sinopsis ~ synopsis – maikling sulatin na nagbibigay ng pahapyaw na pagsipat (*general view*) sa isang dula, nobela atbp.; karaniwan itong nagtataglay ng buod, mga pangunahing tauhan at pangkalahatang pagsusuri sa paksa o pagkakagawa ng akda, sa layuning hikayatin ang madla na basahin o panoorin ito, o kaya'y upang bigyang-kaalaman ang publiko ukol dito.

223. sipi ~ excerpt – ilang pahayag o talatang kinuha mula sa isang akdang pampanitikan sa layuning suriin at/o magbigay ng ideya sa mga di pa nakababasa nito kung ano nga ba ang mababasa rito. {*Maraming mga nobela ang nagtatampok ng sipi o "excerpt" mula sa mismong teksto, sa likurang pabalat o "back cover" nito bilang patikim o "preview" sa mga mambabasa. Minsan naman, ang "excerpt" na nasa pabalat ay kinuha sa pagpapakilala/panimula (introduction) ng isang sikat na manunulat.*}

224. soliranin – isang uri ng awiting-bayan na kinakanta habang nagsasagwan.

225. soneto ~ sonnet – isang uri ng tulang liriko na binubuo ng isang saknong na may labing-apat na taludtod; karaniwang pumapaksa sa isang damdamin o kaisipan. {*Sa antolohiyang "Isang Dipang Langit: Katipunan ng mga tula ni Amado V. Hernandez," matutunghayan ang salin sa Filipino ng Soneto CXXI ni William Shakespeare at Soneto 29 ni George Santayana. Matatagpuan din sa nasabing antolohiya ang limang sariling likhang soneto ni Hernandez: "Metamorphosis," "Kalansay," "Tining," "Bubong," at "Mga Taga-Langit."*}

226. strophe – ginagamit na kasingkahulugan ng "saknong," partikular kapag tinutukoy ang saknong ng oda (*ode*); tawag din sa isang yunit o "bersong talata" sa mga tulang malayang taludturan (*free verse*); sa konteksto ng mga sinaunang dulang Griyego, ang unang bahagi ng oda na madulang binibigkas (*chanted*) ng koro (*chorus*) [tingnan ang

bilang 114] habang sila'y tumutungo mula sa kanan tungong kaliwa ng entablado (*stage*).

227. Sureyalismo ~ Surrealism – isang dulong sa pagsulat ng panitikan na nakatuon sa mga panaginip at sa *unconscious* (sa sikolohiya, ang antas ng kaisipan na nakapailalim sa *conscious* o kamalayan: ang “tago” o “di lantad” na kamalayan), partikular ang mga irasyunal (*irrational*) na dimensyon ng mga karanasan ng tao; pangunahing paraan ng mga Surealista ang tinatawag na “awtomatikong pagsulat,” kung saan tinatangka ng manunulat na magsulat habang nasa kalagayan ng kawalan ng kamalayang rasyunal (*rational thought*) upang malaya at kusang sumulpot ang mga pagpapahayag mula sa tagong kamalayan (*unconscious*).

228. syuzhet ~ suzhet <Rso.> – ang masining na paglalahad ng mga pangyayari sa isang salaysay na karaniwang ibinatay o nagmula sa fabula. {*Ang mga maikling kwento, nobela at iba pang. masining na salaysay ay pawang mga halimbawa ng syuzhet.*}

I

229. talaarawan ~ journal ~ diary ~ dyornal – pagsasalaysay ng pang-araw-araw na mga pangyayari sa buhay na isinulat para lamang sa pribadong pagbabasa at nang wala o walang gaanong pagsasaalang-alang ng pagpapalimbag nito.

230. talambuhay ~ biography – isang uri ng akdang tuluyan na nagsasalaysay sa pinagdaanang buhay ng isang tanyag na tao sa isang partikular na larangan.

231. taliba ~ avant-garde – mga manunulat, akdang pampanitikan o likhang-sining (*artwork*) na kakikitaan ng paglagpas (*going beyond*) sa mga tinatanggap na pamantayan (*accepted standards*) sa larangan ng kultura, samakatwid baga'y ekperimental, di pa nasusubukan, ultramoderno o napakamoderno at lubhang “abante” o sulong sa paksa (*theme*) at anyo o porma kung ihahambing sa mga umiiral na pangkaraniwang manunulat at katha; ang tatak o pangunahing bunga ng kilusang Modernismo at Post-Modernismo sa sining at kultura, na malao'y naging makiling (*inclined*) sa kilusang “sining para sa sining lamang” o “art for art's sake” na nagbibigay diin sa estetika o kasiningan ng porma nang walang pagsasaalang-alang (*regardless*) sa gampanin ng sining sa pagbabagong panlipunan. [tingnan ang bilang 140, 199 at 68].

- 232. talindaw** – isang uri ng awiting-bayan na inaawit habang namamangka.
- 233. talumpati ~ speech** – isang uri ng akdang tuluyan na masining na nagpapahayag sa madla tungkol sa isang makabuluhang paksa, at naglalayong manghikayat, magbigay ng impormasyon, magpakilos, maglahad ng kuru-kuro, magpahayag ng pagtutol sa isang panukala, magpaliwanag o manlibang. *{Bagamat itinuturing na isang sanaysay sapagkat nailathala sa “Kalayaan,” ang opisyal na pahayagan ng Katipunan, ang akdang “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog” ni Andres Bonifacio ay isang magandang halimbawa ng piyesa na maaaring bigkasin bilang talumpati.}*
- 234. tagpo ~ eksena ~ scene** – tawag sa pagkakahati ng isang yugto sa dula.
- 235. taguri ~ bansag ~ epithet** – tumutukoy sa isang pang-uri o pariralang ginagamit upang ilarawan o katawanin ang isang tao o bagay sa salaysay.
- 236. taludtod ~ linya ~ line** – tawag sa yunit ng pagkakahati-hati ng bawat saknong (*stanza*) sa tula. *{Ang pangkaraniwang tradisyunal na tulang Filipino ay may apat na taludtod sa bawat saknong.}*
- 237. tanaga** – isang uri ng tulang hango sa panitikang Hapon na binubuo ng apat na saknong na may tigilimang pantig.
- 238. tanong-retorikal ~ rhetorical question** – tayutay [tingnan ang bilang 240] na patanong; itinatanong lamang sa layuning makapanghikayat pabor sa isang prinsipyo, paninindigan at ideolohiya nang walang inaasahang sagot. *{Isang tanong retorikal ang naging popular sa Panahon ng Aktibismo sa Pilipinas noong dekada 70 dahil sa pagkakalathala nito sa Philippine Collegian, ang opisyal na pahayagang pang-estudyante ng Unibersidad ng Pilipinas: “Kung hindi tayo kikilos, sino pang kikilos? Kung hindi ngayon, kailan pa? Kung hindi rito, saan?”}*
- 239. tauhang koro ~ choral character** – tumutukoy sa tauhan na nasa salaysay ngunit hindi tahas na nakikisangkot sa kwento at sa halip ay naghahayag ng mga kuru-kurong nagbibigay sa mga manonood ng kakaibang pagtanaw (*perspective*) sa mga tauhan at pangyayari sa salaysay. *{Sa pelikulang “Evita” na nagsasalaysay sa buhay ni Eva Duarte Peron, pamosong unang ginang ni Heneral Juan Peron ng Argentina, ang karakter ni Che na ginampanan ni Antonio Banderras ay maituturing na isang choral character. Sa Kabanata 37 ng “El Filibusterismo” ay matatagpuan ang mga miyembro ng pamilya Orenda na pawang mga choral character.}*

240. tayutay ~ figure of speech ~ figurative language – paraan ng pagpapahayag na karaniwang makikita sa mga akdang pampanitikan, na gumagamit ng malikhaing wika na hindi literal ang pagpapakahulugan sa layuning malalimang pag-isipin ang mambabasa upang maintindihan niya ang nais sabihin ng may-akda. {*Ang pagtutulad o “simile” at kabalintunaan o “irony” ay ilan lamang sa mga uri ng tayutay.*}

241. teoryang pampanitikan ~ dulong pampanitikan ~ literary theory – anumang teorya o dulong (*approach*) na maaaring gamitin sa pagsulat, pagsipat o pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, na karaniwang nakabatay sa mga masaklaw (*comprehensive*) na teorya sa sining, pilosopiya, pulitika at iba pang mga kaugnay na larangan (*field*). {*Ang Naturalismo, Post-Modernismo, Post-Kololonyalismo, Istrukturalismo at Marxismo ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga teoryang pampanitikan.*}

242. Teyatro ng Absurdo ~ Theater of the Absurd – kilusang *avant-garde* (napakamoderno; una-sa-panahon; abante) sa drama na nagsimula sa Europa noong dekada 50 at nakarating din sa Pilipinas, na nagbibigay-diin sa paniniwalang walang kabuluhan o absurdo ang buhay; bilang dulong sa pagsulat ng panitikan, nakatuon ito sa kawalan ng lohika at komunikasyong rasyunal at pinapaksa ang mga pangyayaring absurdo, mapagmalabis, minsang katawa-tawa, lubhang di kapani-paniwala at walang wawa sa unang sipat ngunit madalas ay pailalim ding naglalarawan ng mga aktwal na karanasan ng tao sa daigdig na puno ng mga bagay at pangyayaring absurdo. {*Ang dulang “Ang Paglilitis ni Mang Serapio” ay isang halimbawa ng likhang impluwensyado ng “teyatros ng absurdo.”*}

243. thriller – akdang pampanitikan, pelikula o kaya’y palabas sa telebisyon na kakikitaan ng mabilis na daloy ng mga pangyayari (*fast pacing*), madalas na bakbakan/aksyon, at mga mapamaraang (*resourceful*) mga protagonista na may layuning biguin ang mga plano ng mga mas makapangyarihan at mga mas may kakayahang kontrabida. {*Ang mga popular na kontemporaryong nobelang “The Da Vinci Code” at “Angels & Demons” ni Dan Brown ay kapwa halimbawa ng mga akdang “thriller.”*}

244. tibag – isang uri ng dulang panrelihiyon na nagsasalaysay sa paghahanap ni Emperatris (Santa) Elena, ang ina ni Emperador Constantino ng Imperyong Romano,

sa krus na pinagpakuan sa Panginoong Hesukristo. *{Tinatawag itong “tibag” sapagkat ayon sa salaysay, bago nakuha ang krus ni Kristo ay tatlong bundok ang tinibag o winasak.}*

245. trahedya ~ tragedy – isang uri ng dula na malungkot, puno ng dalamhati at maaaring nakaiiyak ang kabuuang himig o paksa; nagsasalaysay ng kaawa-awa, kalunos-lunos at batbat-ng-suliraning buhay ng pangunahing tauhan na karaniwa’y nasasawi sa katapusan. *{Ang “Moses, Moses” ni Rogelio R. Sicat ay isang halimbawa ng trahedya.}*

246. trilohiya ~ trilogy – isang set ng tatlong akdang pampanitikan na magkakaugnay ang paksa at kadalasang may iisang set din ng mga tauhan. *{Sa kasaysayan ng Pilipinas ay mayroong tinatawag na “tulang trilohiya.” Isinulat ni Hermenegildo Flores ang tulang “Hibik ng Pilipinas sa Inang Espanya” upang ilantad ang mga kahilingan at hinaing ng mga Pilipino na patungkol sa Espanya. Sinagot ito ng tulang “Sagot ng Espanya sa Hibik ng Pilipinas” kung saan binigyang-diin ni Marcelo H. del Pilar ang kawalang-kapangyarihan o “powerlessness” ng mga pinunong Kastila dahil sa mga prayle. Tinapos ni Andres Bonifacio ang trilohiya sa pamamagitan ng tahas o direktang pananawagan ng pag-aalsa laban sa mga Kastila.}*

247. tugma ~ rhyme – tumutukoy sa pagkakahawig ng huling tunog ng mga taludtod sa saknong ng tula. *{May mga tulang iisa lamang ang huling tunog ng lahat ng taludtod sa isang saknong, at mayroon din namang salitan ang tugma sa isang saknong. Narito ang halimbawa ng saknong mula sa “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Andres Bonifacio na may iisang tunog ang lahat ng taludtod sa isang saknong: “Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya/sa pagkadalisay at pagkadakila/gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?/aling pag-ibig pa, wala na nga, wala.” Sa wikang Filipino, may ilang mga katinig gaya ng tunog ng “t” at “k” ang itinuturing din na magkatugma.}*

248. tugmang pambata ~ mother goose rhyme – mga tugmang tila tula ang kayarian; pumapaksa sa mga payak na bagay na maaaring may kabuluhan o wala at naglalayong mapalawak ang talasalitaan at malinang ang kakayahang bumigkas ng mga salita ng mga batang nagsisimula pa lamang matuto sa wika. *{Sa aklat na “Panitikang Pambata: Kasaysayan at Halimbawa” ni Rivera, matatagpuan ang marami-raming halimbawa ng tugmang pambata.}*

249. tula ~ poem – masining na paghahabi ng mga salita na maaaring mayroon o walang sukat at tugma ngunit laging nagtataglay ng indayog, ritmo o aliw-iw.

250. tulang akrostik ~ acrostic poem – isang tula kung saan ang mga unang titik, pantig o salita ng bawat taludtod, kapag pinagsama-sama ay makabubuo ng isang salita, parirala, pangungusap o mensahe. *{Ang sumusunod na saknong ay isang halimbawa ng tulang akrostik na ang mga unang titik ng bawat taludtod kapag pinagsasama-sama ay makabubuo ng salitang “BAYAN”:* **B**abangon sa takdang panahon/**A**ahon nang may hinahon/**Y**ayanigin ang daigdig, **A**witin niya’y maririnig/**N**gayon na nga ba ang panahon? *Samantala, ang mga akrostik ay maaari ring gamitin, di lamang sa tula, kundi maging sa pangkaraniwang usapan o sa anyong tuluyan. Halimbawa, ang mga sinaunang Kristyano sa Imperyo Romano (“Roman Empire”) na biktima ng pang-uusig o persekusyon sa mga unang daantaon ng Kristyanismo ay lumikha ng akrostik sa wikang Griyego (ang lingua franca ng Imperyo Romano noon) na ganito ang baybay: **I**esous **C**Hristos, **T**Heou, **Y**ios, **S**oter. Kapag isina-Filipino, ito’y nangangahulugang HESUKRISTO, ANAK NG DIYOS, TAGAPAGLIGTAS. Ang nabuong salita ng akrostik ay walang iba kundi ang salitang **ICHTHYS** (Griyego para sa “isda”), kaya naman madalas na ginagamit noon hanggang ngayon ang isda bilang simbolo ni Kristo at ng Kristyanismo.*

251. tulang dagli ~ tulang text ~ flash poem ~ flash poetry ~ text poem – tawag sa maiikling tula na karaniwang binubuo ng isa o dalawa lamang pangungusap, at sapat lamang ang bilang ng mga titik at pantig para makabuo ng isang mensaheng “text” na may pangkaraniwang haba. *{Narito ang sariling likhang tulang dagli ng mananaliksik na pinamagatang “DILIM”:* magmatyag./dumaratal na ang dilim,/ubos na ang sulo,/basa ang posporo,/wala nang kandila,/patay na ang siga,/mahaba ang gabi...}

252. tulang dula ~ tulang dramatiko ~ dramatic poem – isang uri ng tula na itinatanghal na gaya ng isang dula sa entablado o sa iba pang lugar na pampubliko. *{Ang “tibag,” “panunuluyan,” at komedya ay mga halimbawa ng tulang dula.}*

253. tulang liriko ~ tulang pandamdamin ~ lyric poem – tulang pumapaksa sa iba’t ibang damdamin na karaniwang binibigkas sa saliw ng lira (*lyre*) noong unang panahon.

254. tulang pasalaysay ~ narrative poem – tulang nagsasalaysay ng mga pangyayari na maaaring hango sa tunay na buhay o kaya’y kathang-isip lamang. {*Ang epiko ay isang halimbawa ng tulang pasalaysay.*}

255. tulang patnigan ~ poetic joust – tumutukoy sa isang laro ng patulang pagtatalo na karaniwang ginagawa tuwing may okasyong kailangan ng pagpupuyat o pagpapalipas ng magdamag gaya ng lamay sa patay. {*Ang duplo at karagatan ay mga halimbawa ng tulang patnigan.*}

256. tulang plakard ~ panulaang protesta ~ placard poem ~ placard poetry ~ protest poetry – uri ng tulang palabán at radikal ang mensahe; karaniwang gumagamit ng mga islogan na isinisigaw ng mga raliyista sa lansangan bilang lunsaran (*springboard*) sa masining at mabalasik na paglalantad ng mga malalang suliraning panlipunan na hindi na halos nagiging paksa ng mga tradisyunal na tula, gaya ng kahirapan, katiwalian (*corruption*), rebolusyon, pag-aaklas (*uprising*) atbp.

257. tulang romansa ~ metrical romance – isang uri ng mahabang tulang pasalaysay na pumapaksa sa mga karaniwang temang Romantisista gaya ng pag-iibigan ng dalawang magkasintahan. {*Ang mga korido at awit ay tinatawag ding mga tulang romansa.*}

258. tulang tuluyan ~ tulang prosa ~ prose poem – akdang tila anyong tuluyan ang kayarian o istruktura ngunit gumagamit ng mga imaheng pantula. {*Ang tulang “Comunicaciones Desmentidas” o “Falsified Documents” ni Pablo Neruda ay isang halimbawa ng tulang tuluyan. Samantala, ang “Wala Nang Lunas” ni Amado V. Hernandez ay isang premyadong tuluyang-tula.*}

259. tuluyan ~ prosa ~ prose – tumutukoy sa isa sa pangunahing sangay (*branch*) ng panitikan na sumasaklaw sa pagkatha ng mga akdang binubuo ng mga kataga, pahayag, pangungusap at talata na isinulat sa paraang tuluyan o alinsunod sa mga tuntunin at istruktura ng pangkaraniwang usapan.

260. tunggalian ~ conflict – ang pag-iral ng tensyon sa salaysay kung saan ang protagonista ay maaaring tumutunggali sa isa pang tauhan, sa isang sistema ng paniniwala o ideolohiya, sa mga makapangyarihang nilalang, sa mga pwersa ng kalikasan (pawang mga tunggaliang panlabas) o kaya’y sa kanyang sarili, bunsod ng mga magkakasalungat na *loyalty* o kaya’y hangarin niya (tunggaliang panloob). {*Sa*

nobelang “Mga Ibong Mandaragit,” ang pangunahing tunggalian ay sa pagitan ng mga tauhang radikal/pabor gaya ng mayamang peryodista na si Mando Plaridel (si Andong) at ng edukador na si Dr. Sabio sa isang panig, at ng mga tauhang konserbatibo/pabor sa “status quo” gaya ng tiwaling opisyal na si Senador Botin at utak-pulburang militar na si Kapitan Bayoneta sa isa pang panig.}

U

261. utopia ~ utopya – sa orihinal na Griyego, nangangahulugang isang perpektong lugar na likhang-isip lamang; hinahangad na perpektong lipunan na inilarawan ng iba’t ibang manunulat sa iba’t ibang mga akda upang magbigay-aral sa sangkatauhan ukol sa mga positibong katangian, prinsipyo sa pamumuhay at pag-uugali na dapat pagsikhayang makamit sa ikabubuti ng nakararami. {Unang ginamit ang terminong ito sa aklat na “Utopia” ni Thomas More, kung saan inilarawan niya ang isang perpektong sistema ng isang perpektong lipunan. Ang iba pang halimbawa ng panitikang naglalarawan ng utopya ay ang “New Atlantis” ni Francis Bacon at “The Republic” ni Plato. Samantala, sa ikalawang kabanata ng “El Filibusterismo” ay makikita ang tulang ito ni Isagani na itinuring na ayon kay Simoun ay “utopia” lamang: “Tubig kami, ang sabi ninyo, at apoy naman kayo/Ganoon na nga, kung iyon ang gusto ninyo!/Mabubuhay kami nang tahimik/at hindi sana kami mapaharap sa apoy!/Sa halip, magsanib para sa matalinong syensya/Sa mga kaldera, sa sinapupunan nag-aalab/walang galit, walang hinanakit/bubuuin natin ang hangin, ang ikalimang elemento/Progreso, buhay, liwanag at galaw!” Isang utopia ito ayon kay Simoun sapagkat hindi siya naniniwala na maaaring magtulungan ang mga Pilipino (tubig) at ang mga Kastila (apoy) upang makamit ang progreso (ang hangin). Sinipi ang tula sa salin ng “El Filibusterismo” ni Maria Stella Sibal Valdez. Wala ito sa ibang salin.}

V

262. verisimilitude – tumutukoy sa pagiging kapani-paniwala o pagkamakatotohanan ng isang akdang pampanitikan.

Y

263. yugto ~ act – tawag sa pangkalahatang pagkakahati (*division*) ng isang dula. {*Ang isang pangkaraniwang dula ay binubuo ng tatlong yugto, bagamat sa mga patimpalak sa pagsulat ng dula, pinakakaraniwan naman ang dulang may isang yugto lamang.*}

APENDIKS B

Talaan ng Mga Reaktor (Guro at Esperto)

Mga Gurong Reaktor (mula sa Colegio San Agustin-Makati):

1. G. Marvin Abejuela
2. Bb. Rubie Dasmariñas
3. G. Jonathan Geronimo
4. Bb. Shiela Gito
5. G. Miguel Aaron Navela
6. Gng. Myrna Rabina
7. Gng. Eden Suplente

Mga Esperto sa Panitikan (mula sa Bulacan State University):

1. Dr. Renato Godoy
2. Dr. Teody San Andres

APENDIKS C

Talatanungan Para sa Mga Reaktor

Philippine Normal University
Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika at Literatura
Taft Avenue, Maynila

Ang sasagot ng talatanungan/“questionnaire” ay hinihikayat na sagutin ang mga detalye sa “profile.” Anumang impormasyon na ibahagi ng respondent sa “profile” ay mananatiling pribado at gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik. Maraming salamat po!

Pangalan: _____
Katungkulan: _____
Paaralan: _____
Email address: _____
Cellphone No.: _____

Panuto: Pagkatapos basahin ang buong glosaryo, pakisagutan po ito. Batay sa mga kraytiryang inilahad, lagyan ng ekis (X) ang kahon na katapat ng iyong sagot.

3 – Napakahusay 2 – Mahusay 1 – Hindi Mahusay

KABUUANG PAGTATAYA SA GLOSARYO

Kraytirya	3	2	1
1. Natumbasan nang wasto sa Filipino ang mga salitang lahok sa Ingles			
2. Malinaw ang pagkakalahad ng bawat depinisyon/kahulugan ng salitang lahok			
3. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan			
4. Nakatulong ang mga karagdagang paliwanag at halimbawa sa pagbibigay-linaw sa salitang lahok			
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik ng panitikan			

